GRAD
848
D88am
N3
tC45
v.2
BUHR

B 1,379,502




CHANCO

AMAURY

THE UNIVERSITY OF MICHIGAN • LIBRARIES •

7 II. 45

# AMAURY

o

## PUMAPATAY AT BUMUBUHAY

## HANDOG

Sa aking mĝa itinatangĝing kasama sa "Aklatang Bayan", na sina Engracio L. Valmonte at Antonio D. Paguia.

ANG HUMALAW

# AMAURY

o

## PUMAPATAY AT BUMUBUHAY

halaw ni

**GERARDO CHANCO**
(Naging Manunulat sa "Ang Mithi" at Pangalawang Pangulo ng "Aklatang Bayan")

**SA NOBELANG "AMAURY" NI ALEJANDRO DUMAS**

---

## IKALAWANG BAHAGI

---

PALIMBAGAN NI P. SAYO BALO NI SORIANO
BAHAY — MAYNILA —

TEL. 3099

**UNANG PAGKALIMBAG**
**6,000 sipi**

---

Septiembre ng 1919
TUNDO, MAYNILA, S. P.

# MGA AKLAT NI GERARDO CHANCO




¡DUWAG!—Nobela (ubos na) 0.30

BAHAGHARI — Babasahing Bayan 0.40

KALIHIM NG PUSO—Sanggunian ng̃ mg̃a Bagungtao at Dalaga; (ubos na) 0.50

SA GITNA NG LUSAK—Ikalawang Pagkalimbag (Dalawang Hati) 0.90

DAHIL SA PAGIBIG—(Dalawang Hati) 1.20

HULING ARAW NG ISANG BIBITAYIN—Halaw sa Isang Aklat ni Victor Hugo 0.66

ANG LALONG DAKILANG SANDALI—(Kalakip ng̃ "Huling Araw ng̃ Isang Bibitayin") 0.60

LANGIT NA MAULAP—(Unang Bahagi) 0.00

MAHIGIT SA GINTO—(Malapit nang maubos) 0.60

"HALINA SA PARIS"—Kasaysayan ng̃ Isang Artista 0.60

ANG BUHAY AY PAGIBIG—Halaw sa "Vivir es Amar". Katulong sa pagkasalin sa tagalog si Leonardo A. Dianzon sa "Ag̃ Mithi"; (Dalawang Bahagi) 1.20

SA HARAP NG KAMATAYAN—(Kailang̃ang mabasa ng̃ mg̃a babaing pilipina) 0.60

SA LUPA'T SA LANGIT — Hang̃o sa "Aida" (ubos na) .400

* * *

PAUNAWA:—Ang mg̃a aklat na ito, matang̃i yaong mg̃a ubos na, ay ipinagbibili sa lahat ng̃ libreria sa Maynila. Sa pakyawan o ting̃i ay maaaring makipagalam kay G. Chanco, sa 158 Juan Luna, Binundok, P. O. Box 458, Tel. 934 at 466, Maynila.

# AMAURY

## XIV

(MGA LIHAM NI AMAURY KAY ANTONIA)

NAPIPITA ninyo sa akin na balitaan ko lamang kayo nğ tungkol sa lalong kaliitliitang bagay na nauukol sa pagpapalakas ni Magdalena, at ang kadahilanan nğ nais ninyong ito'y napagtatalastas ko na kung ano: sapagka't hindi nakasasapat sa inyo na mabatid lamang na si Magdalena ay mabutibuti na kundi nais pa rin ninyong malaman kung paano ang nangyayari at siya'y lumalakas...

Isang linggo na kayong nakaaalis ay naitatanong ko pa sa aking sarili, sa gabigabi, ang ganito: "¿Mabubuhay kaya ako o mamamatay?" Naitatanong ko ang ganito sapagka't nang mğa araw na kalilipas pa lamang ay nasa panğanib pa ang buhay ni Magdalena. Datapwa't nğayon, itinatanği kong Antonia, ay maaari ko nang sabihin na: "Ako'y mabubuhay", sapagka't may pagasa na akong siya'y mabubuhay.

Paniwalaan ninyo, butihing Antonia, itong ipagtatapat ko. Ang pagibig ko kay Magdalena ay hindi isang pagibig na pangkaraniwan at lalo nang hindi maaaring tanğayin nğ hanğin o maunsiyami nğ panahon. Ang pakikipagisang puso ko sa kanya'y hindi udyok nğ pakikibagay lamang at lalo nang hindi nğ tinatawag na pakikiugali sa gawi o hilig nğ tao. Ang pakikipagbigkis sa kanya nğ aking palad ay atas nğ isang damdaming ka-

tag̃nitang̃i; kaya't sa pakiramdam ko, kung siya'y mamámatáy ay mamámatáy na rin naman ako.

¡Salamat sa Dios at dahil sa Kanyang kabutihan ay hindi pa binawian ng̃ buhay si Magdalena!

Kamakalawa lamang tahasang naipahayag ni Dr. Abrigny ang kanyang pagasa na si Magdalena ay ligtas na sa pang̃anib; ng̃uni't gayon pa ma'y hining̃an pa rin niya ako ng̃ isang bagay na hindi ko inakalang maririnig sa kanyang mg̃a labi. Ipinakiusap sa akin na ako'y lumayo muna kay Magdalena kahi't sa loob lamang ng̃ isang maiksing panahon.

Sa mg̃a unang sandaling marinig ko ang ganitong kahiling̃an ni Dr. Abrigny, ay isinaloob kong di sasalang may pang̃anib pa ring nakaliligid kay Magdalena, na mangyayaring magmula sa kanyang karamdaman. Ako'y sinalagimsiman ng̃ pang̃amba at pagaagamagam.

Sa pakiwari ko baga'y wala nang sapat na lakas na nalalabi kay Magdalena upang ipakiharap o ipakipaglaban sa anumang masidhing damdaming maghahari sa kanyang puso, sapagka't nahalata kong ang munting tuwa o panimdim ay nakapagpapatahip ng̃ gayon na lamang sa kanyang dibdib at umaagaw ng̃ kanyang katahimikan. Nang malaman ni Magdalena na magbabakasyon kami sa Italia at sa Nisa kami magkikitakita, ay kinahalataan ko siya ng̃ malaking pagsasakit upang matuloy na agad ang aming paglalakbay, at lalunglalo na nang kanyang mahiwatigan at tahasang nabatid pagkatapos, na ang kanyang pinsang si Antonia, kayo ng̃a, ay hindi namin makakasama sa pagbabakasyon. At magbuhat kahapon ay siya na lamang nagiging batis ng̃ kanyang katuwaan ang panukala ni Dr. Abrigny na paglalakbay at paninirahan sa Nisa.

Inaakala kong ang sanhi ng̃ kanyang malabis na katuwaan ay ang pag asa na ako'y kanilang makakasama at magkakasabay sa pagtung̃o sa Italia. Malingmali ang kanyang pagasa: kundang̃a'y hindi niya alam na ako'y kinausap ni Dr. Abrigny at lihim na napagkayarian na-

min na ako'y mauuna ng isang linggo sa kanilang paglakad sapagka't si Magdalena ay hindi pa mangyayaring makapaglakbay-bayan dahil sa kahinaan ng katawan. Ipinatalastas pa ring mabuti sa akin ni Dr. Abrigny na kung kaya kailangan ang ako'y magpauna ay sapagka't nararapat na ako'y makarating sa lalong madaling panahon sa Italia upang makaganap sa tungkuling ipinagkatiwala sa akin ng pamahalaang pranses.

Hindi ko pa malaman kung ano ang gagawin ni Dr. Abrigny upang hindi ikalungkot ni Magdalena ang aking pagalis na una sa kanila, subali't ipinangako ng Doktor na siya na ang bahalang magaayos ng mga bagaybagay, yamang siya'y may isa nang panukalang ukol dito'y matagal nang binalangkas sa isip.

Ngayon ang kaunaunahang araw na si Magdalena ay nakabangon sa kanyang hihigan. Siya'y inilipat ni Dr. Abrigny sa isang silyon na sadyang inihanda sa tabi ng durungawan. Subali't napakahina pa rin ni Magdadalena Kung hindi siya naalalayang mabuti ni aling Braun ay walang pagsalang nawalan na namán ng malaytao. Salamat na lamang at sa bisa ng isang botelyang gamot na naipaamoy agad sa kanya ni aling Braun ay hindi nagtuloy ang kanyang panglulupaypay at pagkawala ng hininga.

Nang ako'y payagang makapasok sa kuwarto ng maysakit ay maayos nang nakaupo si Magdalena sa tabi ng bintana. ¡Oh, Dios! Noon ko pa lamang napagtayang mabuti kung gaanong kapinsalaan ang ginawa ng karamdaman sa katawan ng aking giliw... ¡Kaawaawang Magdalena!...

Datapwa't gayon ma'y maganda rin siya, sa aking tingin; lalo siyang mapanghalina sa dati, sapagka't sa kanyang ayos at bihis—na nakasuot ng isang mahabang bata na nakabutones hanggang liig,—ay nakakahalintulad siya ng mga naggagandahang anghel na inilalarawan ng mga pintor na may kahangahangang pinsel...

¡At anong pagkalugod ang sa pakiramdam ko'y nagha-

hari sa kanyang kaluluwa sa mga sandaling siya'y nakaupo sa tabi ng bintana! Masasabi tuloy ng isang makamamalas sa kanya, dahil sa gayon niyang anyo, na ang langit ay noon lamang niya nakita, at noon din lamang niya nasanghap ang sariwa at dalisay na hangin at yaon pa lamang ang kaunaunahang pagkasamyo niya ng bango ng mga bulaklak. Para kong nasisinag sa kanyang balat na manipis at walang kasingputi ang panunumbalik sa buong katawan niya ng buhay na nagtangkang tumakas.

Ang ganitong katangitanging galak na namamalas kong naghahari sa puso ni Magdalena ay ipinaninimdim kong baka makasama naman tuloy sa kanya.. Nahahalata kong si Dr. Abrigny, ay gaya ko ring nagaalalang makapinsala sa kanyang anak ang di pangkaraniwang katuwaang nakapupuno sa buong kaluluwa ng buhay ng kanyang buhay, sapagka't maya't maya'y sinasalat niya ang pulso ni Magdalena, bagama't ayaw ipahalata rito at nagdadahilang pinipisilpisil lamang sa kamay.

Kaninang magtatakipsilim, nang hindi na umaabot ang mga sinag ng araw sa loob ng hardin, ay ipinakiusap ni Dr. Abrigny sa maysakit na ito'y mahiga na; sumunod naman si Magdalena bagama't tumanggi pa rin ng kaunti sa dahilang wilingwili siya ng pagmamasid sa mga bagay na naaabot ng kanyang paningin.

Si Dr. Abrigny na ang naghatid kay Magdalena sa bihigan. Sa masayang mukha ng amá ay nababasa ang isang pananalig na sadyang mabuti ngayong lalo ang kalagayan ni Magdalena kaysa kahapon.

Hindi na kinailangang siya'y paamuyin pa ng gamot na makapagsasauli ng maayos na paghinga, at ang ganito'y nagpapakilala na ang sariwang hangin at ang malinis na liwanag ng araw ay nakatutulong ng malaki sa ikapanunumbalik ng lakas na nagtatanan.

Nang inihiga na si Magdalena sa kanyang silid ay tumugtog ako ng isang *melodia* ni Schubert sa pianong nasa salon. Nang ako'y matatapos na lamang sa pag-

tugtog, ay nilapitan ako ni aling Braun at sa ngalan ni Magdalena'y ipinakiusap sa akin na itulóy ko anpagtugtog at saka ulitin ko pa sakaling matapos.

Yaon ang kaunaunahang pagkarinig ng musika ni Magdalena magbuhat nang mangyari ang kanyang pagkawalang malaytao noong gabing magdaos ng maningning na sayawan sa kanilang palasio. Malugod na pinagbigyan ko ang kahilingan ni Magdalena. Datapwa't pagkatapos, nang ako'y pumasok sa silid ng maydamdam, ay dinatnan kong natutubigan at waring naglalakbay ang kanyang pagiisip sa papawirin ng pagbubulaybulay.

"—¡Oh, hindi mo kaipala mapagkuro, Amaury—ang kapagkuwa'y sinabi nang ako'y mamataan—kung gaano kalupit ng mga panimdim ang naghahalihaliling nagdaraan sa aking palad sa gitna nitong kalagayan kong sa pakiwari ko ba'y ikinababalisang gayon na lamang ng lahat. May palagay akong hindi lamang ang mga pangdamdam ng katawan ng tao ang nagkaroon ng ibayong kapangyarihan sa akin kundi pati na ng pangdamdam ng kaluluwa, kung tumpak sabihin ang ganito, ay nararagdagan na rin sa dati... Ngayon lamang at sa bisa ng tugtuging katatapos na iparinig mo, bagama't ito'y di miminsang narinig ko na, sa aking pakiramdam ay mga tinig na hindi pa bumabati sa akin pangulinig kailan man. Ganito rin ang nangyayari sa akin tungkol sa mga bulaklak: sa pakiwari ko ba'y mga bagong bango ang nasasamyo ko sa kanilang mga talulot at katangitanging halimuyak ang kanilang ipinamumudmod. May palagay pa rin na kung sakali't ako'y lubusan nang gumaling at manumbalik ang dating lakas ng aking katawan ay hindi ko na madadama ang mga pangdamdam na itong isinasaysay ko sa iyo, Amaury..."

Sa harap ng ganitong hawig at ayos ng pagsasalita ni Magdalena ay iginawi ko ang aking tingin sa mukha ni Dr. Abrigny upang matanto ko kung ano ang sumasaloob niya sa gayong tila pagkahibang ng maysakit, ayon sa aking pakiramdam. Subali't siya'y hindi kumibo,

2

hindi umimik: walang ginawa kundi ang ako'y pagpakitaan ng̃ isang kilos na nang̃ang̃ahulugang hindi ako dapat mabalisa, at makasandali'y lumabas sa silid at iniwan kaming dalawa ng̃ kanyang anak.

Mapamayamaya'y nilapitan ako ni Magdalena at pabulong na nagwika:

"—Amaury, ¿ibig mo bang tugtugin para sa akin yaong bals ni Weber na isinayaw nating dalawa noong gabi?..."

Sinalagimsiman ako ng̃ pang̃amba sa harap ng̃ ganitong kahiling̃an ng̃ aking irog, dahil sa pagaalalang baka kung marinig niyang muli ang tugtuging yaon na muntik nang umutang ng̃ kanyang buhay ay manumbalik sa dati ang bigat ng̃ kanyang karamdaman; kaya't ako'y nagdahilan: sinabi kong hindi ko nasasaulo ang tugtuging kanyang napipita.

"—Bayaan mo na kung gayon—ang kanyang isinagot.—Bukas mo na ipahanap at nang iyong matugtog. ¿Di ba bukas ng̃a'y iparirinig mo na sa akin, Amaury, ang magandang bals ni Weber?"

Nakásagot ako ng̃ oo nang wa'a sa aking loob.

Sa sarili'y naitanong ko: ¿May matwid kaya ang kanyang ama sa pagsasabing ang lalong kinahihimaling̃an ni Magdalena ay yaong mg̃a bagay na unaunang makapagdudulot sa kanya ng̃ kapinsalaan at ikabibinat niya sa kanyang sakit?

Nang ako'y magpaalam na kagabi ay ipinaalala sa akin ang pang̃ako kong kinabukasan ay iparirinig ko sa kanya ang bals ni Weber na totoong ginagigiliwan niya sa piling ng̃ lalong malalambing at maririkit na tugtugin.

Maluwalhating nakaraan kay Magdalena ang buong magdamag. Nakatulog siya ng̃ mahimbing. Si Dr. Abrigny, magbuhat nang tumugtog ang ikasampung oras ng̃ gabi hanggang sa kinaumagahan, ay makaitlong nasok sa kuwarto ng̃ maysakit, upang alamin ang kalagayan ng̃ kanyang anak. Sa tuwituwi na'y dinaratnan niyang mahimbing...

Alinsunod sa sabi ni aling Braun na siyang nagbabantay kay Magdalena, ay makalawa lamang nagising sa buong magdamag ang maysakit; at ibinalita pa sa amin na pagkatapos na kanyang mapainom ng gamot na pangparagdag ng lakas, ay nakakatulog namang muli kapagdaka.

Ngayong umaga at nang ibalita sa akin ng Doktor kung paanong nagdaan ang gabi kay Magdalena kagabi, sapagka't ang ganitong pagbabalita'y kusang ginagawa niya arawaraw, ay pinagtapat ko sa kanya ang pagpipilit sa akin ni Magdalena na iparinig ko lamang ang bals ni Weber. Ilang sandali siyang nagisip, at kapagkuwa'y tumugon:

"—Iyan nga ba ang sinasabi ko. ¡Nakita mo na! ¡Nangyayari na ang aking mga pangamba! Habang hindi ka pa nakaaalis, ay lagi na lamang siyang napapain sa panganib... Huwag mo sanang mamasamain, Amaury, ang sinasabi ko sa iyo; nguni't aking ipinagtatapat na lumayo ka lamang sa kanya agad ay ipagkakaloob ko sa iyo ang anumang mahalagang bagay na mamarapatin mong hingin sa akin...

"—Nguni't, ¿ano pa ang ibig ninyong gawin ko? ¿Tutugtugin ko po ba o hindi ang bals na nahihingi ni Magdalena?—ang sambot ni Amaury.

"—Tugtugin mo na at ako'y tatabi sa iyo. Kailangan lamang na pakinggan mo at sundin ang ihahabilin ko sa iyo na huwag pagpapansinin ang mga pakiusap ni Magdalena."

Nasok ako sa silid ni Magdalena na dinatnan kong masaya ang mukha. Isinaloob kong bumaba pa at nagpatuloy ng pagkapawi ang kanyang lagnat.

"—Amaury—ang kapagdaka'y kanyang sinabi nang ako'y makita—Kung malalaman mo lamang kung gaano kahimbing ang pagkakatulog ko kagabi at ang kasiglahang nararamdaman ko ngayon sa aking katawan ay... Dumaramdam nga ako ngayon ng lakas at sigla, anupa't kung ako'y papayagan lamang ng "masungit" na

iyan (at pagsasabi nito'y hinagisan ng̃ tingin si Dr. Abrigny), ay inaakala kong sa mg̃a sandaling ito'y naglalakad na ako, at kaipala'y makalilipad pa sa bisa ng̃ lakas na nararamdaman ko sa aking katawan. Ng̃uni't dahil sa kanyang paghahang̃ad na masabing higit niyang nalalaman ang kalagayan ng̃ katawan ko kaysa pagkaalam ko sa aking sarili, ay kung kaya't hangga ng̃ayo'y ayaw akong patindigin at makalayo sa buwisit na silyong ito na aking kinahihimlayan.

"—¿Nalimutan mo na ba, Magdalena—ang aking isinagot—na may dalawang araw lamang ng̃ayon na wala kang tang̃ing hinahang̃ad na mangyari kundi ang ikaw ay makaupo sa *buwisit na silyong* iyan, ayon sa iyong sabi; at sa palagay mo'y para ka nang napalagay sa *lupang pangako* kung sakali't ikaw ay makaupo sa tabi ng̃ bintanang iyan? Kahapong maghapon ay ganyan ka at nagparaan ng̃ panahon sa pagkakaupo sa silyon at ayon sa pagkamalas ko sa iyo'y lubos kang nasiyahan.

"—May matwid ka, Amaury—ang kanyang isinagot —ng̃uni't ang minamainam ko kahapon ay hindi ko na gaanong minamainam ng̃ayon... Tingnan ko ng̃a kung mahuhulaan mo kung ano ang ibig kong mangyari ng̃ayon sa akin? ¿Ibig mo bang sabihin ko na sa iyo? ¡Ah! nais ko sanang ako'y makaupo sa lilim ng̃ ilang mayayabong na puno ng̃ rosal, na ako'y nakalupasay sa damuhang malambot na gaya ng̃ tersiopelo at...

"—Ikinatutuwa ko, Magdalena, ang ganyan pagiimbot mo—ang sunggab ng̃ Doktor—dahil sa isang hang̃ad na hindi naman napakalaki.—Bayaan mo't sa loob ng̃ tatlong araw ay mapaiirugan ko na ang iyong nais na mangyari.

"—¿Siyang̃a po ba?—ang natutuwang tanong ni Magdalena at pumalakpak ng̃ pumalakpak na parang isang batang napang̃akuang bibigyan ng̃ laruan ng̃ kanyang magulang.

"—At ng̃ayon na rin kung ibig mo—ang sabi pa ng̃ ama—ay pababayaan na kitang lumakad at umupong

magisa sa "buwisit na silyong" iyan. Kailangang sanaying una ang mĝa paa bago ang pakpak kung nais mo mang makalipad, gaya nĝ tinangka mong sabihin kanina. Kaming dalawa ni aling Braun ay siyang aalalay sa iyo upang kung sakali't datnan ka nĝ panghihina ay masaklolohan ka naming agad.

"—Kaipala'y tumpak nĝa, ama ko, ang ganyang pagiingat na gagawin ninyo sa akin, sapagka't, upang sabihin ko ang totoo, ay nakakahalintulad ako niyang mĝa taong duwag at mangduduro na samantalang malayo sa kaaway at panĝanib ay nagmamarangya at nagmamagaling na animo'y sadyang makahaharap kahi't kanino, nĝuni't kung dumarating na ang pagkakataon upang ipakilala niya ang kanyang katapanĝan, ay nagbabago nang hawig nĝ pagsasalita at nagiiba nĝ kilos at galaw. ¿Kailan po ba ako magbabanĝon, nĝayon na po ba? ¿Kailanĝan pa po bang maghintay na dumating ang tanghali, gaya kahapon?... ¡Ah, kung magkakaganito na naman ay hindi na ako makatatagal. Ipahintulot ninyong sabihin ko, na ang pagiingat na ginagawa ninyo sa akin ay tila naman lagpas na sa guhit. Hindi ninyo dapat kaligtaan na sa mĝa sandaling ito'y mahigit nang ikasampung oras nĝ umaga.

"—Oo, anak... Huwag ka sanang mainip. Nĝayo'y papayag akong ikaw ay magbanĝon nĝ maaga nĝ isang oras kaysa ibinanĝon mo kahapon. At sa dahilang maliwanag nĝayon ang panahon at katamtaman ang lamig, ay pabubuksan ko ang mĝa bintana upang makapasok at masanghap mo ang dalisay na hanĝing nagbubuhat sa labas.

Habang binubuksan ang mĝa bintana, at ang hanĝin at ang liwanag nĝ araw ay magkasabay na nanasok sa silid Magdalena, ay inilapit nito sa aking teynĝa ang kanyang bibig at magiliw at marahang tumanong.

"—¿At ang bals?..."

Isang tanĝo ang aking isinagot, na sa pakiwari ko'y nakasiya naman sa kanya.

Hindi natagala't ipinagbigayalam sa amin na ang aming almusal ay nakahanda na.

Hindi na kaila sa inyo, butihing Antonia, na noong mğa nakaraàng araw ay magkahiwalay kaming kumakain ni Dr. Abrigny upang kami'y magkahalili sa pagbabantay sa maysakit, nğuni't magbuhat nang ito'y gumaling-galing at nakaramdam na nğ kaunting lakas at nangyari nang makalakadlakad ay nakakasalo na namin sa pagkain, kaya't ang dating magkasunod na pagkain naming dalawa ni Dr. Abrigny ay naging magkasabay na. at kasalo pa namin si Magdalena.

Malapit nang tumugtog ang ika 11 oras nğ umaga nang magtindig si Dr. Abrigny at nagpahayag nğ ganito:

"—Kung ibig nating sundin nğ, mğa bata at nğ mğa maysakit ang iniuutos sa kanila, ay wala tayong dapat gawin kundi ang tupdin nğ walang labis at walang kulang ang ating ipinanğanğako sa kanila. Nğayo'y tutulunğan ko si Magdalenang magtindig at sa loob nğ sampung minuto ay maaari ka nang masok sa kanyang kuwarto."

Nang ako'y pumasok ay inabutan ko na nğang nakaupo si Magdalena sa tabi nğ bintana, at sa kanyang mukha'y nababakas ang di maulatang kasyahang loob sa pagmamasid niya sa halamanan.

Nagtulong si D. Abrigny at si aling Braun nğ pagalalay kay Magdalena sa pagupo sa silyon buhat sa pagkakahiga niya sa kanyang hihigan. Sapagka't ang totoo kung di siya naalalayan nğ dalawa ay malamang na hindi siya nakarating sa tabi nğ durunğawan.

¡Kay laki nğ kaibhan niya nğayon kaysa kahapon, sapagka't nang siya'y iupo sa likmuan—sa "buwisit na silyon"—ay kinailanğang siya'y kalunğin halos.

Ako'y umupo sa kanyang tabi, nğuni't hindi gaanong natagala't kinahalataan ko na siya nğ pagkainip.

Ang Doktor na mandi'y may mahiwagang kapangyari-

hang nakababasa ng̃ nilalaman ng̃ puso, ay nagtindig at nagsabi:

—"¿Di ba mananatili ka rito hanggang mamaya upang masamuhan mo si Magdalena? Kailang̃ang ako'y umalis muna at bago ako bumalik ay makararaan ang ilang oras. Nais kong ipang̃ako mo sa akin na siya'y hindi mo iiwan hanggang hindi ako nakababalik.

"—Makaalis na po kayo na kimkim ang pagtitiwalang hindi ko iiwan si Magdalena—ang aking isinagot na puspos ng̃ pagkatuwa.

At pagkuwa'y hinagkan ni Dr. Abrigny ang kanyang anak at lumabas agad.

Pagkalabas na pagkalabas ng̃ Doktor ay may hawig utos at hawig pakiusap na sinabi sa akin ni Magdalena ang ganito:

"—Hala, Amaury, dali na; madali ka... Paroon ka na't tugtugin mo ang bals na hinihing̃i ko sa iyo... hindi ako matatahimik hangga't hindi ko naririnig ang tugtuging iyan. Sa lahat ng̃ oras, lalunglalo na sa mg̃a sandaling ako'y nagiisa, ay napapang̃arap ko ang napakainam na bals na iyan ni Weber...

Siya'y magiliw na sinagot ko:

"—Ng̃uni't ¿paano Magdalena ang pakikinig mo? Hindi ka maaaring makapasok sa salon, hindi mo ako masasamahan, samakatwid, upang marinig mo ang aking pagtugtog.

"—Labis kong nalalaman ang bagay na iyan—ani Magdalena;—sapagka't ang totoo, sa kakapusang palad ko'y hindi pa ako maaaring makatayo ng̃ nagiisa: ng̃uni't ang mabuti'y buksan mo ang lahat ng̃ pinto at nang mapakinggang kong maigi ang iyong tugtugin."

Naalala ko ang iniwang habilin sa akin ng̃ ama ni Magdalena, at sa pagasa kong siya'y hindi pa umaalis at naruroong malapit sa kinaduroonan namin upang maalalayan ang anumang mangyayari sa kanyang anak, ay tumayo na ako agad at lumapit sa piano upang tumugtog.

Dahil sa pagkabukas ng̃ lahat ng̃ pinto ay maaaring matanaw ko si Magdalena magbuhat sa pianong kinakaharap ko.

"—Pasimulan mo na—anang isang tinig na marahang narinig ko sa aking may dakong likuran."

Nang aking lingunin ay nakita ko ang Doktor.

Hindi ko nasasaulo ang bals ni Weber; kaya't kinakailang̃ang gunitain kong isaisa ang mg̃a nota ng̃ tugtuging ito.

Nang ako'y tumutugtog na ay tila nakikita ko si Magdalena na tumatayo sa kanyang pagkakaupo sa silyon, at nang ako'y luming̃on ay hindi pala aka nagkakamali sa aking guniguni. Tinangka kong ihinto na muna ang pagtugtog upang siya'y lapitan, ng̃uni't sinaway ako ni Dr. Abrigny, at marahan ding nagwika:

"—Ituloy mo ang pagtugtog..."

At ako'y nagpatuloy, na mandi'y hindi nahalata ng̃ maysakit ang pagkahintong sumandali ng̃ aking pagtugtog.

Ilang sandaling siya'y tumayo nang walang kaimikimik, kapagkuwa'y lumakad... Lumakad ang maysakit na yaong may mahinang katawan, na upang makalipat sa silyon buhat sa hihigan ay nang̃ang̃ailang̃an pang akayin at alalayan ng̃ dalawa katao,—at humakbang nang mandi'y hindi nagaalala sa kahinaan ng̃ kanyang katawan, at dahandahang lumakad na parang Isang anino sa loob ng̃ bahay, sa gitna ng̃ bahay, na hindi na nang̃ailang̃ang mang̃abay sa pader at sa mg̃a kasangkapang nasa paligid ng̃ tahanan.

Ako'y napaling̃on sa Doktor at dahil sa pagkamalas ko sa kanyang mukha na namumutla at nababalisa, ay tinangka kong humintong muli ng̃ pagtugtog; datapwa't muli niya akong sinalansang at marahan at malumanay pa ring nagwika ng̃ ganito:

"—Magpatuloy ka..."

At akin namang ipinagpatuloy ang pagtugtog. Ang kumpas ng̃ musika ay patung̃o na sa pagdalas at habang lumilimit ay napapansin kong nagiging matulin naman sa

dati ang hakbang nĝ paa ni Magdalena, na papalapit sa akin, hanggang sa makarating sa tabi at mabunggo ang aking balikat. Sa ganito, si Dr. Abrigny na ilang saglit na lumayo ay muling bumalik at buhat sa isang pintuang nasa aking likuran, ay nagsabi na naman nĝ sumusunod:

"—Ituloy mo, Amaury, ituloy mo ang pagtugtog. ¡Ganyan nĝa, anak ko!... ¿Hindi ba kanikanina lamang ay sinabi mong ikaw ay nanghihina at pinanĝanĝapusan nĝ hininĝa?"

At ang kahabaghabag na ama, sakbibi nĝ paghihinagpis at alipin nĝ paghihirap nĝ loob, ay nanĝiti nĝ pilit at pinanĝatalan nĝ mĝa labi.

"—Ako po'y parang namamalikmata, ama ko—ang kapagkuwa'y isinagot ni Magdalena.—Ang tugtugin ay nagkakabisa sa kaluluwa ko nĝ isang pangyayaring kahanĝahanĝa; kaya't ako'y nagkakaroon tuloy nĝ palagay na may mĝa kundiman at "melodia" na kahi't na yata ako'y nasa tiyan nĝ lupa ay makapagpapabanĝon sa akin sa libinĝan kapag aking narinig...

"—Marahil nĝa, marahil nĝa—ang sagot nĝ Doktor;—nĝuni't ang masasabi ko'y hindi ka dapat magpakalabis sa pagkalugod at paghanĝa sa musika, sapagka't di malayong makapinsala sa iyo. Ang mabuti'y humawak ka sa aking bisig, at ikaw naman, Amaury, ay ipagpatuloy mo ang pagtugtog: sadyang napakainam at kahanĝahanga ang tugtuging iyan... Nĝuni't pagkatapos—ang marahang sabi pa sa akin—pagsikapan mo, Amaury, na ang bals na tinutugtog mo'y tapusin sa isang "melodia" na padalang nĝ padalang ang kumpas at untiunting natatapos, dahandahang napaparam ang lalong bahagyang tinig nang hindi nahahalata nĝ isang nakikinig".

Nahulaan ko agad ang ibig na mangyari ni Dr. Abrigny, at siya'y sinunod ko naman.

Mapamayamaya'y nakita ko si Magdalenang mainĝat na umupo sa kanyang likmuan na di kinahahalataan nĝ pagkapagod, at sa kanyang mukhang maaliwalas ay na-

paghahalatang hindí siya dumaramdam ng munti mang pagkabigla o pagkahapo.

Pinasimulan ko na ñgang padalañgin ang kumpas ñg aking tinutugtog at mapamayamaya'y nakita kong siya'y sumandal at isinandig ang ulo sa silyon at makasandali'y ipinikit ang dalawang mata.

Saglit ma'y hindi iniwawalay ni Dr. Abrigny ang kanyang tiñgin sa mĝa kilos ni Magdalena. Inihiwatig níya sa akin na huwag ko munang ihihinto ang pagtugtog, ñguni't gawin kong marahangmarahan lamang. At sinunod ko rin naman...

Nang ako y tumigil na't tumayo at nang tinangka kong lumapit kay Magdalena ay hiñadlangan ako ni Dr. Abrigny, at pabulong at may hawig paguutos na sinabi:

"—Ñgayo'y natutulog siya; huwag kang lumapit at baka magising. Huwag mong gigisiñgin..."

At pagkatapos na ako'y ipagsama sa tanggapan ñg bahay, ay idinugtong pa ang ganito:

"Nakita at napatunayan mo na ñgayon, Amaury, kung bakit totoong kailañgan ang ikaw ay umalis. Kung ang lahat ñg kapangyayari pa lamang ay nangyari nang wala ako rito sa bahay, at hindi ko naituro sa iyo ang dapat mong gawin, ay ¡tañging ang Dios lamang ang nakaaalam ñg nangyari kay Magdalena sa mĝa sandaling ito!... Alalahanin lamang ay nakapañgingilabot na. Kaya paniwalaan mo sana ako, Amaury. Talagang nararapat at kinakailañgan ang ikaw ay lumayo sa madaling panahon.

"—Datapwa't ang pagkaalam po ni Magdalena ay matatagalan pa bago ako lumakad... ¿Paano ang sasabihin natin sa kanya kung sakali't usisain ang sanhi ñg madaliang pagalis ko?...

"—Ah, tungkol diyan ay wala kang dapat pagkaabalahan; hindi mo dapat alalahanin, sapagka't siya na ang magkukusa sa pagsasabi sa iyong ikaw ay umalis at nagtuñgo agad sa dapat mong paroonan.

At pagkatapos na masabi ng̃ Doktor ang mg̃a pangungusap na ito ay nasok sa silid ng̃ kanyang anák.

Ako nama'y nagtuloy sa aking kuwarto at sinulat ko ng̃a ang liham na ito upang maibalita sa inyo ang lahat.

¿Paano kaya ang gagawin ni Dr. Abrigny upáng si Magdalena na ang magtaboy sa akin sa bahay na ito? ¿Anong paraan kaya, kaibigang Antonia, ang kanyang gagamitin para si Magdalena na ng̃a ang magkusa ng̃ paguutos sa akin na ako'y lumakad na agad?...

* * *

Sa loob ng̃ anim na araw ay itinadhana ang aking pagalis at si Magdalena pa ang siyang nakiusap sa akin upang ako'y lumakad na. Samakatwid, ay hindi nagbulaan ang Doktor tungkol sa aking paglalakbay-bayan.

Kahapon ng̃ umaga ay nagkatipuntipon kami sa salas ng̃ bahay na pinangyarihan ng̃ tungkol sa piano (na sa kabutihang palad ay hindi naman nagbung̃a ng̃ malaking kapinsalaan sa maysakit, at patuloy ang pagbuti ni Magdalena sa arawaraw), nang ipagbigay alam sa amin ni Dr. Abrigny, pagkatapos na kami'y makapagusapusap ng̃ mahabang sandali hinggil sa inyo at kay Magdalena, na sa Lunes ay darating na kayong buhat sa *Ville d' Avray*.

Nang marinig ni Magdalena ang balitang ito ng̃ kanyang ama, ay mahabang sandaling namutla. Tiningnan ko ang Doktor, at sa dahilang nakita kong hawakhawak niya ang isang kamay ni Magdalena, ay isinaloob kong ang gayong pagkabiglang inabot ng̃ maysakit ay hindi na nalilihim pa sa kanyang amáng manggagamot.

Tinangka kong samantalahin ang unang pagkakataong haharap sa akin upang magkasarilinan kami ng̃ paguusap ni Magdalena at nang maitanong ko kung ano ang nagiging sanhi ng̃ kanyang pagkakatigagal. At isang araw'y magkakaniig na sana kami, dang̃at si Jose ay sa darating at may dalang isang sulat ng̃ Ministro ng̃ mg̃a bagaybagay sa ibang lupain. Nang basahin ko ang li-

ham ay aking napagtalastas na kailangang ako'y magsadya sa tanggapan ng̃ Ministro sapagka't may paguusapan kaming mahalagang bagay.

Ang sulat ay ibinigay ko pagkatapos kay Magdalena. Samantalang binabasa niya ay nakararamdam naman ako sa puso ng̃ isang pagkaligalig na di pangkaraniwan, Sumaloob ko na ang liham na yao'y may malaking kinalaman sa mg̃a ipinahayag sa akin ni Dr. Abrigny tungkol sa aking pagalis; at habang pinagmamasdan ko si Magdalena ay hindi ko napigil at hindi ko nailihim ang bahagyang pang̃ing̃inig ng̃ aking katawan. Subali't gayon na lamang ang aking pagkamangha nang mamasdan kong ang mukha ni Magdalena ay sinusung̃awan na ng̃ galak at kasiyahang loob.

Naipalagay ko tuloy na sa sulat ng̃ Ministrc ay walang ibang napagunawa si Magdalena kundi ang isang bagay na dati na niyang alam, kaya't minarapat ko namang huwag sabihin sa kanya ang buong katotohanan.

Ako'y umalis, sa ilalim ng̃ pang̃akong magbabalik agad, at umalis akong kasama ni Dr. Abrigny.

Hindi ako pinagtaksilan ng̃ aking mg̃a guniguni. Ang Ministro, na sumalubong sa aking masayá ang mukha at nakipagusap ng̃ buong lugod, ay nagsabing kung kaya ako ipinatawag ay sapagka't nais niyang harapharapang maipatalastas sa akin ang tungkulin sa pamahalaang gagampanan ko at idinugtong pa na dahil sa mg̃a suliraning kinakaharap na kasalukuyan ng̃ Pransia—mg̃a suliraning hindi inaakalang lilitaw ng̃ gayong kaaga,—ay nararapat na ako'y pumatung̃o na sa lalong madaling panahon sa Italia, kung kaya't kinakailang̃ang ako'y maggayakgayak na.

Siya'y pinasalamatan ko alangalang sa mabuting pagkatanggap sa akin, at aking ipinang̃ako pagkatapos na ang aking kasaguta'y malalaman niya sa araw ding yaon upang matanto niya kung kailan ako handa nang lumakad.

Nang ako'y bumalik sa bahay ay abalangabala ang

aking pagiisip. Hindi ko makita ang paraang dapat kong gamitin upang maipagtapat ko kay Magdalena ang bagay na ito. Totoo, kung sa bagay, na ako'y may tiwalang tutupdin ni Dr. Abrigny ang mahigpit na ipinangako niyang siya na ang bahalang makikipagusap kay Magdalena tungkol sa madaliang pagalis ko; nguni't nang ako'y magbalik sa bahay ni Magdalena ay nagkataong kaaalis pa lamang ng̃ Doktor. Napagalaman ko pa ipinagbilin ni Magdalenang pagdating ko'y sabihin agad sa akin na hinihintay niya ako sa loob ng̃ kanyang silid.

Kasalukuyang isinasaysay sa akin ang mg̃a bagay na ito ng̃ isa sa mg̃a utusan ni Dr. Abrigny, nang walang anuano'y narinig ko ang taginting ng̃ kampanilya ni Magdalena. Makasandali pa'y naulinigan ko na ang kanyang tinig na nagtatanong kung ako'y dumating na.

Sa harap ng̃ ganitong pangyayari at pagkakataon ay wala akong mahagilap na paraan upang huwag munang makipagkita sa kanya, at siya sanang tangka kong mangyari; at dahil sa pang̃ing̃ilag kong magsaloob siya sa akin ng̃ di mabuti at maging sanhi pa ng̃ panibagong pagdaramdam, ay nasok akong nagsusumugod halos sa kanyang silid.

Walang pagsalang mg̃a yabag lamang ng̃ paa ko'y nakikilala na ni Magdalena, sapagka't nang ako'y sumilip sa kanyang kuwarto ay nakita kong ang mg̃a mata niya'y nakapako sa pintuan. Sa mg̃a paniñgin ni Magdalena ay sumusung̃aw ang isang pananabik na walang kahambing.

Nang ako'y mapagsiya nang lubos ay magiliw na nagwika:

"—¡Halika, Amaury!... ¡Halika!... ¿Nakausap mo na ba ang Ministro?

"—Oo, Magdalena—ang may pagaagamagam na sagot ko.

"—¡Ah!... Alam ko na kung bakit ka ipinatawag, upang sabihin sa iyo ang gaya ng̃ sinabi na rin sa akin ng̃

Tatay kahapon: na kailangang maglakbay ka na sa madaling panahon...

"—¡Magdalena!... ¡Minamahal kong Magdalena!—ang aking himutok—Isinusumpa ko sa iyo, Magdalena, na ako'y nahahandang magbitiw ng aking tungkulin at hanggang sa pabayaan ang aking pagaaral, kung talagang kakailanganin upang huwag lamang akong mawalay sa iyo...

"—¡Aba, Amaury! ¿ano't nagsasalita ka ng ganyan?—ang sa buháy na tinig ay isinagot ni Magdalena.—Isang kaululan iyang iniisip mong gawin. Huwag sana, Amaury. Nararapat mong gamitin ang iyong pagiisip at magnilaynilay kung mabuti. Kailan ma'y hindi ko maaatim at papayagan na dahil sa aki'y maputol ang iyong pagaaral sa mga araw na ito pa namang ngumingiti na sa papawirin ng iyong palad ang lalong maningning na pagasa ng iyong buhay "

Kalong ng pagkamangha na siya'y natitigan ko. Mahabang sandali ring napagalinlanganan ko ang kanyang sinabi. Sa palagay ko ba'y nagkariringgan lamang ako... Subali't hindi natagala't siya'y muling nagsalita. May ngiti na sa labing nagpahayag ng sumusunod:

"—Magsabi ka nga ng totoo, Amaury... ¿Di ba sa mga sandaling ito'y pinaghaharian ka sa puso ng isang pagkamangha, na di mo inakalang maririnig sa isang babaing tulad ko ang mga salitang kabibigkas ko pa lamang? Maging kahi't ano man ang iyong palagay ay sasabihin ko ngayon sa iyo ang di pa nalalaunang napagkayarian naming dalawa ng Tatay..."

Ako'y lumapit pa sa kanya, umupo ako sa kanyang paanan na gaya ng dati at samantalang hinahagudhagod at pinipisilpisil ko ang kanyang kamay, ay ipinagpatuloy niya ang ganitong pagbabalita:

"—Alam kong wala pa akong sapat na lakas upang makatagal sa mga hirap na karaniwang inaabot ng isang naglalakbay-bayan, subali't tiyakang sinabi sa akin ng Tatay na sa loob ng labing-limang araw ay maaari na akong makapanaog at makalakad nang wala nang sukat alala-

banin; anupa't ang mangyayari ay ganito: una kang aalis at saka naman ako susunod. Samantalang ginaganap mo ang iyong tungkulin sa Nápoles ako nama'y buong pa nanabik na maghihintay sa iyo sa Nisa. Inaasahan kong kung di man tayo magkasabay ng̃ pagdating doon ay magkakasunod na rin tayo...

"—¿At kailan ba nararapat na ako'y umalis?—ang itinanong ko kay Magdalena.

"—Sa Linggo ng̃ umaga—ang walang munti mang alinlang̃ang isinagot."

Kaibigang Antonia, hindi ko nalilimutan na sa Lunes ay darating kayo ritong buhat sa *Ville d' Avray*. Dinaramdam kong ako'y malalakad nang hindi na tayo magkikita.

At talaga sanang ang bagay na ito'y sasabihin ko kay Magdalena, ng̃uni't hindi natuloy sa dahilang ipinagpatuloy niya ang ganitong masiglang pagsasalita:

"—Sa Linggo ng̃a ng̃ umaga ang alis mo, Amaury. Sasakay ka sa "posta" hanggang sa Tsalons (pakinggang mo sana akong mabuti; ang lahat ng̃ sinasabi ko ng̃ayo'y ipinaliwanag sa akin ng̃ Tatay). Magmula sa Tsalons ay ipagpapatuloy mo ang iyong paglalakbay hanggang Marselya, at magbuhat naman dito ay sasakay ka sa isang bapor ng̃ pamahalaan, na tuwing unang araw ng̃ buwan ang alis; at ikaw ay magtutuloy na sa Nápoles, na anim na araw kung layagin. Binibigyan kita ng̃ sampung araw na taning upang ipanupad mo sa iyong katungkulan. ¿At di ba sa palagay mo, Amaury, sa loob ng̃ sampung araw ay marami ka nang magagawa?... Paglagpas ng̃ panahong ito ay lilisanin mo ang Nápoles at ikaw ay maglalakbay nang pabalik, at hanggang sa mg̃a huling araw ng̃ buwan ng̃ Hulio ay darating ka na sa Nisa na siyang bayang titigilan at paghihintayan namin sa iyo... Samakatwid ay anim na linggo lamang na mapapalayo ka sa akin, at pagkaraan ng̃ panahong ito ay muli tayong magkakasama sa silong ng̃ masayáng lang̃it ng̃ Nisa upang kailan ma'y huwag na tayong magkahiwalay pang muli.

Anupa't ang Nisa ay siyang magiging *Lupang Pangako*, ang *Paraisong* binawi sa ating mg̃a ninunò, ng̃uni't magbabalik sa ating dalawa... At pagkatapos na ako'y mahagkan ng̃ mahinhin at malamig na simoy 'ng̃ hang̃in sa Italia, at pagkatapos na manumbalik sa katawan ko ang buhay at lakas, at pagkatapos na ang diwa't sigla ng̃ aking kaluluwa'y mapasariwang muli ng̃ iyong pagibig, pagkatapos ng̃ lahat ng̃ iyan,—¡Oh, Amaury!—ay saka naman tayo pakakasal... At kung tayo'y nagkakabigkis na sa iisang palad ay magbabalik na sa Paris ang aking ama at ipagpapatuloy naman natin ang paglalakbay at paglilibot sa iba't ibang panig ng̃ mundó. ¿Ano ang palagay mo, Amaury, sa mg̃a panukala kong ito? ¿Di ba napakainam at magiging mapalad tayo kung sakali't matutuloy?

"—¡Siyang̃a, Magdalena!—ang mayhapis na naisagot ko—Mainam ng̃a kung sa bagay ng̃uni't ikinalulungkot ko lamang ang pangyayaring upang matupad na lahat ang ganyan mong pagasa at mg̃a mithiin sa buhay ay kakailang̃anin pang magsimula muna sa isang pagkakalayo nating dalawa...

"—Nasabi ko na naman sa iyo, Amaury, na ang ating ipagkakalayo ay iniaatas ng̃ pagtupad mo sa iyong katungkulan at dahil dito'y walang anumang tutol ni pasubaling pinaiilaliman ko ang ganyang pasya at kahiling̃an ng̃ mg̃a pangyayari.

Lalo nang nagibayo ang aking pagtataka, sa harap ng ganitong mg̃a tabas na salitang binitiwan ni Magdalena. Subali't aywan kung ano't hindi ako makapang̃ahas na magusisa ng̃ kung bakit siya nagkakagayon, kaipala'y dahil sa pang̃ing̃ilag kong baka hindi niya mabutihin, at ipagdamdam kung sakali. Datapwa't sa bisa ng̃ aking sariling pagsisiyasat at pakikiramdam ay natarok ko rin ang simula at dahil ng̃ mahiwagang kapasiyahang ito ng̃ magama.

Di miminsang ipinahayag sa akin ni Magdalena na bagama't lubos na ipaghihirap ng̃ kanyang loob ang aming

ipagkakalayo, ay titiisin na niya alangalang sa kahilingan ng Ministro at alangalang pa rin sa ikapagwawagi kong lalo sa aking pagaaral, pagwawaging sa tuwituwina'y pinakananais niyang mangyari.

..........................................................

At ngayo'y magsabi kayo, itinatangi kong Antonia. ¿Hindi baga kaya ipinagtataka rin ninyo ang mga pangyayaring ito?

Maipagtatapat ko na tuloy na dahil sa mga napagusapan naming ito ni Magdalena ay maghapong nagulô ang aking pagiisip sa pagmumunimuni at sa pagtuklas ng tunay na sanhi ng lahat.

¿At bakit hindi ako magtataka?... Gayon na lamang ang pagsasakit kong ginawa upang maipaglihim, hangga't mangyayari, kay Magdalena ang madaliang pagalis ko, (at sadya namang hindi ako makapangangahas na unang bumanggit ng bagay na ito) subali't ¡hayan!... laban sa inaasahan ko at inaakalang mangyari, ay siya pa, si Magdalena pa nga, ang unaunang umungkat sa akin, at sa kanyang pagsasalita'y kasabay pang inilahad ang kabutihang aking mapapala at ang paraang maaari kong gamitin upang matawid at malagpasan ko ang anumang hadlang o sagabal na mangyayaring makabalakid sa aking paglalakbay...

¡Oh!... ¡Kay laki ng katwirang pinanghahawakan ng mga nagsasabing ang puso ng babae ay kahalintulad ng isang banging hindi mangyayaring malusong, o ng isang yungib na hindi maturol kung saan ang hangga!...

Maibabalita ko pa sa inyo, kaibigang Antonia, na kahapon ay maghapong wala kaming napagkaabalahang dalawa ni Magdalena, kundi ang bumalangkas sa isip ng iba't ibang panukala ukol sa hinaharap ng aming buhay.

Napapansin kong habang nanunumbalik ang kanyang lakas ay untiunti namang sumasaya ang kanyang kalooban.

Hindi nagpapabaya ng pagtingin sa kanya si Dr. Abrigny. Ang pagaaruga't pagmamahal ng amá sa anák

ay hindi nagbabawa munti man, kundi lalo pang nararagdagan.

Minsang natanaw kong nabadha sa mĝa pisnĝi nĝ Doktor ang ilang masasayáng nĝiti, sa pakiramdam ko ba'y lumaki sa dati ang aking puso at nagsikip sa tuwa at sa di mailalarawang kasyahang-loob.

* * *

Nĝayon ay nagdaos kami nĝ isang malaking pagdiriwang.

Si Magdalena'y dapat manaog sa halamanan, alinsunod sa ipinanĝako nĝ kanyang ama.

Ang panahon ay masaya at maaliwalas. Kailan ma'y hindi pa ako nakakikita nĝ isang lanĝit na kaayaaya di tulad nĝ sa araw na ito. Masasabing ang Kalikasa'y naggayak sa kanyang sarili nĝ lalong magagandang palamuti. Ang sinĝaw nĝ panahon ay katamtaman, gayon din ang simoy nĝ hanĝin.

Upang ako'y maging handa sa anumang mangyayaring panĝanib o kapahamakan kung sakali, ay iminungkahi ko kay Dr. Abrigny na si Magdalena'y aming buhatin, na nakaupo sa kanyang silyon; at bagama't noong una'y tumutol si Magdalena,—sa dahilang ipinalalagay niyang ang gayo'y kalabisan nang gawin,—sa dakong huli'y pumayag na rin sapagka't tahasang ipinanĝako namin 'sa kanya na siya'y pababayaan naming makapagpasyal sa hardin. Sa gayo'y binuhat namin siya nĝ buong pagiinĝat at makasandali pa'y nasa isang pook na siya, pook na kung ilang araw ding kanyang minimithing karuonan.

Di gaanong natagalan at ako'y pinalapit ni Magdalena, at nang nasa kanya nang piling ay tumayo at humawak sa aking bisig. Sa gayo'y kumilos nĝ isang kilos si Dr. Abrigny, na parang pasubali, at kilos na pinanĝunahan nĝ ganitong salita ni Magdalena:

"—Ipinaalala ko sa inyo, Tatay, ang inyong pa-

ngako. Sinabi pa ninyo sa aklm na ako'y papayagan na ng makapagliwaliw sa halamanan.

—Oo nga, at ikaw ay pinahlhintulutan ko nang buong lugod; subali't pagsikapan mo sanang kung lalakad ka ay huwag gaanong matulin.

—Ama ko,—ang aking sinabi,—ang ipagbilin po ninyo kay Magdalena, ay ang siya'y humawak sa aking bisig.

Si Magdalena'y sumagot sa pamamagitan ng isang tango lamang, at nang siya'y tumayo ay pumigil naman sa aking bisig.

Kami'y hindi lumakad ng lubhang malayo.

Waring si Magdalena'y noon lamang unang nakakita ng mga halaman, ng mga bulaklak at ng damong nakapupuno sa buong halamanan. Ang mga ibon, ang mga hayop sa lupa pati ng mga paruparo at bubuyog ay nagiging sanhi ng kanyang panggigilalas, anupa't lahat ng nakikita ay lubos na pinagtatakhan.

Kami'y lumigid ng isang buong ligid sa hardin. (¿Paniniwalaan kaya ninyo, kaibigang Antonia, ang aking sasabihing ito?) Naglibot kami nang hindi man lamang naguusap: isang salita ma'y walang nakapamulás sa aming mga labi. Tangi lamang na si Magdalena ay paminsanminsang napapabulalas sa malaking tuwa; at ako nama'y natitira sa pagmamasid.

Minsa'y lumingon ako upang hanapin ko ang kanyang ama, at sa kabayanan ng mga punong kahoy ay natanaw ko siyang nakaupo sa likmuang kanikanina lamang ay kinauupan ni Magdalena. Natanaw ko siyang hinahagkan ang mga bulaklak na di pa nalalauñang dinampian din ng mga labi ng aking irog.

Magtatapos ang unang pagligid namin ni Magdalena nang kami'y salubungin ni Dr. Abrigny, at pagkatapos na pagmasdang mabuti ang kanyang anak ay kinahalataan siya sa mukha ng kasyahang loob dahil sa pagkakitang nakatagal at di ipinagdamdam ni Magdalaaa ang mahabang pagkapaglakad nito. Nais pa sana ni Magdalenang ipagpatuloy namin ang paglalakad at ulitin ang

pagligid sa hardin, ñguni't siya'y pinigil na ñg kanyang ama, at napahinuhod naman hanggang sa muling umupo sa kanyang likmuan.

Nagpalumagak kami sa hardin hanggang sa ikatatlo ñg hapon. Ang mña oras na yaon na ipinamalagi ni Magdalena sa isang pook na may malayang hañgin at sagana sa init ñg araw ay waring nakatulong ñg malaki sa pagkapanumbalik ñg kanyang dating lakas. Inaakala kong ñgayon ay maaari na akong mapalayo sa kanya nang di mañgañgambang ang kanyang sakit ay magkakaroon ñg ibang kasañgang karamdaman, o kaya'y mabibinat siya.

Tatapusin ko ang liham na ito, kaibigang Antonia, nang di ilalakip ang aking pagpapaalam, sapagka't nais kong magpadala uli sa inyo ñg isang sulat na mahaba at kapapalamnan ñg sarisari't di kakaunting mña tagubilin. At ang isa sa mña tagubiling iyan, na higit sa lahat, ay nararapat sana ninyong pagsikapan na sa araw araw ay banggitin ako kay Magdalena sa tuwing kayo'y magkakausap.

* * *

*Sabado, ikalimang oras ng hapon.*

Bukas ay lalakad na ako, mahal kong Antonia. Hindi ko kayo nasulatan sa loob nitong apat na araw na kalilipas pa lamang, sapagka't wala akong maibabalita sa inyo kundi ang paggaling ni Magdalena, pangyayaring labis na ninyong alam sa pamamagitan ñg dalawang sulat na ipinadala sa inyo ni Dr. Abrigny.

Sa arawaraw ay sinasanay ni Magdalena ang kanyang lakas, sa ilalim ñg pagbabantay at pagiingat ñg Doktor, na masasabi kong isang tunay at ulirang ama.

Sa mña sandaling ito ay tumayo siyang magisa, nang hindi na inalalayan ñg kahi't sino, sa pagparoon at gayon din naman sa kanyang pagbabalik sa bahay.

Dapat ko palang ibalita sa inyo na si Magdalena ay maibibilang ninyong isang tapat na kaibigan na nagma

mahal at nagmamalasakit sa inyo ng̃ gayon na lamang, sangayon sa mg̃a pagmamasid na aking ginagawa.

Kung magunita niya ang aking napipintong pagalis ay naguulap ang kanyang noo, at upang siya'y maaliw ay ganito ang sinasabi ng̃ kanyang ama:

"—Huwag kang malungkot, anak ko, sapagka't hindi ka magiisa; ako'y hindi lalayo sa iyong tabi at sa Lunes na darating ay paririto si Antonia.

At kung marinig na ang ganito ay nagliliwanag ang kanyang mukha at sumasagot kapagkaraka:

"—Siyang̃a po, siyang̃a po... Talagang kinakailang̃an ang pagalis ni Amaury...

At sa mg̃a sandaling ito'y kanyang inuulit ang ganinitong mg̃a kataga, gayong nalalaman niya na kinabukasan ay lalakad na ako

Subali't napupuna kong ikinaliligalig ni Dr. Abrigny ang aking paglakad hanggang nalalapit ang oras na dapat kong ialis.

Nang hapong ito, nang kami'y magkalayo na ni Magdalena, ay sinundan ako ni Dr. Abrigny at pagkatapos masabing kami'y may paguusapang isang bagay na mahalaga, ay nagpahayag ng̃ ganito:

"—Amaury, bukas ang iyong lakad. Nakikita mo nang higit sa inaakala mo'y may malinaw at wastong pagiisip si Magdalena, at nagkaroon ka rin ng̃ pagkakataon sa pagmamalas nang kung paanong manunumballk ang kanyang lakas at buhay kung sakali't hindi siya tumatanggap ng̃ anumang masidhing damdamin ng̃ puso. At dahil dito ay nararapat mong pagsikapan na mapagharian mo ang iyong sarili at mailayo mo siya sa pagdaramdam ng̃ dahil sa iyong pagalis. Magkunwa kang malamig sa pagmamahal; kung sakali't nakikita mong ganito ang kinakailang̃ang gawin, sapagka't ang karubduban ng̃ iyong pagibig ay talastas mo nang siyang lalo kong ipinang̃ang̃ambahan at pinang̃ing̃ilagan. Makalawa nang nakita mo ang nagiging bung̃a ng̃ masimbuyong pagirog mo kay Magdalena: Noong una'y sa mg̃a sandaling ipa-

hayag mo sa kanya ang iyong pagibig na muntik nang ikinawala nğ kanyang pagkatao; at ang pangalawa ay nang kayo'y magkasayawan noong gabi na ikinabingit niya sa labi nğ hukay. Isang kapangyarihang totoong mapanğanib ang nakasasaklaw sa kanyang pagkatao sa bisa nğ iyong kalooban, palibhasa'y napakaselang at maramdamin ang kanyang katawan. Ang iyong mğa pangungusap, ang iyong mğa tingin at titig ay nakapagpapabago nğ kanyang damdamin. Ipalagay mo siyang isang bulaklak na napakapihikan; kung paanong sinisikap kong ang bulaklak na iya'y malagay sa sinapupunan nğ isang papawiring may katamtamang init at lamig, ay bigkisin mo naman ang kanyang kaluluwa nğ isang pagmamahal na mabinahon at di gaanong maapoy.

"—Nagdaan na sa akin ang mğa kahirapang sukat tawirin nğ isang binatang mapusok na gaya mo; nğuni't dapat mong isagunita, Amaury, na ang hinihiling ko sa iyo'y nauukol na rin sa kanyang sariling kabuhayan at ang masasabi ko'y ito: na kung mauulit pa ang gaya nğ nangyari ay hindi na ako makapananagot sa huli. Maaasahan mo, Amaury, na sa mğa sandali nğ pagpapaalaman ay makahaharap ako at pagsisikapan kong magkaroon ka nğ sapat na tibay nğ loob...

Ipinangako ko kay Dr. Abrigny na susundin ko ang kanyang mğa kahilingan at tagubilin sa akin. ¿At ano pa nğa ba ang aking magagawa?

Ang totoo'y hindi rin kaila sa akin na ang buhay nğ aking kaawaawang si Magdalana ay parang natatalian lamang nğ isang pisi na mangyayaring malagot sa bisa nğ anumang biglaa't labis na damdaming makapupuno sa kanyang katauhan. At ako'y may marubdob na pagibig sa kanya kaya't hindi mangyayaring tumangg sa pagpapakasakit na hinihingi sa akin nğ Doktor, alangalang sa kanyang ikaliligtas.

Nang magkahiwalay kami ni Dr. Abrigny ay nasok ako sa aking silid upang sulatin ko nga ang liham na itong ipadadala sa inyo, at saka ko na ipagpapatuloy, sa-

pagka't katatatanggap ko pa lamang ng̃ pasabi ni Magdalena, sa mg̃a sandaling ito, na ako'y kanyang hinihintay, kaya't ako'y lilipad halos ng̃ paglapit sa kanya.

* * *

*Ikasampung oras ng gabi.*

Inaakala kong kayo, kaibigang Antonia, ay may karapatang magalit sa akin; at marapat akong kagalitan sapagka't sa alagay ko ba'y nakagawa ako ng̃ isang malaking kaululan.

Si Magdalena'y nagiisa. Ipinatawag niya ako upang sabihin na nais niya akong makausap bago ako umalis, at dahil dito'y hinilin̄gan akong kami'y magkita lamang sa isang sadyang pook na sa palagay ko'y hindi sasang-ayunan ng̃ kahi't sino kung sakaling ako ang nagmungkahi ng̃ papagayon.

Kaipala'y hindi ninyo paniniwalaan ang mg̃a bagay na ito, ng̃uni't sa ng̃alan ng̃ aking karan̄galan at sa pagkagunita ko sa mahigpit na pan̄gakong aking binitiwan kay Dr. Abrigny, ay tinangka kong tanggihan, nang mg̃a unang sandali, ang tipáng yaon na ipinagaanyaya sa akin ni Magdalena, tipáng nan̄gan̄gahulugan ng̃ isang kaluwalhatiang inihahandog ng̃ aking giliw, na kung napaibang panaho'y buong puso sanang ipinagpalit ko ng̃ aking isang taóng buhay...

Upang mapaglabanan ko ang aking sariling nais at matanggihan ang biyayang inihuhulog sa akin ng̃ Kapalaran, ay wala akong isinagot kay Magdalena, kundi, dahil sa pagsunod ni Aling Braun sa mahihigpit na tagubilin ni Dr. Abrigny ay hindi niya mangyayaring masangayunan sa ano pa mang paraan ang panukala ni Magdalena at panukala ko rin naman.

"—¿At bakit pa natin kakailan̄ganin ang pagsang-ayon ni Aling Braun?

"—Dapat mong talastasin—ang isinagot ko pa kay Magdale na—na walang nakapapagitan sa ating dalawa kundi isang manipis na dingding lamang, at kapag-

karakang siya'y makarinig ng̃ bahagyang kaluskos ay di sasalang papasok agad sa pagaakalang ikaw'y kung napapaano na, subali't madaratnan niya ako sa loob ng̃ iyong silid...

"—Ganyan ng̃a ang mangyayari—ang sagot ni Magdalena,—kung ikaw ay sa kuwarto ko paruroon.

"—¡Aba, at saan ako pupunta?

"—¡Sa hardin!—ang pakli ng̃ dalaga.—Ako'y mananaog sa halamanan at makikipagkita sa iyo sa oras na mapagkakayarian natin.

"—¿Sa hardin?—ang may panggigilalas na naitanong ko kay Magdalena.—¿Napagisip mo na bang mabuti ang tinatangka mong gawin? ¿Hindi mo ba inaalala ang hamog ng̃ gabi?

—Hindi—ang tugon ni Magdalena.—Kahapo'y narinig mo na ang sabi ng̃ ama ko na ang hamog ay mapanganib at dapat pang̃ilagan lamang sa pagtatakip-silim, subali't habang lumalalim ang gabi ay ang init na gaya ng̃ sa araw ang isinising̃aw ng̃ panahon. Datapwa't upang huwag akong masubo sa pang̃anib, ang mabuti'y mananaog akong nakabalabal.

Nakaramdam ako na natatang̃ay ang aking kalooban ng̃ kanyang mg̃a pang̃ung̃usap; ng̃uni't nagkaroon pa rin ako ng̃ sapat na lakas na ipakipaglaban, sa bisa ng̃ ganitong sinabi ko:

"—¿Inaakala mo ba, Magdalena, na hindi makasasama sa atin, bagkus isang mabuting gawa, ang tayo'y magkita sa isang pook na kubli at alang̃an sa oras na dapat nating ipagkaniig?

"—Yamang kung araw'y nagkakausap tayo sa ganyan ding lugal at oras, ay hindi ko naman makita ang matwid upang ang ganito'y gawin din natin sa gabi—ang isinagot ni Magdalana

—"Oo na ng̃a—ani kong hindi ko matutuhan ang aking sasabihin;—ng̃uni't kung araw...

"—¿At anong pagkakaiba ang nakikita mo?—ang ta-

nong ni Magdalena at parang nahulaan ang iba pang sasabihin ko.

"—Mayroon, at napakalaki—ang isinagot kong ngumiti ng pilit sa aking loob.

"—¿Di ba idinaraing mo sa akin kamakailan lamang na sa ating paglalakbay ay makasasagabal ang pagsama ng aking ama, sa dahilang tayo'y palagi nang malalagay sa harap ng kanyang mga mata? Nang sabihin mo ang ganito ay di sasalang kimkim mo ang nais na tayo'y maglakbay—maging sa araw at maging sa gabi—na walang ibang kasama kundi tayong dalawa lamang.

"—Siyanga, nguni't ang gayo'y hinahangad kong mangyari kung tayo'y kasal na.

"—Nalalaman kong ang mga babaing may asawa—ang pakli ni Magdalena—ay nagtatamasa ng ilang karapatan sa buhay na ipinagkakait sa mga dalaga; para bagang sa pagaasawa ng isang babae ay nagiging isang babaing may hustong pagiisip kapagdaka, ang isang dalagitang bago pa lamang nakalilimot sa kanyang mga laruan at manyika.. Subali't ¿di ba tayo'y parang kasal na rin? ¿Di ba hayag na sa lahat na ang ating pagiisang dibdib ay idaraos sa lalong madaling panahon? ¿At di ba sa mga sandaling ito'y dapat na tayong maging magkaisang palad kung sakali't hindi ako nagkaramdam?

Ang mga tanong na ito ni Magdalena ay hindi maaaring sagutin ng gayungayon lamang. Nang makita niyang ako'y hindi kumikibo ay nagpatuloy ng pagsasalita na masiglang lalo kaysa dati:

"—Ipagkakait mo ba, Amaury, ang nahihiling ko sa iyo? ¿Ikaw kaya'y may sapat na loob upang sa bisperas ng iyong pagalis ay hiyain mo ako sa isang kahilingan,—na tayo'y magkaniig lamang,—gayong talastas kong maraming bagay 'pang dapat kang sabihin sa akin at di kakaunting pangako ang dapat mong bitiwan?... Kung mapagtataya mo lamang ang pagkahapis na maghahari sa aking kaluluwa sakaling ikaw'y tuluyan nang

mapapalayo sa aking mga mata... Wala nang pinakamalaking lugod sa aking buhay kundi ang ako'y iwanan mo ng mga pangungusap ng puso at mga kataga ng kaluluwa na puspos ng paggiliw..."

Hindi ko na na aglabanan ang aking sarili. At dahil sa pagpapalagay na ang katayuan ko'y lubhang katawatawa na, ay kung kaya't naisumpa kong pagpupumilitang magtungo sa halamanan pagtugtog ng ikalabingisang oras ng gabi.

Nguni't ipinagbilin ko sa kanya na huwag kalilimutan, sa kanyang pagpanaog sa hardin, na magbalabal ng buong ingat.

Pagkatapos na pagkatapos na ipangako sa akin ni Magdalena ang pagiingat sa kanyang katawan, ay sa papasok ang kanyang ama upang siya'y tingnan at alamin ang kalagayan niya.

Nang tumugtog ang ikasampu na lumabas kaming magkasabay ng Doktor, ay sinabi nito sa akin:

"—Nagkaroon ka na ng pagkakataon, Amaury, na makita mong may lubos akong pagtitiwala sa iyong pangako, sapagka't ikaw ay pinabayaan kong magkausap na kayong dalawa lamang. Alam kong napakaraming bagay kang dapat masabi sa kanya at kailangang matalastas naman niya. Pinasasalamatan kita alangalang sa kahinahunan at pagpipigil na iyong ginamit sa pakikipagusap sa kanya. Ang pinakamabuting bunga ng napitas sa ganitong ginawi mo ay dili iba't ang katahimikang nilalasap ngayon ng kaluluwa ni Magdalena, at katahimikang sa pagasa ko'y tatamasahin niya sa magdamag na ito. Bukas ng umaga'y maaaring ikaw ay mamalagi ng isang oras sa kanyang tabi. Pagkaraan ng isang buwan at kalahati ay makikita mong uli sa Nisa ang iyong magiging kaisang dibdib, na lubos nang malakas at labis na nasisiyahan.

Nang marinig ko ang kanyang ipinahayag ay naramdaman kong nagsikip ang aking hininga at ako'y sinalagimsiman ng hangad na magsisi sa aking nagawa, hang-

gang sa muntik ko na tuloy maibulalas ang lahat, subali't naalala ko si Magdalena na hindi marapat tumanggap nğ anomang sukal nğ loob, kung kaya't pinagsikapan kong ako'y magkaroon nğ sapat na lakas upang mapigil ang aking tangkang pagsisiwalat.

Narinig kong tinugtog nğ isang orasan ang ikalabingisang oras nğ gabi.

Ako'y paalam na muna, kaibigang Antonia. Iiwan ko muna kayo upang hanapin ko si Magdalena, na di sasalang kanina pa'y nagbibintay na sa akin.

* * *

*Ikalawa ng madaling-araw.*

Kapagkarakang matanggap ninyo ang sulat na ito ay pumarito kayo agad, sapagka't totoong kinakailanğan namin ang inyong tulong.

¡Dios ko!... ¡Dios ko!... Si Magdalena'y mamamatáy nğ wala nang lunas na maibigay sa kanya... ¡Oh, napakaimbi ko!...

Parito kayo, Antonia, parito sana kayo nğayon din...

* * *

(LIHAM NI DR. ABRIGNY KAY ANTONIA)

Bagama't ikaw'y kinakailanğan namin, Antonia, at kahi't ka na mabalisa dahil sa kalagayan ni Magdalena, ay huwag ka munang pumarito hanggang sa ikaw ay di pa niya ipinatatawag.

Sa kasawiang palad ay ipinanğanğamba kong hindi matatagala't ikaw ay ipatatawag nang kusa ni Magdalena.

Maawa ka sana sa akin, Antonia, mahabag ka, ikaw na lubos na nakatatarok nğ kung hanggang saan humahantong ang pagmamahal ko sa iyo.

## XV

PAGKATAPOS sulatin ni Amaury ang liham ay lumabas sa kanyang silid. Siya'y nagkaroon ng palad na di nakita ng kahi't sino.

Tumawid siya sa salon, ilang sandaling huminto sa pintuan ng silid ni Magdalena at dito'y sumilip at nakimatyag, at sa dahilang hindi siya nakarinig ng anomang ingay ay isinaloob na si Magdalena'y nagkukunwang nakahiga upang malinlang si Aling Braun.

Sa gayo'y nagtungo siya sa hagdanan at nanaog sa hardin.

Sa mga bintana ng kuwarto ni Magdalena ay walang nakalalabas kahi't isang sinag ng ilaw. Sa gitna ng kadilimang nakababalot sa palasio ay isang bintana lamang ang may ilaw at yao'y ang nasa tanggapan ni Dr. Abrigny.

Ipinukol ni Amaury ang kanyang tingin sa tanggapan, samantalang sa dibdib ay nakararamdam siya ng munting pagkabalisa.

Si Magdalena ay binabantayang magkasabay ng kanyang ama at ng kanyang giliw na katipan; datapwa't anong laking pagkakaiba ang nilalayon ng bawa't isa sa dalawang naglalamay na yaon. Ang isa—si Dr. Abrigny—ay naglalamay alangalang sa isang pagibig na walang pagiimbot at sa hangad na siya'y makasangguni sa karunungan upang maagaw sa kamay ng Kamatayan ang buhay ng anak na matitiyak na halos ang pagpanaw, at ang isa naman—si Amaury—ay naglalamay dahil sa isang

pagibig na mapagimbot at siya'y sumangayon sa tipang ginawa sa kanya, bagama't nalalaman na ang gayong pagkikita nilang magkasi ay mangyayaring humantong sa kasawian ni Magdalena.

Dumaan ang mga sandaling si Amaury ay pinagharian ng pagmimithing umurong sa landas na kanyang tinatalaktak upang sabihin kay Magdalana, buhat sa likuran ng pinto ng silid nito, ang humigitkumulang sa mga sunusunod:

—¡Huwag kang umalis, Magdalena! Ang ama mo'y naghahantay sa gabing ito, at di malayong siya'y pumarito at tayo'y matutop kung sakasakali...

Datapwa't nang mga sandaling yao'y naparam ang liwanag sa tanggapan ng Doktor. Sa hagdanan ay sumipot ang isang anino na pagkaraan ng ilang sandaling hindi pagkilos ay matuling nanaog sa halamanan.

Dahil sa pagasa ni Amaury na ang aninong yao'y walang pagsalang kay Magdalena, ay dumaluhong dito, at ito'y pinigilan

Isang sigaw na patili ang nilunod ng dalaga sa kanyang dibdib at kapagkuwa'y nanginginig na humawak sa mga bisig ni Amaury. Naramdaman nito na ang puso ni Magdalena ay tumitibok ng di pangkaraniwan at humihinging saklolo sa kanya.

Ang dalawa ay napahinto nang di nakapagsaiita munti man at halos ay hindi na humihinga, palibhasa'y pinagbaharian kapwa ng isang damdaming makapangyarihan at sa kanila'y nakapananaig.

Pagkatapos ay inihatid ni Amaury si Magdalena sa isang lugal na malilim at kinatatamnan ng malalabay na punungkahoy at sagana sa mga bulaklak, doon sa pook na kinahiratihan nang pagliwaliwan ni Magdalena kung araw. Ang dalaga'y umupo sa isang bangko at ang binata nama'y lumagay sa piling ng kanyang kasi.

Lubhang matibay ang pananalig ni Magdalena, na ang hamog ng gabi'y hindi makasasama sa kanya.

Noo'y isang kaayaayang gabi ng̃ tagaraw, ang langit ay maaliwalas, at katamtaman ang sing̃aw ng̃ panahon; isa riyan sa mg̃a gabi na ang di mabilang na bituin sa kalang̃itan ay napapatulad sa mg̃a diamanteng walang tigil ng̃ pagkislap.

Ang magandang siudad ay waring nagpapahing̃a nang mg̃a sandaling yaon. Ang kanyang kaing̃ayang nakabibing̃i ay ganap na nawala.

Sa isang gawi ng̃ halamanan ay umaawit ang isang ibong *ruiseñor*. Isang gabi yaong sagana sa pang̃arapin, anupa't mandi'y sadyang nilikha para sa mg̃a *ruiseñor*, sa mg̃a makata at mg̃a magsinggiliw.

Si Magdalena ay sumasanghap ng̃ matamis at kaibig-ibig na simoy ng̃ hang̃in at sa kanyang anyo'y mapaghuhulong pinagmamalas niya ng̃ buong kaluluwa ang lang̃it na maaliwalas, at dinidinig ang mg̃a huning yaon at nilalang̃ap wari ang mg̃a bagaybagay na nagbibigaybuhay sa Katalagahan.

Ang magkasi ay ilang sandaling hindi nagkakibuan; ng̃uni't sa huli ay si Magdalena ang unang nagbukas ng̃ salitaan:

—¡Pagkagandaganda ng̃ gabi!... ¿Inaakala mo ba, Amaury, na sa Nisa (siudad na ang sing̃aw ng̃ panaho'y pinupuri ng̃ lahat) ay magkakaroon ng̃ mg̃a gabing tulad nito? ¿Maaari kayang paniwalaan na bago tayo magkahiwalay ay niloob muna ng̃ Dios na tayo'y magtamasa ng̃ ganitong gantingpala, upang sa kaibuturan ng̃ ating dibdib ay makapagtago tayo ng̃ isang dakilang alaala...?

—May matwid ka ng̃a, Magdalena; ipinalalagay kong ako'y ng̃ayon lamang nagpapasimulang mabuhay at ng̃ayon pa rin umuusbong sa aking kaluluwa ang damdamin ng̃ pagibig at pagmamahal sa iyo... Sa bisa ng̃ mg̃a kaakitakit na bagay na idinudulot ng̃ gabi ay nagigising sa aking kaluluwa ang damdamin ng̃ pagsuyo na hanggang a mg̃a sandaling ito'y hindi napupukaw ng̃ kahi't sino. Kung tunay mang nasabi ko sa iyo na ikaw'y aking iniibig ay ituring mong ako'y nagsisinung̃aling nang ipahayag ko

ang gayon, o sa lalong tumpak na sabi, ay hindi ko na ipagtatapat ang dapat kong sabihin, na di gaya ng ipagtatapat ko ngayon sa iyo. Ako'y pakinggan mo, Magdalena: Ikaw ay iniibig ko!... Iniibig nga kita, Magdalena!...

Tigib ang puso ng kasyahang loob na binigkas ni Amaury ang mga katagang ito. Nakaramdam si Magdalena ng isang pangingilabot na naghari sa buong katawan niya, at saka sumagot:

—Ako man 'ay gayon din—at ikinatang ang noo sa balikat ng irog:—Iniibig din kita!...

Ilang sandaling pumikit si Amaury sa dahilang siya'y nakaramdam ng panghihina: di sasalang sanhi sa di masayod na katuwaang nagsusumikip sa kanyang puso.

—¡Dios ko!—ang kanyang sinabi.—Sa tuwing majisip ko na bukas ay mapapawalay na ako sa iyo, pinakamumutya kong Magdalena, kailan pa ma't aking maalala na sa muling pagkakita ko sa iyo'y may isang ibang tao nang dahil sa pangingilag kong siya'y makaharap ay napipigil tuloy ang aking nasang magpatirapa sa iyong paanan, na ikaw ay mayakap ko ng buong higpit, ay isinusumpa kong ako'y natutuksong lisanin at pabayaan ko ang lahat alangalang sa iyo.

At samantalang ito'y sinasabi ni Amaury ay hinihigpitan niyang lalu't lalo ang pagkasapupo sa baywang ni Magdalena.

—¡Ah, hindi! Sa anomang paraan ay hindi—ang marahang wika.—May katwiran ang aking ama: ¡nararapat ka na ngang umalis! Kailangang ako'y bayaan mong panumbalikan ng lakas upang maitaguyod ko ang ating pagibig, na gaya ng iyong alam ay muntik nang maghatid sa akin sa labi ng hukay. Mangyayaring ako'y namatay, at kung ito nga'y nangyari, sa halip na ako'y naririto ngayon sa iyong piling,—na mapalad at nalulugod,—sa mga sandaling ito'y di sasalang ako'y nasa ilalim na ng hukay... Datapwa't ¿ano ang nangyayari sa iyo, giliw?

—Huwag mo akong kausapin ng̃ ganyan, Magdalena, huwag kang magsalita ng̃ papaganyan. Nalilito ang aking pagiisip kung nakaririnig ako ng̃ ganyang mg̃a katagang nagbubuhat sa iyong mg̃a labi.

—Wala kang dapat alalahanin, Amaury. Akó'y maligaya at sa kabutihang palad ay ligtas na sa kamatayan; ako'y naririto sa lupa, sa iyong piling, sa gitna ng̃ katahimikang ito ng̃ gabi... ¿Hindi mo ba naguguniguning ang mg̃a anghel sa kalang̃itan ay parang nakapaligid sa atin at pabulong na bumibigkas ng̃ mg̃a pang̃ung̃usap na nauukol sa ating kaligayahan?

At ilang sandaling si Ma dalena'y hindi kumibo, waring hinahanap sa papawirin ang mg̃a tinig na kanyang tinutukoy.

Kapagkuwa'y isang mahinhing simoy ang nagdaan, at ang buhok ni Magdalena na nakalugay ay napadampi sa mg̃a pisng̃i ni Amaury. Ito, dahil sa kahinaan ng̃ loob upang makilaban sa isang tukso na totoong makapangyarihan, ay luming̃on na lamang sa likuran niya at saka naghimutok ng̃ malalim.

—¡Magdalena!—ang marahang sinabi.—Utang na loob Magdalena, kahabagan mo sana ako...

—¿Na ikaw ay kaawaan ko? ¿At bakit? ¿Sa palagay mo ba'y hindi ka maligaya at mapalad? ¿Hindi ba ito rin ang kaluwalhatiang tatamasahin natin sa kalang̃itan? ¿At mayroon pa kayang ibang kaligayahang malalasap ang tao sa buhay na ito?

—¡Oo, Magdalena, mayroon pa!—ang pahimutok na tugon ni Amaury at muling idinilat ang mg̃a mata kaya't nakita ang magandang mukha ng̃ dalaga na nasa kanyang piling at ang ulo at noo ay nakahilig sa kanyang balikat.—Oo, Magdalena ko. May isang kaluwalhatiang higit pa sa tinatamasa natin ng̃ayon dito...

At ikinawit ni Amaury ang kanyang bisig sa liig ni Magdalena. Makasandali pa'y nagkalapit na ang kanilang mg̃a ulo, at pagkatapos ay nagpanayam ng̃ buong laya ang kanilang mg̃a kaluluwa...

—¿At ano pang kaligayahan ang tinutukoy mo, Amaury?—ang usisa ni Magdalena.

—Ang magkahayagan ang dalawang puso ng̃ kanilang pagmamahalan sa gitna ng̃ mg̃a sandaling sinasaksihan ng̃ isang matamis na halik... ¡Magdalena, iniibig kita!...

—¡Iiniibig din kita!... Am...

At ang mg̃a labi ng̃ dalaga ay napadampi sa mg̃a labi ng̃ binata. Ang huling salitang hindi natapos bigkasin ni Magdalena ay maituturing na isang sigaw ng̃ pagibig na walang kapantay, ng̃uni't natapos sa isang hinaing ng̃ masaklap na paghihinagpis.

Napaurong si Amaury na sakbibi ng̃ panggigilalas at pagkabakla. Ang kanyang mukha ay tinatagistisan ng̃ malamig na pawis.

Si Magdalena ay napaling̃ay at napalugmok, na ang dibdib ay sapupo ng̃ isang kamay at ang isang kamay nama'y idinadampi sa kanyang bibig.

Sa mg̃a sandaling yao'y gumuhit sa isipan ni Amaury ang isang panimdim na kakilakilabot kaya't siya'y napaluhod sa paanan ni Magdalena. Inihigpit niya ang pagkahawak sa bisig ng̃ kasi, inagaw ang panyolitong nakatakip sa bisig, sa nasang maalaman kung ano ang nangyayari sa mutya ng̃ kanyang buhay, at makasandali pa'y nakita niya sa pamamagitan ng̃ malamlam na ilaw na bahagya na lamang nakararating sa pook na kanilang kinaduroonan, ang ilang bahid ng̃ dugo na nagbuhat sa bibig ni Magdalena.

Sa gayo'y kinalong niya si Magdalena at tulad sa isang nasisiraan ng̃ bait ay patakbong dinala ang dalagang nawalan ng̃ malay-tao sa tanggapan ng̃ maysakit, at inilapag sa hihigan at saka ubuslakas na hinila ang pising nakatatali sa munting bating̃aw, upang makapagpagibik sa mg̃a taong nasa bahay.

Subali't hindi naglipat-saglit at dahil sa pagaalalang mapagbuhusan siya ng̃ poot ni Dr. Abrigny at palibhasa'y talastas niyang wala siyang sapat na lakas upang mapagtiisan ang anomang paratang na maaaring gawin sa

kanya, ay parang haling na nilisan ang silid ng giliw, at gaya ng isang salarin na di pa natatagalang nakagawa ng mabigat na pagkakasala, ay nagsumugod na napakulong sa kanyang sariling silid.

Mahigit na isang oras na si Amaury ay hindi lumabas sa kanyang kuwarto, na hindi humihinga halos at sinisilip at pinakikimatyagan na lamang sa likod ng pinto ang anomang ingay na nangyayari sa palasio. Hindi siya makapangahas na lumabas o manaog kaya upang makatan gap ng maliwanag na balita, kaya't siya'y napilitang magtiis ng paghihirap sa loob ng kanyang silid at nagbata ng isang pagaalinlangang di pa niya inaabot sa tanang buhay niya.

Di kaginsaginsa'y nakaulinig siya ng ilang yabag ng taong umakyat sa hagdan, at papalapit sa kuwartong kinaduroonan niya Makasandali pa'y may tumawag na tao sa kanyang pinto. Nang buksan niya ito'y kanyang nakita ang utusang si José.

—¿Kumusta si Magdalena?—ang tanong niyang sakbibi ng pananabik.

—¡Ah, ang huling pangyayari ay di sasalang makakatimbang na ng kanyang buhay, at ikaw. Amaury, ang may kasalanan ng lahat!...

Ganito ang tahasang sagot na ibinigay sa kanya ng tapat na utusan, sagot na parang isang kahatulang nagbuhat sa marangal na budhi ng taong nagsalita.

Labis nang matataya kung gaano kalungkot para kay Amaury ang gabing yaon. Sa dahilang ang kanyang silid ay nasa dakong itaas ng kuwartong kinalalagyan ni Magdalena, ay hindi siya nakatulog sa buong magdamag at iniukol ang kanyang panahon sa pakikimatyag sa mga nangyayari sa loob ng silid na kinaduroonan ng irog na nasa isang malubhang kalagayan. Maminsanminsan lamang siyang tumitindig, sa mga sandaling kung sa tapat ng kanyang pinto ay may utusang nagdaraan, upang makibalita sa kalagayan ng maysakit.

Pasapasandali ay nakauulinig siya ng pagyayao't dito

ng mga tao, pangyayaring naghihiwatig na si Magdalena ay di saşalang sinasasal ng ubo o kaya'y pinahihirapang lubha ng kanyang sakit, at dahil sa paggunita ng ganito'y nawawasak halos ang dibdib ni Amaury.

Magmamadaling araw na nang maparam na unti-unti ang mga kaluskos at bahagyang ingay na nakararating sa kanyang mga pangdinig, at sa gitna ng gayong paghahari ng katahimikan ay sumaloob ni Amaury na si Magdalena ay nahihimbing na naman.

Upang inatiyak kung hindi siya nagkakamali sa kanyang sapantaha ay minarapat na siya'y manaog sa muntung tanggapan ng bahay at ilang sandaling nakiramdam sa lahat ng dako.

Di naman natagala't nabuksan ang isang pinto. Siya'y napaurong. Nakita niyang lumabas si Dr. Abrigny sa kuwarto ni Magdalena.

Ang malamlam na mukha ni Dr. Abrigny ay nagkaroon ng isang anyong mabalasik, pagkatanaw sa kanya. Naramdaman ng binata na nanghihina ang kanyang mga tuhod; makasandali pa'y napaluhod siya at bahagya na lamang nawika ang ganito:

—¡Patawad!..

Ilang sandaling nanatili si Amaury sa isang anyong nakalahad ang dalawang kamay at nakatungo, naghihinagpis at sa mga mata'y bumabalong ang mga luha ng pagdadalamhati at pagsisisi.

Sa wakas ay hinawakan ni Dr. Abrigny ang kanyang kamay, at—

—Magtindig ka, Amaury—ang sabi.—Hindi ikaw ang may kasalanan, kundi ang Katalagahan na lumilikha ng pagibig, pagibig na samantalang sa iba'y *pumapatay* ay *bumubuhay* naman sa iba... Iyan na nga ba ang nakikinikinita kong mangyayari, kaya't ganyan na lamang ang aking pagpupumilit na ikaw ay makalakad na sa lalong madaling panahon...

—¡Ama ko!.. ¡Iligtas po ninyo siya!—ang pabulalas na naisagot ni Amaury.—Iligtas ninyo si Magdalena,

kahi't hindi ko na siya makita magpakailan pa man.

—Hindi na kailañgang ipamanhik mo pa ang siya'y iligtas ko, Amaury, kailanma't ang gayo'y aking magagawa—ang isinagot ng Doktor;— ñguni't sa pagkakataong ito ay hindi sa akin kundi sa Dios mo dapat paratiñgin ang ganyan mong pakiusap, sapagka't tañging Siya lamang ang makagagawa ng himala.

—¿Ano po ang sabi ninyo?—¿Walangwala na po ba tayong pagasa? ¿Talaga kayang hindi na maaaring iligtas si Magdalena?

—Gagamitin ko, hangga't mangyayari, ang lahat ng napagaabot ng karunuñgan ng tao; subali't ipinagpapauna kong anomang lunas, anomang pagiiñgat ang gawin ay paraparang mawawalang bisa kailan pa ma't ang sakit ay umaabot na sa isang katayuang tulad ng kinalalagyan ñgayon ni Magdalena, na untiunting pumuputi ng kanyang buhay.

At sa mga tuyong balintataw ng matanda ay tumakas ang dalawang malalaking patak ng luha.

Mistulang hibang si Amaury. Iniuunat at iniimbay ang mga bisig, inaiimbay at iniuunat ng walang tuos. Dahil sa pagkahabag ni Dr. Abrigny ay niyakap siya tuloy, at saka nagwika:

—Amaury—anya,—pakinggan mo sana ako. Ang ating tungkulin, magbuhat sa araw na ito, ay walang iba kundi ang pagaanin at maging masaya hangga't mangyayari ang kamatayan ni Magdalena Ako, ay sa pamamagitan ng aking dunong; at ikaw, ay sa bisa, ng iyong pagibig. Tupdin natin ng buong katapatan ang katungkulan nating dalawa..· Ñgayo'y umakyat ka na't magpahiñga sa iyong silid... Saka na kita ipatatawag kung kailan maaaring makita mo si Magdalena.

Ang binata, na naghihintay na makarinig sa mga labi ng Doktor ng lalong mabibigat na paratang at mapapait na pagsisi, ay napamaang sa harap ng kagandahang loob na ipinamalas ng ama ni Magdalena. Minamabuti pa niya ang siya sana'y napagwikaan ng masa-

kit kaysa siya'y pinagpakitaan nḡ isang maaliwalas na mukha, pinakiharapang mabuti at ginamitan nḡ isang pagpapalagay na sagana sa kagandahang loob.

Nagbalik si Amaury sa kanyang silid at binalak na magpadala nḡ liham kay Antonia; nḡuni't sa dahilang hindi magkaayusayos ang kanyang pagiisip, ay buong pagnḡinḡitnḡit na inihagis ang panulat, at hindi na kumilos bahagya man sa pagkakapanḡalumbaba sa binḡit nḡ mesang susulatan. Mahabang sandaling hindi niya nalalaman ang mḡa nangyayari't nagdaraan sa kanya; at saka pa lamang natauhan nang marinig ang boses nḡ utusang si Jose, na nagbabalitang ipinatatawag siya ni Dr. Abrigny, sapagka't ibig siyang makausap.

Si Amaury ay sumunod sa utusan nḡ di nagsalita nḡ kahi't ano; subali't nang dumating siya sa tapat nḡ pinto nḡ silid ni Magdalena ay di na niya napigil ang tangkang siya'y huminto. Naramdaman niyang nauubos ang kanyang lakas at nahahalata pang siya'y pinagtatananan nḡ katapanḡan at tibay nḡ loob...

—¡Pumasok ka, Amaury, magtuloy ka!—ang magiliw na bati ni Magdalena, na nagpilit nḡ gayon na lamang upang marinig nḡ binata at pairugan ang kanyang paganyaya.

Sa yabag lamang nḡ paa napagsiya na ni Magdalena na si Amaury ang nagdaraan sa tapat nḡ kanyang silid.

Ang binata ay muntik nang dumaluhong sa kuwarto nḡ maysakit; dapwa't palibhasa'y naalalang makapagpapalubhang lalo sa maydamdam ang pagkabiglang mangyayari sa kanilang pagkikita, ay kaya't sinikap na sa kanyang mukha'y mailarawan ang isang nakabalatkayong kasiyahang loob, at marahan at buong inḡat na itinulak ang pinto, pumasok sa silid na masayá ang mukha bagama't ang totoo, sa mḡa sandaling yao'y binubusabos ang kanyang kaluluwa nḡ isang kawalang pagasang napakapait at nḡ isang pagkahapis na walang katulad.

Iniunat ni Magdalena ang kanyang mḡa kamay sa hanḡad na masalubong at matanggap nḡ buong giliw ang

binatang nasa kanya nang harap; subali't ang munting lakas ng̃ loob ay hindi nakapamaibabaw sa malaking panghihina ng̃ kanyang katawan, kaya't muli siyang napalugmok at napahandusay na' gaya ng̃ dati.

Nang makita ni Amaury ang ganitong kahambalhambal na ayos ni Magdalena ay paminsang napawi ang katahimikang kunwa'y naghahari sa kanyang puso, at dahil sa pagkabigla at pagkasindak sa namalas niyang pamumutla at panglalalim ng̃ mg̃a mata ni Magdalena ay napahiyaw ng̃ uboslakas at pahandulong na ito'y nilapitan at niyakap ng̃ mahigpit...

Siyang pagtindig ng̃ amá ni Magdalena.

At naghari ang katahimikan na pasandasandaling nagagambala lamang ng̃ paghihinagpis at mg̃a paghibik ni Amaury.

Ang huling pangyayari ay humangga sa malubhang pagkabinat ng̃ maysakit.

## XVI

### (Mga Liham ni Amaury kay Antonia)

"¿MABUBUHAY kaya ako o mamámatáy?"

Ito ang naitatanong ko sa aking sarili araw-araw dahil sa namamalas kong pagkaparam na untiunti ng lakas ni Magdalena, na kasabay ng dahan-dahang pag'alaho ng lahat ng aking mga pangarap sa buhay.

Isinusumpa ko sa inyo, kaibigang Antonia, na sa pagpasok ko kung umaga sa silid ni Magdalena ay hindi isang pabalat-bunga lamang, o bulaklak ng salita o kaya'y isang pakikiugali, ang ganitong tanong na ginagawa ko kay Dr. Abrigny:

"—¿Ano po ang lagay niya ngayon?"

At kung isinasagot niya sa akin ang: "Lumulubha sa rati", ay nagtataka ako kung bakit hindi ganito ang kanyang sinasabi: "Ikaw ay bumibigat kaysa rati".

Hindi na mangyayaring ako'y maglibang sa pamamagitan ng aking mga pangarap. Ang aking pagka-dimapaniwalain ay naghimagsik nang mga unang dako, tumutol, sa lalong tumpak na sabi, laban sa kahatulang iginawad ng karunungan; nguni't ngayon ay untiunti nang napaparam ang aking buong pagasa. Bago dumating ang Septiembre ay walang pagsalang magpapaalam na sa mundong ito si Magdalena.

Datapwa't maniwala kayo sa akin, kaibigang Anto-

nia, na kinakailangang magbanda ng dalawang hukay.

¡Oh, Dios ko!... Hindi ko tangka ang magsalita ng laban sa pangalan at kapangyarihan ng Dios, nguni't ipinalalagay ko na ang aking kapalaran sa buhay na ito ay totoong napakalungkot at walang kasing aba... Ako'y nakarating hanggang sa pinto ng kaligayahan, nguni't hanggang dito na lamang, at pagkatapos ay napalugmok ako at hindi na nakatamasa ng kaligayahang iyan. Tinipon ko ang lahat ng sigla at lakas ng loob upang makamtan ko ang aking mithiin sa buhay, subali't sa wakas ay wala rin akong narating... Yamang ako'y mayaman, nasa katamtamang gulang at iniibig, ¿mayroon pa nga ba akong ibang mahahangad sa buhay na ito kundi ang mabuhay?... Datapwa't hindi ganito ang ninanasa kong mangyari, hindinghindi nga, at malayunglayo, sapagka't ako'y walang pagsalang mamámatáy, kailan pa ma't si Magdalena, na karugtong ng aking buhay, ay pumanaw na sa mundong ito.

Kung magunita ko ang gayon, na ako ang... ¡Dios ko!... ¿Bakit kaya ako'y kinapos ng tapang at tibay ng loob upang maiwasan ang pagniniig na ginawa namin kamakailan lamang? ¡Ah! sapagka't ang nakapamaibabaw noon sa akin ay ang pangambang baka niya isaloob na hindi ko na siya iniibig at dahil dito'y manglamig tuloy ang kanyang pagmamahal. Ako'y mamámatáy rin sa araw na malagot ang hininga ni Magdalena!...

¡Oh, kaibigang Antonia! Napakalaki ang puso ng inyong amain! Magbuhat nang isulat sa akin ang mga salitang yaon ay hindi na ako pinagukulan ng kahi't isa man lamang masakit na bati o pasaring. Hangga ngayo'y tinatawag pa niya akong anak, para bagang hinuhulaang ako ang makakaisang dibdib ni Magdalena, hindi lamang dito kundi hanggang sa kabilang buhay.

¡Kaawaawang Magdalena! Hindi niya nalalaman na ang mga huling sandali ng aming buhay ay nabibilang na.

Kailan ma'y hindi ko pa siya nakikitang kaakitakit at magiliw, malambing at mapaghinampo sa akin, kundi sa mĝa araw na ito lamang. Ako'y nakakagalitan niya kung sakali lamang na ayoko siyang tulunĝan sa "pagbalangkas at pagtatayo sa hanĝin" nĝ mĝa gusali nĝ kaluwalhatiang pinapanĝarap naming dalawa.

Kaninang umaga ay binigla niya ako sa ganitong mĝa kataga:

"—Amaury—aniya,—sa mĝa sandaling ito na tayong dalawa lamang ang naririto ay bigyan mo nĝa ako nĝ papel at tinta. Ako'y susulat...

"—¿Ano ang sabi mo?—ang sambot ko.—¿Diyata't susulat ka, gayong napakahina ang iyong katawan?

"—Ikaw na, Amaury, ang bahalang umalalay sa akin."

Ilang saglit ding ako'y hindi nakakilos at nakapagsalita-dili; ako'y nagulumihanan dahil sa pagaakalang kaipala'y nais na ni Magdalenang maitala ang kanyang huling habilin, sapagka't nakikinikinita na niya marahil na dumarating na ang kanyang kahulihulihang araw...

Nĝuni't ako'y wala ring nagawa kundi ang paghandaan ko siya nĝ masusulatan.

Sa kasamaang palad ay hindi ako nagkamali sa aking mĝa hinuha. Napakahina niya, bagama't siya'y aking inalalayan ay hindi rin niya natagalan ang paghawak sa panitik: ito'y nahulog sa kanyang kamay kaya't hindi naisagawa ang kanyang balak.

Ilang sandali siyang nagpahinĝa. Mapamayamaya'y nagwika na bahagya na lamang marinig:

"—May katwiran ka, Amaury; hindi nĝa ako makasusulat. Ikaw na ang sumulat at sasabihin ko sa iyo kung ano ang ilalagay."

Hinawakan ko ang panitik at humandang sumunod sa kanyang iuutos. Ang aking noo ay ginigitawan nĝ saganang pawis.

Ang ipinasulat ni Magdalena ay isang panukala niya ukol sa kabuhayan, isang panukalang nakasasaklaw sa

pagbabahagi nğ panahong gagamitin namin at iuukol sa aming pagsasama.

Naisipan ni Dr. Abrigny na isangguni ang sakit nğ kanyang anak sa ilang kasamahan niyang mediko. Bagama't ang ama ni Magdalena'y isang manggagamot na balita at matalino, sa harap nğ kalagayan nğ maysakit, ay nawawalan siya nğ pagasa at pagtitiwala sa kanyang sarili. At bukas ay anim kataong nakasuot nğ payak na itim, na kahalintulad nğ anim na hukom, ang maggagawad nğ kahatulan—o buhay o kamatayan,—sa magiging kapalaran nğ kahabaghabag na maysakit. ¡Hukumang nakapanğinğilabot na naatasang humula sa kalooban nğ Dios!...

Ipinagbilin ko nang ipagbigay-alam sa akin ang kanilang pagdating. Sila ay hindi makakaharap ni Magdalena at ni hindi nila ito makikita sapagka't nagaalala si Dr. Abrigny na kung sila'y makita nğ maysakit ay magsasaloob itong napakalubha na pala ang kanyang kalagayan. Maging ang mğa manggagamot man namang kakasangguniin nğ Doktor ay hindi pagtatapatan nito kung sino ang maysakit na pagpupulunğan, palibhasa'y inaakala ni Dr. Abrigny, na kung makilalang ang kanyang anak ay malamang na hindi tuloy ipagtapat sa kanya ang tunay na kalagayan ni Magdalena.

Ako'y nagiisip na makapakinig sa pulong at pagsasangguniang gagawin nğ mğa mediko.

Kahapon ay itinanong ko kay Dr. Abrigny kung ano ang kanyang layon sa pagsangguning gagawin tungkol sa kalagayan ni Magdalena.

"—Ako'y walang hinahangad na anoman—ang isinagot;—wala akong minimithi kundi ang magkaroon nğ isang pagasa...

"—¿At pagasa sa ano?—ang isinambot ko sa gitna nğ pananabik.

"—Na baka ako'y nagkamali sa pagkakilala sa uri nğ sakit ni Magdalena; at dahil sa pagaalala kong ito'y kung kaya't ipinatawag ko ang mğa medikong tagapag-

taguyod at tagapagtanggol ng mga simulain at tuntuning pinakatuligsa kong lubos. Harinawang ako'y magkamali sa aking pagkakilala sa uri ng sakit ni Magdalena. Kung may isang makapagpapagaling at makapagliligtas ng lubusan sa aking anak, ay pagsasabihan ko ng ganito:

"—Kayo ang bathala ng Karunungan sa panggagamot, kaya't marapat na mapasalin sa inyo ang karangalan, ang kabantugan at ang luwalhating nasa kamay ko... Datapwa't ¡ay! napakalaki ang aking pangamba na isa mang makapagpapabulaan sa aking mapait na pagkakilala sa kanyang karamdaman ay... Tila nagising si Magdalena; titingnan ko siya... ¡Hanggang bukas, Amaury!..."

Ngayong ikasampung oras ay ipinagbigay-alam sa akin ni Jose na ang mga mediko ay nagkakatipon na sa tanggapan ni Dr. Abrigny.

Ako'y nagtungo sa sariling aklatan ng Doktor, at nang naririto na ay nagkaroon ako ng pagasa na makikita't mapapakinggan ang lahat ng kanilang gagawin at paguusapan.

Nagkakaharapharap ang lalong mga litaw at matatalinong propesor sa Paaralan ng Panggagamot, ang mga itinuturing na Prinsipe ng Medisina. Anim katao silang hindi maaaring pantayan ng kahi't sino sa buong Europa; subali't gayon man, silang lahat, ay nagsiyuko at bumati ng buong galang kay Dr. Abrigny nang ito'y pumasok at makisalamuha na sa kanila.

Sa mukha at anyo ni Dr. Abrigny ay hindi mahalatang nababalisa ang kanyang puso, datapwa't ako, na may dalawang buwang singkad nang sa tuwituwi na'y nakapagmamasid na siya'y nagsasakit ng gayon na lamang upang magkabisa ang kanyang paraang gagamitin sa ikaliligtas ng kanyang anak, ay napagkilala ko agad sa ayos ng kanyang mga labi at sa tunog ng kanyangboses, na sa kanyang kaluluwa ay kasalukuyang nagbabaka ng buong lupit at dahas ang dalawang damdaming magkasalungat...

Isinaysay ni Dr. Abrigny sa kanyang mga kasama

hang mediko ang sanhi at layon ng kapulungan; iniulat sa kanila ang pagkamatay ng kanyang asawa, ang mahina't maselang pangangatawan ng kanyang anak na babae, ang pagiingat at pagaalagang ginawa niya magbuhat nang ito'y sumilang sa liwanag hanggang sa mga sandaling yaon, at sa dakong huli'y ipinagtapat pa rin sa kanyang mga kasamahan ang mga pangambang sumupling sa kanyang puso nang si Magdalena'y sumasapit na sa kapanahunan ng pagkakilala sa pagibig.

Ipinaliwanag pa pagkatapos ang pagtanggi at pagtutol ng ama na makapagasawa ang kanyang anak na babae, sampu ng iba't ibang pangyayari at kapahamakan na di miminsan ikinapabingit ng buhay noon sa labi ng hukay, hanggang sa sumapit ang mga sandaling ang kamataya'y gumawa ng napakalaking pagbabanta sa buhay ng taong kanyang tinutukoy.

Nang isinasaysay na ni Dr. Abrigny ang lahat ng ito, ay sinalagimsiman ako ng malaking pangamba, sapagka't ako'y nagalalang sa harap ng gayong pagtitipon ay paratangan niya ako na siyang unaunang may kasalanan sa ipinagkakagayon ni Magdalena; at upang ako'y hindi mapalugmok, ay sumandal ako sa palarindingan ng silid.

Pagkatapos na maiulat ni Dr. Abrigny ang kasaysayan ng maysakit, ay nagsalita naman ng tungkol sa uri at lagay ng karamdaman ng babaing kanyang ibinabalita. Dinaliri niyang isaisa ang mga hirap at pagsasakit na kanyang ginawa, pati ng pagsusuring kanyang ginamit upang mapagkilala ang tunay na pinagbuhatan ng gayong karamdaman ng kanyang anak.

Samantalang nagsasalita si Dr. Abrigny ay nababakas sa mukha ng mga taong nakikinig ang isang di pangkaraniwang pagkahanga sa kanya, at sa tuwing siya'y hihinto ng pagsasalaysay ay pinaguukulan siya ng mauugong na palakpak at matataos na papuri. Sa wakas at pagkatapos na maiulat ni Dr. Abrigny ang kalagayan ng sakit ni Magdalena ay nangagkaisa ang kanyang mga kaharap na ituring siyang guro nilang lahat. At may

katwiran naman silang magkagayon. Walang munti mang bagay na nakalalagpas sa masusing pagaaral at pagsisiyasat na ginawa si Dr. Abrigny tungkol sa uri at kalagayan ng̃ maselang sakit ni Magdalena.

Sa gitna ng̃ paghaharapharap na yao'y pinagpawisang mabuti si Dr. Abrigny at mula sa ubod ng̃ kanyang puso ay nararamdaman niya na untiunting napaparam ang kanyang kahulihulihang pagasa. Sa kanyang sarili ay nagtutumibay ang dati nang paniniwalang hindi mali ang pagkakilala niya sa sakit ni Magdalena.

Subali't naisaloob ni Dr. Abrigny na kung sakali ma't hindi siya nagkamali ng̃ pagkilala sa uri ng̃ karamdaman ng̃ kanyang anak, ay mangyayari namang siya'y nalilihis sa paraang kanyang ginagamit sa pagbaka o sa paggamot sa maysakit; at kimkim ang ganitong palagay, na maituturing na isa ring pagasang tang̃ing nalalabi sa kanyang buhay, ay pinasimulan niya ang paglalahad sa mg̃a mediko ng̃ mg̃a paraang kanyang ginawa.

Ilang sandaling hindi nagsiimik ang mg̃a pantas na doktor na pinagsanggunian ni Dr. Abrigny, samantalang sa mukha nito'y sumisilang ang mg̃a sinag ng̃ isang bagong pagasa. ¡Kapuspalad na ama!... Ang lahat ng̃ medikong kanyang kinasangguni ay nagkaisaisa ng̃ palagay na talagang wala nang magagawa ang karunung̃an ng̃ tao laban sa mahiwaga't makapangyarihang lakas ng̃ Kalikasan.

Napagbulaybulay ko tuloy ang ganito: Kung hindi pa malubha ang sakit ni Magdalena, sana'y napagaling na siya sa bisa ng̃ matalinong kaparaanan sa panggagamot na ginamit ni Dr. Abrigny; datapwa't kahi't na makagawa pa ng̃ himala ang Doktor ay hindi rin maililigtas sa kamatayan ang maysakit.

Si Magdalena ay hindi na mabubuhay ng̃ higit pa sa labinglimang araw.

Nang marinig ni Dr. Abrigny ang napakapait na paghahaka ng̃ mg̃a manggagamot ay nanglupaypay ang

kanyang kaluluwa; at sa kanyang katawan ay nagtanan ang lakas na nalalabi, at kasabay ng pabikbihikbing pananĝis ay napalugmok sa upuan.

Ako'y hindi na nakapagpigil. Pasugod akong pumasok sa tanggapang pinagpupulunĝan nĝ mĝa mediko, at napakupkop sa mĝa bisig ni Dr. Abrigny.

Sa gayo'y mapayapang nagsiuwi ang mĝa mediko, matanĝi ang isa na lumapit sa ama ni Magdalena nang matinĝin sa itaas. Siya'y isang manggagamot na mapagmithi nĝ sariling kapurihan at mapaghanĝad nĝ sariling kapakanan lamang, isang taong hanggang sa mĝa sandalinĝ yao'y nakagawa na nĝ mĝa pagtuligsa kay Dr. Abrigny.

Buong pamimitagang sinabi nĝ lalaking yaon ang sumusunod:

"—Ako man ay may isang inang naghihinĝalo nĝayon, gaya rin naman nĝ pagkakaroon ninyo nĝ isang Magdalena. Ako, tulad din ninyo, ay gumawa nĝ lahat nĝ magagawa upang mapanumbalik ang kanyang dating buhay at lakas. Nang pumasok ako sa tahanang ito ay taglay ang paniwala na munti mang lunas ay wala nang makikita para sa sakit nĝ aking ina, nĝuni't nĝayong kayo'y marinig kong magsalita ay nagbago ang aking paghahaka. Ginoong Abrigny, ipinagkakatiwala at inihahabilin ko sa inyo ang buhay nĝ aking ina; kayo'y inaasahan kong makapagliligtas sa kanya.

Kinamayan nĝ mahigpit ni Dr. Abrigny ang kanyang kasamahang manggagamot, pagkamay na may kasabay na isang malalim na himutok.

Pagkatapos na kami'y makapagusap ay nagtuloy kami sa silid ni Magdalena na sumalubong sa amin nĝ masaya ang mukha at nakanĝiti.

Walangwala sa gunita nĝ maysakit na magbuhat sa mĝa sandaling yaon ay itinuturing na namin siyang kahalintulad nĝ isang bangkay, sapagka't kanikanina lamang

ay narinig na'nin ang pangkatapusang himutok sa kanyang buhay.

*
* *

Kagabi, kaibigang Antonia, ay kinailangan ni Dr. Abrigny ang maglamay sa pagbabantay kay Magdalena. Bagama't ako'y hindi naatasang magtanod sa maysakit kagabi, ay hindi rin ako naidlip sumandali man lamang. Sa palagay ko ba'y sa loob ng limang linggong singkad, ay wala pang 48 oras ang aking naitulog.

Ang sinomang makakikita ngayon sa mukha kong namamarak at mga matang nanglalalim at noong may kulubot, ay hindi na makakakilala sa akin at di na rin magugunita yaong panahon ng aking kabataan na ako'y masaya, puspos ng buhay at punungpuno ang puso ng magagandang pagasa. Ang lahat ng ito'y may dalawang buwan lamang ngayong nakararaan. Ang katawan ko'y salantangsalanta, ang kaluluwa ko'y sindal na sindal na sa pagkabalisa at sa tanang kahirapang tinitiis; anupa't napakalaki ang aking itinanda; ang apatnapung araw na nakaraan ay nakakatimbang halos ng apatnapung taóng pamumuhay sa laot ng ganitong napakasawing kapalaran.

Ngayong umaga ay tumutugtog ang ikapitong oras nang ako'y magbangon, at nang ako'y manaog sa lupa nakita kong si Dr. Abrigny ay lumabas sa silid ni Magdalena.

Walang pagsalang hindi niya ako nakita. Kung pakiramdaman ko siya, at alinsunod sa kanyang mga kilos, ay nabubuhos sa isang bagay lamang ang buo niyang pagiisip...

Kinabukasan ng pagkabinat ni Magdalena, ay isinulat ni Dr. Abrigny sa kanyang aklat-talaan ng mga alaala ang ganito: "*Siya'y nabinat* "...

Itongito lamang... ¡Oh!... Nahuhulaan ko na kung ano ang iba pang susulatin niya pagkatapos na maitala ang dalawang salitang ito.

Nang magdaan si Dr. Abrigny, ay kinumusta ko si Magdalena.

"—Hindi siya nagbabago—ang isinagot;—natutulog siya ngayon—anya pang mandi'y may ibang pinagpapakuan ang kanyang pagiisip sapagka't ako'y sinagot nang di man lamang tumingin sa akin.—Siya'y sinasamahan ni Aling Braun... Ihahanda ko ang kanyang gamot."

Magbuhat noong gabing mangyari ang sa sayawan, ay naging isang mistulang butika ang kanyang silid. Siya ang naghahanda at gumagawa ng mga gamot ni Magdalena.

Tinangka kong masok sa kuwarto ni Magdalena, nguni't hindi natuloy sa dahilang ako'y pinigil ni Dr. Abrigny at pinagsabihan ng:

"—Huwag kang pumasok sapagka't baka siya magising."

At ipinagpatuloy ang kanyang paglakad, na di na ako pinansin, nakatungo at ang tingin ay ipinapako sa isang daliri niyang kagatkagat. Ang kanyang pagiisip ay abalangabala sa pagbalangkas ng isang bago't mahalagang panukala marahil.

Sa dahilang hindi ko malaman ang mangyayari hanggang sa magising si Magdalena, ay inihanda ko si *Sturm.*

Magiisan buwan nang ako'y nakukulong sa bahay; kailangang ako'y makasanghap ng malayang hangin.

Nang ako'y makarating sa kagubatan at bagtasin ko ang *Avenida de Madrid,* ay napukaw sa aking panimdim ang mga alaala ng isang pagpapasyal na may tatlong buwan lamang na aking nagagawa

Ang pangyayari noon ay ibangiba sa pangyayari ngayon.

Nang panahong yaon ay tumutuntong ako sa pintuan ng kaligayahan, samantalang sa mga araw na ito'y binabaybay ko ang gilid ng banging kinasasadlakan ng ganap na kawalang pagasa ng tao.

Hindi pa man malay dumating ang panahon ng tag-ulan, ay nagkakalagás na ang mga dahon ng kahoy. Na-

ging malupit ang tagaraw; tangi sa mainit ay alinsangan at bahababagya nang sumimoy ang hanging sariwa.

Malapit nang tumugtog ang ikasampu. Noo'y isang umagang maulap at malamig.

Ako'y nagtungo sa dakong Marly at nang tumugtog ang ikalabingisa ay nagbalik ako sa bahay, na patangpata at hindi na halos makagulapay sa pagod at sa paghihirap ng kalooban. Nataya ko na ang pagod ng katawan ay nagiging panglunas din naman sa mga sákit ng kaluluwa.

Nagkataon namang kagigising pa lamang ni Magdalena.

¡Kahabaghabag at kapuspalad na giliw!... Siya'y hindi nahihirapan; untiunti siyang namamatay nang di man lamang napapansin.

Ako'y nakagalitan niya dahil sa pagkabalam ng aking pagdating at sinabi sa aking siya'y nabalisa ng gayon na lamang samantalang ako'y wala pa sa bahay. Nguni't tungkol sa inyo, kaibigang Antonia, ay hindi niya ako kinakausap ng anoman. ¿Ano kaya ang ibig sabihin ni Magdalena sa ginagawi niyang ito?

Ako'y lumapit sa kanyang ulunan at sinikap kong mapaliwanagan siya sa pamamagitan ng pagsasabing kung kaya ako umalis sumandali ay sapagka't inakala kong siya'y natutulog.

Hinadlangan ang aking pagsasalita: iniabot at pinahagkan sa akin ang kanyang kamay na nakapapaso halos sa init, at pagkatapos ay ipinamanhik na basahin ko lamang sa kanya ang ilang dahon ng kasaysayang *Pablo at Virginia*.

Minsanminsan ay pumapasok ang Doktor sa kuwarto ni Magdalena, upang alamin ang kalagayan ng maysakit at pagkatapos ay umaalis nang walang kibo at natitigilan. Siya'y buong paglalambing na kinagagalitan ni Magdalena kung nakikitang palagi nang nakatungo; nguni't hindi naman niya pinapansin at hindi man lamang sinasagot ng kahi't ano.

Di natagala't muling pumasok ang Doktor upang bigyan nğ gamot na pangpaginhawa ang maysakit, at pagkatapos ipagbiling magpahingang mabuti, ay ibinulong sa akin na lumabas na akong kasabay niya upang matahimik si Magdalena at makapagpahingã kahi't ilang sandali man lamang.

* * *

Kung gabi ay ako ang naatasang magbantay.

Si Dr. Abrigny, si Aling Braun at saka ako ay naghahalihaliling katulong nğ isang *nurse* sa pagtatanod at pagaalaga kay Magdalena. Bagama't ako'y nakaramdam nğ pagkahapo, ay hiningi ko rin kay Dr. Abrigny ang aking karapatang makapagtanod sa nakaratay. Ang aking kahilingan at di naman ipinagkait. Siya'y umalis nang walang tutol at ni bahagya mang pasubali.

Pagkalipas nğ ilang sandali'y naidlip si Magdalena at nahimbing na gaya nğ kanyang karaniwang pagkahimbing, at wari bagang ang mğa huling araw nğ kanyang buhay ay di pa niya nararamdamang namamanaag na sa langit nğ kanyang palad.

Ako'y hindi nakakatulog saglit man. Sa harap nğ mğa luksang panimdim na nagsasalimbayan sa aking gunita ay hindi makapangahas na makalapit sa akin ang anyaya nğ pagtulog. Datapwa't nang hatinggabi na ay naramdaman kong parang naguulap ang aking mğa mata at saka bumibigat ang aking ulo; sa likod nğ isang pakikipaglaban sa antok ay napasandig ako sa isang tabi nğ hihigan nğ aking mutyang Magdalena.

Ako'y nanaginip at ang napangarap ko'y nakabusog sa kaluluwa at nakapawi nğ mğa kapighatiang dinaranas nğ aking puso... Napanaginip ko na noong isa sa mğa kaaayaayang gabi nğ buwan nğ Hulio, gabing lalo nang pinaging kaakitakit nğ liwanag nğ buwan, si Magdalena't ako'y magkasama diumanong nagpapasyal sa isang bayang hindi pa namin nararating at noon ko pa lamang nakita. Kami raw ay naguusap sa baybay nğ dagat, ta

tinutunton namin ang buong paligid ng look na yaong lubhang nakahahalina; bukod sa baybaying iyon ay hinangaan din naming dalawa ang ibinubunga sa pagtama ng sinag ng buwan sa mga mumunting alon ng tubig. At sa gitna ng mga sandaling yaon ay tinawag ko raw na kapilas ng dibdib si Magdalena, at ako nama'y tinatagurian din niya ng ganito ng buong giliw.

Hanggang dito humantong ang aking panaginip sapagka't ako'y nagising agad.

Nang ako'y dumilat ay namalas kong ang loob ng kuwarto ni Magdalena ay naliliwanagan ng kaunti ng mga sinag ng buwan at sa tulong ng isang malamlam na ilawan, ay napagmalas kong sa aking tabi ay naruruon at nakaupo si Dr. Abrigny, walang imik at may anyong kapitapitagan at ang mga mata'y nakapako sa hihigan ni Magdalena. Ito nama'y nakakatulog ng mahimbing.

"—Nakita mo na, sinasabi't makasasama ang iyong pagbabantay—ang kapagkuwa'y isinisi sa akin ni Dr. Abrigny.—Kung sa bagay ay hindi ko pinagtatakhan ang pagkaidlip mo, sa dahilan ang tao, sa gulang na dalawampu't tatlong taon ay nararapat na matulog na mahigit na tatlong oras kaysa isang tumutuntong na sa animnapu. Paroon ka na't magpahinga ka, Amaury; ako'y magpapaiwan dito upang makapagbantay kay Magdalena."

Ang pagkabigkas ng mga salitang ito ay walang hawig na pagtuya o pagkagalit kaya sa akin; ipinahayag niyang kimkim sa puso ang pagkahabag sa aking mahinang katawan. Datapwa't hindi ko malaman kung ano't nang marinig ko ang gayong payo ay nakaramdam ako ng isang pangingimbulo at pagkainggit.

Paano'y sapagka't ang pagkakilala ko kay Dr. Abrigny ay may isang katalinuhan at kalooban bihirang makita sa karamihan. Sa gabigabi ay naglalamay siya ng pagtatanod kay Magdalena at samantalang nagiisa sa kanyang pagbabantay ay palanging nakatungo at ang pag

iisip ay pinapaglalayag sa kalautan ng̃ walang hanggang pagmumunimuni. Masasabing sa kanyang walang puknat na pagbubulaybulay ay hinahanap niya sa papawirin ang pangkatapusang lunas sa karamdaman ng̃ kanyang anak.

Hindi sa aking silid ako nagtuloy, kundi minarapat kong manaog sa halamanan upang ako'y umupo sa bangkong pinagpahing̃ahan namin ni Magdalena noong isang gabi. Sa bangkong yaon ay muling nanariwa sa aking pagiisip ang lahat ng̃ nangyari't nagdaan sa amin, pati na ng̃ lalong kaliitliitang bagay...

Magbuhat sa hardin ay natatanaw ko ang silid ni Magdalena, na naliliwanagan ng̃ isang malamlam na ilaw; at ako sa aking pagmamasid sa ilaw, ay naisasaloob kong ito ang kahalintulad ng̃ maigsing buhay na nalalabi na lamang sa kapalaran ng̃ aking giliw. Di nalauna't namatay na bigla ang ilawan...

Ako'y kinilabutan sa harap ng̃ gayong di inaantay na pangyayari, na parang inihuhudyat sa akin ng̃ Tadhana ang mapait na kapalaran na sa lalong madaling panaho'y sasapitin ko. Nagunita kong tulad ng̃ ilaw na yaon na untiunting lumalamlam at biglang sinakmal ng̃ dilim, ay gayon din naman ang pagkamatay na nangyayari sa tang̃ing sinag ng̃ liwanag—dili iba't si Magdalena,—na nakatatanglaw sa aking buhay.

Umakyat tuloy akong nagdudumali at nasok sa aking silid, na lumuluhang animo'y isang batang musmos.

* *
*

Nang ako'y pumasok kaninang umaga sa tanggapan ni Dr. Abrigny ay naratnan ko siyang natutubigan, nakapatong ang dalawang kamay sa mesa, nakatung̃o at ang mukha'y nakasubsob sa kanyang mg̃a kamay.

Kapagdaka'y naisaloob ko na siya'y nadaig din ng̃ antok kaya't nawika ko sa sariling ang aking pagkapabiya ay dinamayan na rin ni Dr. Abrigny; subali't siya pala'y hindi natutulog, anupa't ako'y nagkakamali sa aking sapantaha, sa dahilang pagkaulinig niya ng̃ aking

mĝa hakbang ay itinaas ang ulo at ako'y nilingon: na ang mĝa mata'y nalulunod sa balong nĝ luha.

Naramdaman kong ang aking puso'y parang nililingkis at sa isang kisap mata'y tila ibig magtanan ang aking hininĝa.

Yaon lamang ang kaunaunahang sandali na si Dr. Abrigny ay nakita kong may luha sa mata, at ang mĝa luhang yaon ay maliwanag na nagsasabi sa akin na sadyang hindi na maililigtas si Magdalena.

"—¿Talaga po bang wala na tayong pagasa?—ang pabulalas na naitanong ko.—¿Wala na ba kayong ibang naiisip na lunas sa ikaliligtas ni Magdalena? ¿Hindi ba kayo maaaring lumikha nĝ anomang kaparaanan upang siya'y makatawid sa malupit na karamdamang nagpahirap sa kanya at ipinagdurugo nĝ ating puso?

"—Walangwala na tayong magagawa, Amaury—ang kanyang isinagot sa akin—Kahapon ay naghanda ako nĝ isang bagong gamot, nĝuni't napatulad din sa iba: nawalan nĝ bisa. ¡Oh! Sasabihin lamang na mataas na ang napagabot nĝ isip nĝ tao!.. ¡Na ang karunuñgan ay lumilikha nĝ mĝa himala!. . ¡Oh, ang karunuñgan! Nĝuni't ¿ano ang karunuñgan?—ang ipinagpatuloy at napatindig at nagyao't dito na ginigiyagis nĝ walang kahambing na pagkabalisa at nĝ isang simbuyo nĝ kalooban na nagpapasiglang lalo sa kanyang pagsasalita.—Ang karunuñgan nĝ tao, ¡ah! isang salita lamang na walang kahulugan, isang aninong bahagya nang mabakas sa lawak at kadakilaan nĝ Kalikasan... ¡Ah!... Kung ang lahat lamang nĝ nakapagaral nĝ panggagamot ay nagsakit upang lalo pang mapagkilala't mataho ang mĝa iniñgatang lihim nĝ karunuñgang ito, sa ginagawa kong walang puknat na pagpapagod sa lalong ikatataas nĝ uri nĝ Medisina, sana ay malaki na ang ikinasulong sa panahong ito nĝ karunuñgang iyan... Nĝayo'y ¿ano pa ang kabuluhan nĝ Medisina sa harap nĝ kahambalhambal na kalagayan nĝ aking anak? Ang karunuñgang iyan nĝ tao, sangayon sa taas nĝ pagkakaunlad na kanyang nara-

rating, ay walang anomang tulong na nagawa sa akin kundi ang ipabatid lamang na sa buhay ng̃ anak ko ay wala nang nalalabi kundi walo o sampung araw na lamang.

Pagkarinig ko sa mg̃a katagang ito na ipinahayag ni Dr. Abrigny sa gitna ng̃ paghihirap ng̃ kanyang loob, ay napahiyaw ako ng̃ ubuslakas, hiyaw na tinugon lamang ni Dr. Abrigny sa pamamagitan ng̃ pagtutuloy ng̃ kanyang pagsasalita:

—Datapwa't... ¡hindi!... ¡hindi!... Si Magdalena'y ililigtas ko. Ako'y makatutuklas ng̃ isang gamot, ng̃ isang lihim, ng̃ isang himala, na makapagpapahaba ng̃ kanyang buhay; at kahi't na ang paraang ito'y gamitan ng̃ buháy na dugong dumadaloy sa aking mg̃a ugat. ¡Ah, maililigtas ko pa ng̃a si Magdalena! ¡Maililigtas ko pa ng̃a siya! ¡Oh, anak ko, ikaw ay mabubuhay pa!...

Hinawakan ko ang Doktor at pinigilan ko ng̃ mahigpit sa kamay, sa pagaalalang siya'y mapalugmok.

—Amaury—ang mahinay na wika sa akin,—pakinggan mo ang sasabihin ko sa iyo.—Sa mg̃a araw na ito ay dalawang panimdim ang nagsasalimbayan sa aking pagiisip. Isa'y ang sapantahang marahil ay maililigtas ko si Magdalena kung sakali't sa isang kisapmata lamang, na kasingtulin ng̃ paglipad ng̃ pagiisip ng̃ tao, ay maaaring siya'y mailipat sa ibang lupa na lalong nababagay sa kanyang sakit, gaya sa Nisa, sa halimbawa, sa Madera, o sa Palma. ¡Oh! ¿bakit baga kaya't ako'y hindi pinagkalooban ng̃ Dios ng̃ isang kapangyarihang mapasaakin ang pagpapasiya sa panahon, na bigyang hangga ko ang papawiring walang katapusan at saka mabago ang lakad ng̃ Sangdaigdig?... Ang isa pang gunitang naghahari sa akin, ay ang kung sakali't mamatay na ang aking anak ay saka pa lamang matutuklasan kaipala ang mabisang lunas na pinakahahanap namin ng̃ buong tiyaga at pagsusumakit. At kung ito'y mangyari, at sakaling ako pa ang makatuklas, ay isinusumpa ko, sa ng̃alan ng̃ aking sarili na kahi't kanino'y hindi ko sasabihin...

¿Ano ang kabuluhan sa akin ng̃ anak ng̃ ibang tao? ¿Ang kanila bagang mg̃a magulang ay naririto ng̃ayon sa aking tabi upang ako'y saklolohan at tulung̃an sa ginagawa kong pagliligtas sa aking anak?...“

Ganitong mg̃a kataga ang ipinahahayag ng̃ Doktor nang pumasok si Aling Braun at ibalita sa amin na si Magdalena ay nagising. Noon ko napagkilala, kaibigang Antonia, kung gaano kalaki at kalakas ang kapangyarihan ni Dr. Abrigny sa kanyang sarili. Kapagkaraka'y nakubli ng̃ inyong amain ang damdaming naglalatang sa kanyang puso. Sa kanyang mukha'y walang napabakas kundi ang pangkaraniwang lamlam ng̃ isang kaluluwang tuwina'y naninimdim at binubusabos ng̃ pagdurusa.

Itinanong sa akin ni Dr. Abrigny kung siya'y samahan ko; datapwa't ako'y di tulad niyang may lakas upang makapagpigil at makapagtimpi ng̃ dinaramdam ng̃ loob, kaya't bago ko nasagot ang kanyang katanung̃an ay mahabang sandali rin ang kinailang̃an kong makalipas. Ang aking pagkapatigagal ay umabot ng̃ may kalahating oras na mahigit.

At sa loob ng̃ kalahating oras na iyan ay niyari ko ang liham na ito upang makapagbalita ako ng̃ mg̃a bagay na dapat ninyong matalastas, kaibigang Antonia.

¡Isang anghel sa lupa ang papanaw sa buhay na ito!

Nang pagmasdan ko kaninang umaga ang mukha ni Magdalena, na nahihiyasan ng̃ isang dilag na karaniwang ipinahihiram ng̃ Tadhana sa mg̃a taong papanawan na ng̃ buhay, sa mg̃a huling sandali ng̃ pagtibok ng̃ puso, ay naisaloob ko ang ganito:

—¡Oh, iyang kagandahang iyan, ang mg̃a ng̃iting iyan at mg̃a ting̃ing puspos ng̃ giliw at pinapagniningning ng̃ isang marubdob na pagibig, ang lahat ng̃ iyan ay di ba siyang tinatawag na kaluluwa?... ¿At maaari bagang mamatay ang kaluluwa?...

Subali't sa ibabaw ng̃ lahat, ay mamámatáy si Magdalena.

At lilisanin niya ang buhay na ito, at maglalaho siya sa aking paningin, na kailan ma'y hindi siya napasaaking kandungan.

¡Kapuspalad na Magdalena!

Nahahalata kong untiunting nahihiwatigan ni Magdalena na lumalapit na ang paglubog ng araw sa kanyang buhay; at napapansin kong dahil sa ganitong pagkahalata niya'y dahandahang nakapananaig sa kanyang sarili ang lalong mapanglaw na gunita.

Sa araw na ito, bago ako nasok sa kanyang silid ay ilang sandali akong huminto sa pintuan. Narinig kong sinasabi ni Magdalena kay Dr. Abrigny, sa isang hawig at boses na mandi'y nagmumula sa bibig ng isang batang bago pa lamang nagkakaisip, ang ganito:

—Nalalaman kong masama na ang aking lagay... Nguni't nalalaman ko rin, na kayo, ama ko, ay nagsasakit upang ako'y mailigtas. ¿At di nga ba ninyo pinagsusumikapang ako'y maagaw sa kamay ng kamatayan? Sapagka't kung ako'y mamatay—anya pang ibinaba ang tinig,—ay mamámatáy din naman siya...

—Siyang totoo, Magdalena; tunay ang sabi mo, anak ko; at tunay rin naman na kung mamatay ka ay mamamatay rin ako!...

Sa mga sandaling yao'y bigla akong nasok sa silid at ako'y umupo sa kanyang ulunan.

Inaakala ni Magdalena na nalilihim sa akin ang tunay na kalagayan niya at nahalata kong gayon na lamang ang kanyang pagsasakit upang ang kanyang mga pangamba ay huwag nang makarating sa aking kaalaman.

Pagkaraan ng ilang sandali ay ipina manhik ni Magdalena na ako'y lumabas sa kanyang silid at magtuloy sa salon upang tugtugin kong muli yaong bals ni Weber na kinagigiliwan at nakakahimalingan niya ng gayon na lamang.

Sa mga unang sandali ay hindi ko pa mapasyahan kung dapat kong pairugan o hindi ang kanyang nais;

datapwa't inihudyat sa akin ng̃ mediko na paunlakan ko na ang kanyang kahilin̈gan, kung kaya nama't ako'y sumunod.

Datapwa't... ¡ah!... Sa pagkakataong ito ay hindi na nakuha ni Magdalena ang tumayo upang makalapit sa akin, di gaya noong mg̃a nakaraang araw na pinautang ng̃ sigla at lakas ng̃ tugtuging naiibigan niya sa lahat.

Tinangka niyang magbangon, ng̃uni't nang matatapos na lamang ang kahulihulihang bahagi ng̃ tugtugin ay napahimutok at pikit ang mg̃a matang napalugmok sa bihigan.

## XVII

SI Antonia ay nagbalik at dumating na sa bahay ni Dr. Abrigny para mapasapiling ng̃ kanyang pinsang maysakit, na sa laot ng̃ kalubhaan ay oras na lamang ang hinihintay upang ang kaluluwa'y makalipad ng̃ buong laya sa dako pa roon ng̃ papawirin...

Nang magkita ang magpinsan ay napasigaw si Antonia, at nalalaglag ang mg̃a luha na lumapit sa hihigan ng̃ nakaratay.

Si Magdalena ay nagtangkang sumandal ng̃ kaunti ng̃uni't hindi ipinahintulot ng̃ kanyang kahinaan. Sa loob ng̃ ilang saglit ay nagyakap ang magpinsan, pagyayakap na sinaksihan ng̃ mg̃a luha ng̃ kasiyahang loob sa isang dako, at ng̃ pamimighati naman sa kabila...

Pagkatapos ay umupo si Antonia sa likmuang ginamit ng̃ paring ipinatawag ni Dr. Abrigny, upang magbigay ng̃ mg̃a panghuling aral sa maysakit.

Sa likod ng̃ may dalawang buwang pagkakalayo ni Antonia sa bahay ng̃ kanyang amain ay lalo manding naragdagan ang kanyang kagandahan. Masasabing punungpuno ng̃ buhay ang kanyang katawan, at may karapatang magkimkim ng̃ isang pagibig at tumbasan naman ang pagibig na ito ng̃ isang pusong tapat magmahal at marunong magpahalaga.

Pagkalipas ng̃ ilang sandaling hindi pagiimikan ng̃ mg̃a nagkakaharaphirap, ay si Dr. Abrigny ang unang nagsalita, at nagpahayag ng̃ ganito:

—Hindi mo pa dapat malimutan, Magdalena, na ikaw ang kusang nagpatawag, o nagpautos, sa lalong tumpak na sabi, na pumarito ang pinsan mong si Antonia; samakatwid ay labis mo nang mapaghuhulo na ang kanyang pagkapagbalik ay ibinunsod ng̃ magandang hang̃ad na makapagbigay at makasunod sa iyong kahiling̃an.

—Siyang̃a po, kaya't ako'y natutuwang lubos sa muling pagkikita namin.

At ang kahabaghabag na naghihing̃alo ay naghagis ng̃ isang sulyap kay Antonia, sulyap na may kasabay na ng̃iti.

Si Amaury ay walang unang napansin sa gayong inanyo ni Magdalena kundi ang pananaghili't paninibugho nito kay Antonia.

Talaga sanang magbibitiw na si Amaury kay Magdalena ng̃ isang matibay na sumpa ng̃ pagibig at pagkamatapat, upang mapawi ang pagdaramdam na kinikimkim sa puso ng̃ kanyang irog, ng̃uni't hindi natuloy sa dahilang nang isasagawa na ang kanyang balak ay siyang pagkarinig ng̃ tugtog ng̃ isang kampanilya, na nakapagpatigagal sa kanya. Parang ipinako siya sa kanyang pagkakatayo.

Ang mg̃a taong nagsidating ay dili iba't ang pari na may kasamang sakristan at dalawang bataan ng̃ simbahan upang tupdin ang mg̃a kuntilbutil ng̃ Relihion sa isang papanaw.

Pagkarinig sa tunog ng̃ kampanilya, ang lahat ay tumahimik, ang lahat ay nagsipagbigay-galang.

Unang pumasok ang sakristan na may hawak na isang krus; kasunod niya ang dalawang bataan na may dalang kandila, at sa huli, ay ang pari na taglay ang tinatawag na "Santo Viático".

Tang̃ing yaong mg̃a tao lamang na naging saksi sa mg̃a sandaling papanawan ng̃ hining̃a ang isang buhay; tang̃ing yaong mg̃a tao lamang na nakaluhod sa paanan ng̃ hihigan ng̃ isang kaluluwang magsusulit sa Dakilang Lumikha; tang̃ing yaong mg̃a tao lamang na nakamalas ng̃ untiunting pagpanaw ng̃ isang mutya sa puso at pi-

nakamamahal ng higit sa buhay; tanging sila nga lamang ang makatatarok, kung gaanong bisa ang maiiwan sa kaluluwa, ng mga pangungusap ng isang itinuturing na Kinatawan ng Dios, at mga pangungusap na iniiwan at inihahabilin sa isang buhay na papanaw.

Si Amaury, sa gitna ng di maulatang paghihinagpis at pagkalungkot, ay hindi nakapagsalita kaputok man. Damdam ba niya'y sasambulat ang kanyang dibdib dahil sa pagaalimpuyo ng di matingkalang pagdadalamhati na walang awang nagpapahirap sa kaluluwa niya.

Si Dr. Abrigay na mistulang pipi,—walang kakibukibo, hindi makaiyak, at hindi makapagsalita,—ay walang tanging nagawa kundi ang pagtiimin ang mga bagáng sa isang panyolitong nakasumpal sa kányang bibig.

Tanging si Antonia lamang, palibhasa'y babae, at sapagka't babai'y may kaloobang mahina, ang hindi nakapagpigil sa mga luhang bumabalong sa mga mata at hindi nagkaroon ng sapat na lakas upang lunurin sa kanyang sarili ang matinding paghihinagpis. Siya'y maminsanminsang napapahimutok.

Napahandusay sa hihigan ni Magdalena, at marahang nagwika:

—¡Dios ko! Kailan ma'y huwag mong ipahintulot na malaman ng pinsan ko ang damdaming nanaig sa aking sarili nang siya'y aking makita, na hinangad kong mamatay pagkalagot ng aking hininga.

Ang Kinatawan ng Dios ay lumabas sa silid, na kasabay ng kanyang mga kasamahan.

Sa kuwarto ni Magdalena ay naghahari ang isang katahimikang hindi mapangahasang gambalain ng kahi't sino. Si Magdalena, na hanggang sa mga sandaling yao'y nagkakakrus ang dalawang kamay, ay naghagis ng isang tingin sa kanyang ama at ng isang titig kay Amaury.

Si Antonia ay marahang nagdarasal.

Noon na nagsimula ang isang gabi ng paglalamay na puspos ng lungkot at kalong ng katahimikan.

Ang nararatay ay nagtangkang magsalitang muli, na

pangkatapusan na kaipala sa kanyang mĝa sasabihin upang makapagpahimakas sa mĝa mutya nĝ kanyang buhay, nĝuni't sa bisa nĝ isang pagsasakit na di pangkaraniwang ginawa niya, bagama't malakingmalaki na ang kanyang panghihina, ay nakabigkas din siya, nĝ ilang pangungusap lamang.

Si Dr. Abrigny na nasa kanyang tabi at siya ang tinititigan, ay nakiusap na huwag na siyang magsalitang gaano..

—Ako'y nagiginaw—ang paanas halos na nawika ni Magdalena.

Nahiga si Antonia sa tabi nĝ paanan ni Magdalena upang mabigyang init nĝ kanyang katawan ang katawang nanglalamig nĝ kanyang pinsan...

Si Magdalena ay may iba pang sinasabi nĝuni't hindi na mawatasan sapagka't nagsasará na ang kanyang sihang.

Hindi mailalarawan ang dalamhating nagpapahirap sa tatlong pusong nakaliligid sa hihigan nĝ maysakit. Ang sinomang nakapaglamay na sa tabi nĝ isang anak, o nĝ isang inang naghihinĝalo, ay labis nang makatatalastas kung gaanong pagdaramdam at pagkahapis ang nananaig sa kaluluwa nĝ isang tao, na hindi maaaring isaysay nĝ buong liwanag.

Saglit ma'y hindi inilalayo ni Amaury at ni Antonia ang kanilang tinĝin kay Dr. Abrigny. Totoong napakahirap sa puso nĝ isang tao ang magkaroon nĝ paniwalang munti mang pagasa'y wala nang nalalabi sa kanyang buhay...

Nang magiikaapat nĝ madaling araw ay nagbagong anyo na ang maysakit. Nang makita ni Amaury na ipinikit ni Magdalena ang mĝa mata nito, ay biglang tumindig, nĝuni't siya'y pinigil nĝ Doktor, kasabay ang wikang:

"—Siya'y naiidlip; bayaan mong makatulog. May isang oras pang nalalabi sa kanyang buhay."

Ang totoo ay tinatamasa pa ni Magdalena ang kaulihulihang pagpapahinĝa nĝ kanyang katawan. Saman-

tala'y dahandahang hinahawi ng̃ madaling-araw ang lambong ng̃ gabi, at ang mg̃a bituin sa lang̃it ay isaisang naglalaho sa harap ng̃ maningning na liwanag ng̃ pagbubukang liwayway.

Nang hawakan ni Dr. Abrigny ang pulso ni Magdalena, ay napansin niyang yao'y untiunti nang nawawala.

Buhat sa munting bating̃aw ng̃ isang simbahang malapit ay tinugtog ang ikalimang oras, at saka ang *Angelus* na nagaanyaya sa lahat upang manalang̃in at tumawag sa Dios.

Sa bintana ng̃ silid ng̃ naghihing̃alo ay may dumapong isang maliit na ibon; humuning, ilang sandali at kapagkuwa'y lumipad at nawalang patuluyan sa himpapawid.

Dumilat si Magdalena at nagtangkang bumang̃on; samantala'y nagwika:

—¡Hang̃in!... ¡Kailang̃an ko ng̃ hang̃in!... ¡Hindi ako makahing̃a!... ¡Para akong nalulunod!...

At napalugmok na kasabay ang isang malalim na buntunghining̃a.

Yaon na ang kahulihulihan niyang himutok.

Si Magdalena Abrigny ay lumipat na sa kabilang buhay.

Nagtindig si Dr. Abrigny at nagwikang ang tinig ay waring nakukuyom sa dibdib na pinaghaharian ng̃ pagdaramdam. Anya:

—¡Adios, Magdalena! ¡Paalam na anak ko!...

Si Amaury ay napahimutok ng̃ ubuslakas.

Si Antonia ay humagulgol ng̃ iyak. Sa damdam ba niya'y sasambulat ang kanyang dibdib.

¡Siyang totoo!... ¡Si Magdalena ay di na humihing̃a!...

Paris ng̃ mg̃a bituin sa lang̃it, ang kanyang liwanag ay kinain ng̃ laho. Dahandahan ang kanyang kaluluwa'y lumipat sa kabilang buhay; dahandahan at walang paghihirap na nalagot ang kanyang hining̃a.

Nang̃apipi, nang̃apatigagal ang tatlo sa pagmamalas sa bangkay ng̃ kapuspalad ..

Nang mapansin ni Amaury na ang magagandang mata ni Magdalena'y naiwang nakadilat ng̃ kaunti, ay tinangkang papagdaupin, ng̃uni't pinigil ni Dr. Abrigny, kasabay ang wika:

—Ako na ang gagawa ng̃ naiisipan mong gawin, yamang ako'y kanyang ama.

At pagkatapos na mapaglingkuran ang patay ng̃ isang paglilingkod na ibinubunsod ng̃ pagkahabag, at pagkapaglilingkod na ibinubunsod ng̃ pagkahabag, at pagkatapos na mapagmasdan niyang ilang saglit ang nakalulunos na anyo ng̃ anak na pumanaw, ay tinakpan ng̃ kumot, sa kakulang̃an ng̃ talukbong na magamit, ang mukha ng̃ yumao na malamig na, palibhasa'y hinining̃ahan na ng̃ kamatayan.

At sa huli'y nagsiluhod ang tatlo, at nanatak ang luhang nagsidalang̃in ng̃ taimtim sa kanilang puso, sa kapakinabang̃an ng̃ kaluluwang kaaalis lamang, na di sapakinabang̃an ng̃ kaluluwang kaaalis lamang, na di sasalang sa mg̃a sandaling yao'y nananalang̃in din sa Lang̃it, sa kapakanan ng̃ mg̃a naiwan niya sa Lupa...

## XVIII

NANG magbalik si Amaury sa kanyang silid ay wala siyang nabakas sa lahat ng̃ bagay—maging sa mg̃a kasangkapang nang̃akapaligid at maging sa mg̃a kuwadro at iba pa—kundi ang mapapait na alaala, at mg̃a alaalang hindi maaring pakipaglabanan ng̃ kanyang sarili. At dahil sa tindi ng̃ kapighatiang nakapagpapahibang sa kanyang isip, ay lumabas sa daan: lumabas na naglalakad, walang tiyak na pook na patutung̃uhan, at sa sarili'y walang ninanais kundi ang mailayo ang kanyang mg̃a paning̃in sa alin mang bagay na nagdudulot lamang sa kanya ng̃ sákit ng̃ loob.

Noo'y tumutugtog ang ikanim at kalahati ng̃ umaga.

Si Amaury ay nakatung̃ong lumalakad, at sa lawak ng̃ kadilimang kinakaharap at kinasusunung̃an ng̃ kanyang kaluluwa, ay waring nakikita niya ng̃ buong liwanag ang tindig at pang̃ang̃atawan ni Magdalena na nababalot ng̃ isang kasuutang putingputi, at sa laot ng̃ pang̃ung̃ulila ng̃ kanyang diwa ay walang tang̃ing umaaling̃aw sa kanyang pangdinig kundi ang ganitong mg̃a pang̃usap:

"¡Mamatáy!... ¡Mamatáy!..."

Sa Bulebard ng̃ mg̃a Italiano, na narating ni Amaury na di diya maalaman kung paano't kung bakit, ay nakasalubong siya at pumigil sa kanyang lakad, ng̃ tatlong dating kaibigan at paraparang naging mg̃a kasamahan ng̃ kanyang pagkabinata, at bawa't isa'y may tabakong nakasumpal sa bibig at ang mg̃a kamay ay na-

kapaloob sa bulsa, ang kanilang masasayang mukha ay naghihiwatig ng̃ isang kalagayang lalong nananagano sa malaking tuwa at kasiglahan na mangyayaring pakahuluganan ng̃ isang pagkalang̃o.

—¡Aba, hoy! ¿Hindi ba ikaw ang si Amaury?—ang isinigaw ng̃ isa sa isang tinig na mataginting.—¿Saan ka ba nanggaling? Magsabi ka ng̃a ng̃ totoo. ¿At saan ang tung̃o mo ng̃ayon? ¿At saan ka naglubalob nitong mg̃a dalawang buwang kalilipas pa lamang? Matagaltagal na ring hindi ka namin nakikita...

—Dahandahan ka ng̃ pagsasalita—ang isinagot naman ng̃ isa, at hinadlang̃an ang paguusisa ng̃ una.—Ang lahat ng̃ tanong mo, kung sa bagay, ay mahalaga at tumpak; ng̃uni t kailang̃ang isaisahin natin ang pagsisiyasat sa mg̃a bagay... Unauna ay kailang̃an munang ipaliwanag natin ng̃ayon kay Amaury, sa ikasisiyang loob niya, ang nagawa nating pagkakasala... Akalain ba ninyong sa mg̃a sandaling ito—ikapitong oras ng̃ umaga—ay may taong naglalakad ng̃ ganitong ayos sa mg̃a mataong lansang̃an nitong Paris. ¡Ah!... Hindi mo mapaghuhulo, Amaury, na kami'y hindi pa nakakatulog at ni di naisasayad man lamang ang aming likod sa banig. Kaya't ng̃ayo'y tuluytuloy na kami sa hihigan... Kaming tatlo'y nagparaan ng̃ gabi sa bahay ni Alberto na naghandog sa amin ng̃ isang munting kasayahan at salusalo. At ng̃ayon ay magbabalik na ng̃a kami sa aming tahanan, magbabalik kami ng̃ naglalakad, gaya ng̃ nakikita mo na, upang makasanghap ng̃ hang̃ing malaya sa umaga.

At ang tatlong magkakaibigan ay pinagpakuan ng̃ ting̃in ni Amaury: hindi matanto kung ano ang kanyang namamalas at hindi mawatasan ang pinaguusapan at mg̃a pinagsasabi ng̃ tatlong yaon.

—Nalalaman mo na—ang sagot ng̃ una na nakisaliw sa salitaan;—ng̃ayon ay may katungkulan kang patunayan mo ang iyong pagka-palagising ng̃ maaga at sabihin mo sa amin kung ano't sa loob ng̃ dalawang buwang lumipas ay para kang kinain ng̃ laho.

10

—¡Aba!... Iyan talaga ang sasabihin ko sa inyo ngayon—ang sagot ng pangatlo—sapagka't salamat sa Dios at hindi pa ako nagiging malilimutin, palibhasa'y dadalawang kopa pa lamang ang naiinom ko, ay mapaghuhulo na ninyong ako ang lalong may malinaw na pagiisip sa inyong lahat. Ako ang nakaaalam kung bakit hindi natin nakita si Amaury sa loob ng maraming araw. Labis kong natatandaan na ang ating kaibigang iyan ay nangingibig, nahahaling ng pagsuyo sa anák na dalaga ni Dr. Abrigny, at kasalukuyang gulunggulo ang pagiisip sa paghahanda para sa kanilang pagiisang dibdib.

—¡Ah! Ako ma'y naalala ko na rin ang bagay na iyan, at kung di ako nagkakamali, ay tila ipinahayag na ni Dr. Abrigny sa isang sayawang idinaos sa tahanan ng Doktor, na ang pagiisang palad ng magsinggiliw ay gaganaping talaga sa araw na ito. ¿Di ba ngayon ang ika 11 ng Septiembre?... Itinadhana nga sa araw na ito ang pakikipagisang dibdib ni Amaury sa kanyang anák na si Magdalena.

—Totoo nga; nguni't nalilimutan mo na yata na nang gabing yaon ay nagkasakít ng mabigat si Magdalena...

—Nguni't ang karamdamang yaon ay nakalagpas ng gayon na lamang, at masasabing walang anoman...

—Mga ginoo, nagkakamali kayo—ang sambot ni Amaury.

—¿At bakit, magaling na ba?

—¡Siya'y namatay na!—ang may hapis na sagot ng binata.

—¡Namatáy?—ang natatakang ulit ng lahat.—¿Kailan pa?

—May isang oras lamang...

—¡Diablo!—ang pabulalas at nagkasabaysabay na nasabi ng tatlo.

—¿Samakatwid pala'y namatay na si Magdalena? ¡At may isang oras lamang ngayong nakararaan! ¡Nakapangingilabot na pagkakatauntaón! Talaga sanang aanya.

yahan ka namin ngayon upang sumama sa aming pag-agahan.

—Maraming salamat, nguni't ang bagay na iyan ay hindi mangyayari. Ako ay hindi nga maaaring mag-almusal ngayon na kasama ng aking mga kaibigan; at wala naman akong maipagaanyaya sa inyo ngayon, bilang ganti, kundi ang bukas ay makipaglibing sana lamang kayo sa pinakamamahal kong Magdalena...

At pagkatapos na makapagpaalam si Amaury sa kanyang mga kaharap, ay nagsusumugod na ipinagpatuloy ang paglakad.

—Lokongloko na ang taong iyan—ang nasabi ng isa habang pinagmamalas ang nagtutumuling paglayo ni Amaury.

—Ang marapat at lalong tamang sabihin ay lubhang marunong siyang magtimpi ng kanyang dinaramdam—ang wika naman ng isa.

—¡Pshe!.. Parepareho na lamang ang mga sinasabi ninyong iyan—ang ikinatlo ng isang nagngangalang Albertoi

—Nguni't ¿aanhin ba nating pagusapan ang lahat ng iyan?... Ang mabuti'y iwan natin sa isang sulok ang salitaang ito, at ang dapat ninyong sangayunan ay itong sasabihin ko: na hindi masarap tingnan ang, pakatapos na kayo'y makainom ng maraming alak, ay makasalubong ng isang binatang kababao pa lamang...

—¿Makikipaglibing ka ba?

—Inaakala kong nararapat, at may kahirapan ang tayo'y gumawa ng dahilan—ang wika ni Alberto.

—Hindi ninyo dapat limutin na bukas ay muling kakantahin ni Grisse ang *Otelo*.

—Mabuti't naipaalala mo nga; nawawala nang talaga sa isip ko ang bagay na iyan. Ang mabuting gawin natin ay ganito: Pumaroon tayo sa simbahan sa oras ng libing upang tayo'y makita ng mga namatayan. Ang kailangang pagsikapan natin ay huwag masabi ni Amaury na tayo'y nagkulang sa kanya.

At pinagpatuloy ng̃ tatlong magkakaibigan ang kanilang nahintong paglakad.

Nang humiwalay si Amaury sa mg̃a kaibigang kanyang nasalubong, ay sinalakay ang kanyang pagiisip ng̃ isang panukala na di miminsan lamang na dumulog sa kanya.

Naisipan ng̃ binata na mabuti pa ang namamatay na siya.

¿Ano pa ang kailang̃ang siya'y mabuhay? Ng̃ayong patay na si Magdalena, ¿ay bakit pa ng̃a niya nanaising magpatuloy ng̃ pamumubay sa laot ng̃ isang imbing kapalaran dito sa lupa? ¿Hindi ba't sa pagkalagot ng̃ hining̃a ng̃ kanyang minamahal ay kasabay na ring nawala para sa kanya ang lahat ng̃ bagay sa mundong ito?

At ang binatang naghihinagpis ay nakapagmunimuni pa ng̃ ganito:

¿Alin ang totoo sa dalawa: may kabilang buhay o wala? Kung tunay na mayroon, ay di sasalang magkikita kaming muli ni Magdalena, at sa ganito'y magbabalik sa akin ang kaligayahang pumanaw. At kung wala namang kabilang buhay, samakatwid ay matatapos na ang lahat sa akin pagkalagot ng̃ aking hining̃a: matutuyo na ang aking luha at ang aking mg̃a kasawiang palad na inabot ay hindi ko na mararamdaman. Kung sa bagay ay wala ring mawawala sa akin kung ako ma'y mamatay, sapagka't sa pagpanaw sa mundong ito ay sadyang walangwala akong maiiwan, at talaga namang walangwala nang kabuluhan sa akin ang buhay dito sa lupa...

At kalong ng̃ ganitong paniniwala ay niyari ni Amaury sa kanyang sarili na siya'y magkukunwang may kaloobang tahimik at palaging masaya. Walang sanhi upang ang kanyang karaniwang pamumubay ay mabago; at tang̃i sa rito'y hindi niya nais na kung malagot na ang kanyang hining̃a ay isaloob ng̃ mg̃a makakaalam na siya'y nagpatiwakal, at nagpatiwakal dahil sa kawalan ng̃ pagasa at sa mahigpit na simbuyo ng̃ pagkasira ng̃ isip. Malayungmalayo sa mg̃a bagay na ito ang tinatangkang

gawin ni Amaury. Hindi niya nais na ang sinoman ay magsaloob kung sakali't siya'ñga'y mamatay na, na ang kanyang pamamayapa ay sadyang hinanap o ninais niyang kusa. Ibig niyang maipamalas at mapatunayan sa ibabaw ñg lahat, na siya'y may isang damdaming hindi nakakikilala ñg takot at pagkasindal.

Ang tuntunin ñg pamumuhay na binabalangkas niya sa isip upang sundin, ay ang sumusunod: Kailañgan na ang kanyang mñga bagaybagay ay mailagay na sa ayos; sulatin ang kanyang mñga huling niloloob; dumalaw at makipagkita sa kanyang mñga kaibigan, ñguni't walang tañging ibabalita sa kanila kundi ang siya'y maglalakbay-bayan sa loob ñg isang panahong mahaba't di matulusan kung kailan matatapos. Niyari pa rin sa kanyang sarili na siya'y sasama sa libing ni Magdalena at sa gabi ay papasok siya sa dulaan upang mariinig at mapanood ang kahulihulihang yugto ñg *Otelo*, ang awit ñg Sause—yaong kahulihulihang pagkanta ñg ibong Sisne—na maituturing na siyang pinakadakilang katha ni Rossini; at awit na lubos na naiibigan ni Magdalena... At pagkatapos ay uuwi siya sa bahay, at kung naririto na ay pasasabugin ang kanyang ulo sa tama ñg punglo upang magkaluraykuray ang kanyang utak na nagpapagunitang lagi sa kanya ñg mñga kasawiang inaabot ñg kanyang palad...

Kailañgang sabihin na si Amaury ay may isang kaluluwang marañgal at pusong tapat.

Marahil ay may magpapalagay na pangkaraniwan na ang lahat ñg inaakala pa lamang gawin ni Amaury at bilang katibayan nito, sa dahilang hinuhulaan niyang hindi na siya mabubuhay kundi sa loob ñg dalawang araw lamang, ay sinikap na mapagharian ang kanyang dalamhati; at nang magbalik sa kanyang bahay ay nahiga, at palibhasa'y hapunghapo dahil sa di mabilang na mñga pangyayaring di pa natatagalang tumawid sa papawirin ñg kanyang kapalaran, ay nakatulog ñg payapa't mahimbing.

Ikatlong oras nang siya'y magbangon. Nagbihis ng mainam at magara at pagkatapos ay dumalaw sa kanyang mga kaibigan, kasabay ng pagbabalita na siya'y maglalakbay-bayan; ang iba'y niyakap at kinamayan ng mahigpit ang iba, at pagkatapos ay nagbalik sa kanyang bahay. Bahagya na lamang tumikim ng pagkain.

Sa buong maghapon ay hindi niya nakita si Dr. Abrigny at ang pamangkin nitong si Antonia.

Sa lahat ng kanyang mga kilos ay nagkukunwaring ang kanyang puso'y nananagano sa kapayapaan; nguni't pinagaalinlangan din ng mga utusan sa bahay kung siya'y nasa hustong bait.

Nang tumugtog ang ikasampung oras ay nagpunta siya sa kanyang bahay at sinulat ang kanyang testamento. Ang kalahati ng kanyang mga pagaari, ayon sa itinatakda sa kasulatan, ay ipinagkakaloob kay Antonia; kay Felipe naman ay isang ariarian nagkakahalaga ng isang daang libong prangko ang kanyang inilalaan. Si Felipe ay nasasadya arawaraw sa bahay ng maysakit nang ito'y nabubuhay pa upang makibalita sa kalagayan ni Magdalena.

Pagkatapos ay ipinagpatuloy ni Amaury ang pagsulat sa kanyang aklat-talaan. Sa isa sa mga dahon ay sinasabing tinatangka niya ang magpakamatay, nguni't magpakamatay sa gitna ng kahinahunan: hindi nanginginig munti man ang kanyang katawan at ang pulso ay hindi magiiba.

Malapit nang tumugtog ang ikawalong oras ng umaga nang kunin ni Amaury ang kanyang pistola at pagkatapos na malagyan ng punglo ng buong ingat at maitago sa loob ng kanyang kasuutan, ay sumakay sa isang karwahe at napahatid sa bahay ni Dr. Abrigny.

Sa buong maghapon ng bisperas ng araw na yaon ay hindi lumabas si Dr. Abrigny sa silid ni Magdalena.

Sa hagdanan ay nasalubong ni Amaury si Antonia. Hinawakan ng binata ang kamay ng dalaga at masayá

ang mukhang ito'y kinintalan sa noo ng̃ isang halik ng̃ pagtatang̃i at pamimitagan.

Nanibago si Antonia sa kabinahunan ng̃ loob ni Amaury.

Itinago ni Amaury ang kanyang pistola sa isang kahon ng̃ mesa, at pagkatapos na masusian ay inilagay ang susi sa kanyang bulsa.

Pagkatapos ay nagbihis upang makasama sa libing. Sa kanyang pagbaba sa salon ay nasalubong si Dr. Abrigny na sa buong magdamag ay nagbantay sa bangkay ng̃ anak na pumanaw.

Sa paglabas sa silid ni Magdalena ng̃ namimighati't kapuspalad na amá, na ang mg̃a mata'y nang̃amamaga sa luha at ang mukha'y namamarak, ay biglang napaurong dahil sa pagkasilaw sa liwanag ng̃ araw.

—Dalawampu't apat na oras na ang nakalilipas hanggang sa mg̃a sandaling ito—ang sabi ng̃ Doktor sa isang anyong nagbubulaybulay.

At hinawakan ng̃ mahigpit ang kamay ni Amaury, at walang kibong ito'y pinagmasdan. Marahil sa pagiisip ng̃ Doktor ay nagsasalimbayan ang sarisaring paghahaka na dahil sa karamihan ay hindi mapasiyahan kung alin ang dapat niyang ipahayag.

Subali't noong sinundang araw ang kalooban ni Dr. Abrigny ay nailantad na sa mg̃a sandaling siya'y pinaghaharian ng̃ kapayapaang budhi, ng̃ isang kahinahunang nakapaninindig ng̃ balahibo. Alinsunod sa pasya ni Dr. Abriny, ang bangkay ni Magdalena, pagkatapos na mailagay sa isang kapilya sa pintuan ng̃ palasio, ay nararapat na ihatid sa San Felipe, at pagdating dito at sa pagsapit ng̃ tanghali ay gaganapin ang mg̃a parang̃al sa yumao, at pagkatapos ay ihahatid na sa *Villa de Avray*.

## XIX

ANG mg̃a sasakyang putos ng̃ luksa na gagamitin ng̃ mg̃a naulila ay nagsidating na lahat pagkatugtog ng̃ ikalabingisang oras at kalahati ng̃ umaga. Sa unang sasakyang dumating ay lumulan si Amaury at ang Doktor.

Dumating sila sa simbahan. Sa lahat ng̃ dako ay namamalas ang mg̃a gayak na pulos na puti. Ang amá at ang giliw na naulila kapwa ay siyang tang̃ing pumasok lamang sa koro, na kasunod ng̃ patay. Ang mg̃a kaibigan at saka ang mg̃a maurira, (kung tumpak gamitin ang ganitong pamagat at pagpapalagay sa kanila) ay nagsitayo sa isang gawi ng̃ simbahan, upang panoorin ang mg̃a seremonia ng̃ libing.

Ang mg̃a seremonia ay idinaos ng̃ buong ningning. Nakaragdag sa kaningning̃an ang pagkatugtog ni Thalberg ng̃ órgano. Si Thalberg ay kaibigan ni Amaury at ng̃ Doktor.

Datapwa't sa dinamidami ng̃ taong nasa loob ng̃ simbahan ay tang̃ing si Dr. Abrigny at si Amaury lamang ang tunay na nakararamdam ng̃ panglaw ng̃ mg̃a pang̃ung̃usap na binibigkas ng̃ paring tumutungkol sa pagdalang̃in, sa kapakinabang̃an ng̃ kaluluwa ng̃ yumao.

Pagkatapos ng̃ mg̃a seremonia, si Amaury ay lumabas sa simbahan, na taas ang noong animo'y hinahamon ang Sangdaigdig; samantalang si Dr. Abrigny ay lumalakad na nakatung̃o at waring lubos na nakikiayon sa mapait na kapalarang inihulog sa kanya ng̃ lang̃it.

Ang bangkay ni Magdalena ay nararapat ilibing sa *Villa de Avray*, sa dahilang alinsunod sa paghahaka ni Dr. Abrigny ay lalong nababagay na si Magdalena'y manahanan sa habang panahon sa loob nĝ isang libinĝan sa labas nĝ bayan, madilim at tiwalag, kaysa sa isang magarang pantiyon sa loob nĝ siudad.

Ang libinĝan nĝ *Villa de Avray* ay isang kahanĝahanĝang pook nĝ pamamahinĝa, tahimik at nakalilibang sa puso.

Nang matabunan na nĝ lupa ang hukay ay nilagyan nĝ isang lápidang marmol na puti, na kinauukitan nĝ ganitong mĝa salita:

**Dito nagpapahingalay si Magdalena Abrigny, na namatay nuong ikasampu ng Septiembre ng 1839, sa gulang na dalawampung taon, tatlong buwan at limang araw.**

At sa dakong ibaba naman ay nakasulat ang ganito:

**Dito nalilibing si Dr. Abrigny, na kanyang Ama, na sumapayapa nang araw din yaon at ibinaon sa...**

Hindi inilagay kung anong araw ang pagkabaon sa katawan ni Dr. Abrigny, bagama't ito'y umaasa na sa loob nĝ isang taón ay matitiyak na kung anong araw ang dapat mapasulat sa lápida.

Sa buong paligidligid nĝ libinĝan ni Magdalena ay may nakatanim na mĝa puting rosal, sapagka't nang nabubuhay pa si Magdalena'y nagkaroon nĝ malaking hilig sa mĝa naturang bulaklak.

Nang ang mĝa naghatid sa bangkay ni Magdalena'y papalabas na sa pinto nĝ libinĝan, si Dr. Abrigny ay malakas na nagpahayag nitong sumusunod:

—Mĝa ginoo, nakita na ninyo sa mĝa salitang nakaukit sa lápida, na ang taong nakikipagusap sa inyo nĝayon ay nagpapalagay sa kanyang sarili na wala na siyang buhay. Ang totoo'y itinuturing ko nĝa, na magbuhat sa mĝa sandaling ito ay hindi na ako kabilang sa mĝa naninirahan dito sa lupa, kundi ang ako'y ukol sa aking anák na lamang. Magmula bukas ay wala nang

makakikita sa aking sino man at ako nama'y wala na ring makikita sa Paris. Ako'y mamumuhay ditong nag-iisa at kusang lalayo sa kaingayan at kasayahan, at sa bahay na iyan na inyong natatanaw, na ang mga bintana'y paharap sa libingang ito, gaya ng inyong nakikita, ay buong katiningangloob na hihintin ko ang kahulihulihang sandaling ipatatalastas sa akin ng Maylikha kung anong araw ang dapat na mapasulat sa lápida, ng aking pagpanaw sa buhay na ito. At dahil sa lahat ng ito'y tanggapin ninyo, mga ginoo, ang katapustapusang paghahayag ko ng aking mataos na pasasalamat at pagkilala ng utang na loob at mataimtim na pagpapaalam sa inyong lahat.

Dahil sa kabuuan ng loob na namamalas sa kanya at sa tagiliting ng boses na di man lamang nagbabago ay wala isa mang nakapangahas na sa kanya'y sumagot Pagkatapos na siya'y makamayan ng mga nakipaglibing, ang lahat at bawa't isa ay nagsipagbalik sa kanikanilang bahay.

Nang lalakad na ang sasakyang maghahatid kay Dr. Abrigny at kay Amaury sa kanilang tahanan, ay pinagpakuan ng tingin ni Dr. Abrigny ang binatang nalulumbay, na nang mga sandaling yao'y nakatayo sa kanyang tabi at hawak ang sombrero.

—Narinig mo na, Amaury, ang sinabi ko—anya.—Magmula bukas ay lilisanin ko na ang Paris, at kailan pa man ay hindi na ako babalik doon. Datapwa't ngayo'y kinakailangang umuwi muna ako sa bahay na kasama mo upang bago ako manirahan dito ay maiayos ko ang mga bagaybagay na aking iiwan at magawa ko ang lahat ng dapat kong ipagbilin.

—Gayon din po ang naiisipan kong gawin—ang bahagya nang ipinakli ng binata sa Doktor.—Masasabi ko na nang ipasulat ninyo ang mga salitang nasa lápida ni Magdalena ay hindinghindi ninyo ako nagugunita man lamang; subali't nakita kong sa magkabilang tabi ng pi-

nagbaunan kay Magdalena ay mayroon pang katamtamang pook para sa dalawang tao.

—¡Ah!—ang himutok nḡ Doktor at minasdan si Amaury magbuhat sa ulo hanggang paa, bagama't sa hawig nḡ kanyang pagsasalita'y hindi mapaghahalatang siya'y nanggigilalas.

At pagkatapos na makalakad nḡ ilang hakbang, ay nagwika:

—Halina...

At ang dalawa'y lumulan sa sasakyang naghihintay sa kanila upang makapagbalik sa Paris.

Nang sila'y dumating sa siudad, ay ipinahinto ni Amaury ang sasakyan sa tapat nḡ tinatawag na *Balantok ng Bituin*.

—Ipagpatawad po ninyo, Dr. Abrigny, na sabihin kong sa gabing ito'y mayroon din akong kailanḡang gawin—ang wika ni Amaury.—¿Magkakaroon kaya ako nḡ kasiyahang loob na kayo'y aking makita't makausap?

Ang amá ni Magdalena'y walang isinagot kundi isang hudyat na ang ibig sabihi'y sumasangayon siya.

Umibis sa sasakyan ang binata, at samantala'y ipinagpatuloy nḡ Doktor ang kanyang paguwi hanggang sa makarating sa daang Angulema.

## XX

KATUTUGTOG pa lamang ng̃ ikasiyam na oras ng̃ gabi.

Tumawag si Amaury ng̃ isang sasakyan na kung tawagi'y *Simon,* at pagkaraan ng̃ ilang sandali'y punasok sa kanyang palko sa loob ng̃ Dulaan ng̃ mg̃a Italiano.

Si Amaury na namumutla't walang kakibukibo, ay nagmalasmalas magbuhat sa palkong kanyang kinauupan.

Lubos na ipinagtaka ng̃ marami ang kanyang di inaantay na pagdating. Ng̃uni't ang kanyang mukhang malamlam at anyong hindi mabibiro ay siyang parang naglalagay sa kanya sa isang katayuan upang siya'y igalang at kaalangalang̃anan ng̃ kahi't na matatalik niyang kaibigan, at isa ma'y walang nakapang̃ahas na magusisa sa kanya.

Sinoma'y walang nakaaalam ng̃ kanyang nakapang̃ing̃ilabot na panukala, subali't gayon ma'y siya na lamang laging ipinang̃ang̃amba't inaalala ng̃ lahat na baka balang araw ay magiwan siya ng̃ isang pahimakas na kahalintulad baga ng̃ binibigkas ng̃ mg̃a gladiador na romano noong kapanahunan ni Cesar, bago pumagitna sa pakikihamok.

—*¡Ave Cesar, morituri te salutant!...*

Pagkatapos ng̃ palabas ay tumawag si Amaury ng̃ isang sasakyang paupahan, at siya'y napahatid sa bahay ni Dr. Abrigny.

Si Amaury ay sadyang hinihintay na ng̃ mg̃a utusan

sa bahay. Una niyang tinungo ang tanggapan ng kanyang tutor, kumatok sa pinto, at sinundan ng tawag. Mapamayamaya'y narinig ang isang boses na sumagot sa kanya buhat sa loob ng kuwarto.

—¿Ikaw na ba, Amaury?—ang tanong sa kanya.

At ang binata, pagkatapos na makasagot ng oo, ay nasok sa tanggapan.

Nang mga sandaling yao'y nakaupo si Dr. Abrigny sa harap ng kanyang mesang ginagamit sa arawaraw; at nang matanaw ang binata ay nagtindig agad at ito'y sinalubong.

—Hindi ko nais ang ako'y mahiga't magpahinga nang di muna pumarito at kayo'y aking mayakap—ang sinabi ni Amaury sa Doktor sa isang tinig na na papahayag ng pagkabalisa.—¡Ako'y paalam na sa inyo, amá ko!

Siya'y pinagmasdan ni Dr. Abrigny, at habang sila'y nagkakayakap ay sumagot ng:

—¡Adios, Amaury!

Nang ang dibdib ng binata'y mapadiit sa dibdib ng Doktor ay itinutop noon ang kanyang mga kamay sa tapat ng kanyang puso.

Si Amaury ay hindi na nagbilin ng anoman; talaga sanang lalabas na siya sa pinto ng tanggapan nang walang anuano'y muli siyang ipinatawag ng Doktor, at nang siya'y makita na'y halos hindi makapagsalitang ipinahayag ang ganito:

—Amaury, pakinggan mo ako: isang salita lamang...

—¿Mayroon ba kayong kailangang iutos sa akin?

—Ako'y hintin mo sa iyong silid. Sa loob ng limang minuto ay makikipagkita ako sa iyo, sapagka't kailangang tayo'y magkausap.

—Kayo po ang masusunod, amá ko. Kung gayo'y hihintin ko kayo.

At pagkatapos na makayuko ng bahagya si Amaury ay ipinagpatuloy ang kanyang paglabas, at saka nasok sa kanyang silid. Nang siya'y nasa loob na, ay binuksan ang kahon ng mesa na pinagiwanan niya ng pistola

at nang makitang ito'y hindi man lamang natitinag sa pagkalagay, ay napañgiti, at umakmang kalabitin na ang páputukan. Subali't sa mñga sandali ring yaon ay nakarinig siya ng̃ mñga yabag ng̃ tao, at sa pagaakalang si Dr. Abrigny ang dumarating, ay muling itinago ang hawak na pistola. Itinulak at binuksan ni Dr. Abrigny ang pinto ng̃ silid; muli niyang isinara pagkatapos, at nang mapalapit na sa binata ay hinawakan ito sa balikat.

Naghihintay si Amaury na siya'y kausapin at pagsabihan ng̃ kahi't ano ng̃ Doktor; ng̃uni't nang makitang hindi umiimik, ay siya ang unang nagtanong:

—¿Hindi po ba nais ninyong makipagusap sa akin, alinsunod sa kasasabi pa lamang?

—Oo.

—Kung gayo'y sabihin na ninyo at kayo'y pinakikinggan ko na.

—¿Inaakala mo ba, anák ko, na hindi ko nalalamang nagtatangka kang magpatiwakal? ¿At sa gabi ring ito?... Ng̃ayon din...

Nakaramdam si Amaury ng̃ panglalamig at pang̃ang̃atog ng̃ katawan,—magbuhat sa ulo hanggang paa,—ng̃uni't di sinasadya'y ipinako ang tingin sa kahong kinalalagyan ng̃ pistola.

—Kung ibig mong magpakamatay—ang sabi pa ng̃ Doktor,—ay naririyan sa kahong iyan ang pistola, ang balaraw, ang lason... Totoong napakatang̃i at dakila ang pangyayaring nagdaraan ng̃ayon sa akin... Ikaw ay iniibig ko ng̃ buong pagkahaling gaya ring kaipala ng̃ iyong pagmamahal sa aking anák; at ng̃ayon ko napagkilala na may labis siyang matwid upang ikaw ay kanyang ibigin sapagka't ikaw ay karapatdapat sa kanya. ¿Hindi ba totoo na kung di mo siya kaharap ay hindi ka maaaring mabuhay? Makikita mo rin kung papaano ang ating pagkakaunawaan. Ayokong ikaw ay magpatiwakal...

—Ng̃uni't, kung...

—Bayaan mo munang ako'y makatapos ng̃ pagsasa-

lita, anák ko. Gaya mo rin, ako'y nagkaroon ng̃ palagay na yamang nilisan na ni Magdalena ang buhay na ito, ay wala nang iba pang paraang magagamit upang siya'y makita dito sa lupa, kundi ang siya'y paghanapin sa kalang̃itan. Datapwa't kung pagbulaybulayin ko ang bagay na ito, ay aking napaguunawa na kung tunay mang iyan ang landas na pinakamaigsi, datapwa'y siya namang walang gaanong kapanatagan...

—Ng̃uni't, amá ko...

—Huwag kang maing̃ay at bayaan mo akong makakapagpatuloy. Kaninang umaga ay nagsimba ka at narinig mo ang *Dies Irae*. ¿At di ba narinig mong pinaguusapan ang bagay na ito?

Tinutop ni Amaury ang kanyang noo at hindi sumagot ng̃ anoman.

—Kung gayon—ang sabi pa ng̃ Doktor,—ay dapat mo nang malaman na ang awit na iyan ay sapat na makapagpabuti sa isang taong masama...

—¡Ay!—ang himutok ni Amaury.—¡Mabuhay!... ¡Oh, ang mabuhay!... ¿Paanong mabubuhay ang isang tao kung walang hanging nasasanghap, kung walang araw na nagbibigay ng̃ init at sigla, at walang pagsintang namamahay sa puso?...

—Amaury, talagang wala na akong lunas na makikita. Pakinggan mong mabuti itong sasabihin ko: Sa ng̃alan ni Magdalena, ako, na kanyang amá, ay nagbabawal sa iyo na ikaw ay magpakamatay.

Tinakpan ni Amaury ng̃ dalawang kamay ang kanyang mukha. Siya'y walangwala nang pagasa.

—Pakinggan mo sana ako, anák ko—ang sabi pa ng̃ Doktor pagkaraan ng̃ ilang sandaling di pagimik.—Sa aking diwa ay may isang suliranin na nagbibigay-liwanag sa pagiisip... Limutin na natin ang ating kapighatian at kailan ma'y huwag nang ilagay sa pagaalinlang̃an ang magiging bisa ng̃ ating paghihinagpis, sapagka't sa ganito'y ipinakikilala nating hindi gaanong mataás ang ating pagdaramdam. Huwag mong lilimutin anák

# XX

MALAPIT nang tumugtog ang ikawalong oras ng umaga nang umakyat si Jose at ibalita kay Amaury na si Dr. Abrigny ay naghihintay na sa salon. Nanaog agad ang binata at nang makita siya ng Doktor ay nilapitan kapagkaraka na nakalahad ang mga bisig, kasabay ang wika:

—¡Maraming salamat! Sadyang ako'y may pagtitiwala sa iyo at nalalaman kong ako'y hindi nagkakamali sa aking pananalig na matibay ang iyong puso.

Sinagot ni Amaury ng isang iling ang sa ganang kanya'y paaglahing mga pangungusap na itong binigkas ni Dr. Abrigny, iling na naghihiwatig ng sukal ng loob; sinundan pagkatapos ng isang mapait na ngiti, at magsasalita na sana, nguni't hindi natuloy dahil sa pagpasok ni Antonia, na ipinatawag din ng Doktor.

Sa loob ng salon ay naghari ang isang katahimikang mandi'y ayaw pangahasang gambalain ng kahi't sino. Datapwa't sa wakas ay hinudyatan ng Doktor si Amaury at si Antonia upang sila'y magsiupo at nang nakaupo na kapwa ay lumikmo naman sa pagitan nilang dalawa si Dr. Abrigny at saka nagpahayag ng sumusunod:

—Mga anák ko. Ang isang taong nagtataglay ng ganda, ng kasariwaan ng pagiisip at katawan at nagaangkin ng katangian sa gitna ng kaumagahan ng buhay at sa harap ng isang panahong lalong mabuti, ang kabuhayan sa isang taong ganyan ay totoong kalugudlugod. Tanging dahil sa pagmamalasakit sa dalawang pusong sa buhay

# XX

MALAPIT nang tumugtog ang ikawalong oras nğ umaga nang umakyat si Jose at ibalita kay Amaury na si Dr. Abrigny ay naghihintay na sa salon. Nanaog agad ang binata at nang makita siya nğ Doktor ay nilapitan kapagkaraka na nakalahad ang mğa bisig, kasabay ang wika:

—¡Maraming salamat! Sadyang ako'y may pagtitiwala sa iyo at nalalaman kong ako'y hindi nagkakamali sa aking pananalig na matibay ang iyong puso.

Sinagot ni Amaury nğ isang iling ang sa ganang kanya'y paaglahing mğa panğunğusap na itong binigkas ni Dr. Abrigny, iling na naghihiwatig nğ sukal nğ loob; sinundan pagkatapos nğ isang mapait na nğiti, at magsasalita na sana, nğuni't hindi natuloy dahil sa pagpasok ni Antonia, na ipinatawag din nğ Doktor.

Sa loob nğ salon ay naghari ang isang katahimikang mandi'y ayaw panğahasang gambalain nğ kahi't sino. Datapwa't sa wakas ay hinudyatan nğ Doktor si Amaury at si Antonia upang sila'y magsiupo at nang nakaupo na kapwa ay lumikmo naman sa pagitan nilang dalawa si Dr. Abrigny at saka nagpahayag nğ sumusunod:

—Mğa anák ko. Ang isang taong nagtataglay nğ ganda, nğ kasariwaan nğ pagiisip at katawan at nagaangkin nğ katanğian sa gitna nğ kaumagahan nğ buhay at sa harap nğ isang panahong lalong mabuti, ang kabuhayan sa isang taong ganyan ay totoong kalugudlugod. Tanğing dahil sa pagmamalasakit sa dalawang pusong sa buhay

na ito'y higit kong pinakamamahal at kinabubuhusan ng̃ aking buong pagiisip, nagmumula lamang ang liwanag na nakapagbibigay-aliw sa aking kaluluwang binubusabos ng̃ kapighatian... Talastas ko na ako'y inyong minamahal; alam ko rin na ang pagmamahal ko sa inyo'y tumatanggap ng̃ katumbas; ng̃uni't ipagpatawad ninyo sa akin ang ipagtatapat ko ng̃ayon: Ako'y hindi maaaring mamalagi rito, kailang̃an kong mabuhay nang nagiisa...

—¿Ano po ang sabi ninyo? ¿Na kami po ba'y inyong iiwan? ¡Ay, Tio!... ¿Maaari kayang mangyari ang ganyang sinasabi ninyo?—ang sunudsunod na wika ni Antonia.

—Bayaan mo akong magsalita, anák ko—ang isinagot ni Dr. Abrigny.—Ang sinasabi ko'y kinakatawan ninyong dalawa ni Amaury ang buhay na pinasasariwa sa kaumagahan ng̃ panahon; ibig kong sabihi'y kinakailang̃an ninyo ang mabuhay pa ng̃ maraming araw, samantalang ako nama'y tinatawag na ng̃ kamatayan. Ang dalawang pagibig na nalalabi pa sa aking puso sa buhay na ito ay hindi maaaring makapantay ng̃ pagsintang kinikimkim ko sa dibdib para sa isang kaluluwang naroon na sa kabilang buhay. Tumpak sa dilang tumpak ang tayo'y maghiwalay, sapagka't ang ating mg̃a matá ay nararapat ipukol sa dalawang dakong magkaibayo: ang mg̃a panining̃in mo't ang mg̃a panining̃in ni Amaury ay nararapat igawi sa mg̃a araw na hinaharap, sa kapanahunan ng̃ magagandang pagasa at sagana sa matamis na kapalaran; samantalang ang mg̃a panining̃in ko'y nararapat iling̃on na lamang sa panahong nakalipas, na kinabubuhusan ng̃ aking buong buhay. Ang dalawang landas na tinatalaktak ng̃ bawa't isa sa atin ay totoong magkaiba; at ang pasyang pinagtibay ko sa sarili na magbubat ng̃ayo'y mamuhay na nagiisa ay hindi na maaaring mapagbago pa ng̃ anomang pamanhik, sapagka't talagang maglalapat ng̃ pangdinig sa anomang paliwanag at pagpapayong ibibigay sa akin ng̃ kahi't sino. Nais kong mamuhay nang ganáp na tiwalag sa alin mang lipunan ng̃ mg̃a tao. Marahil

ay ipalalagay ninyo na ang mğa sinasabi ko'y bunğa nğ isang kaloobang mapagimbot o mapaghanğad nğ kabutihan lamang nğ sarili; subali't wala akong makitang ibang paraan, walang ibang lunas akong madulang upang iukol sa ganitong kalagayan. Hindi wasto na ang aking kabuhayang pinatatagal nğ paghihinagpis at nğ pagasa ay siyang maging tagapagdulot nğ lumbay sa kapalarang bagong sumisilang nğ dalawang bahagi nğ aking puso, na nalalabi sa buhay na ito. Kaya't sa ganang akin, ang lalo nğang wastong hakbang na nararapat nating gawin ay ang maghiwalay tayo, ang tayo'y maglayo: ang bawa't isa sa ati y tatahak sa kanyang sariling landas: kayong dalawa ni Antonia'y tunğo sa kabuhayan, at ako naman ay sa huling hantunğan nğ lahat...

Humintong sumandali nğ pagsasalita si Dr. Abrigny at kapagkuwa'y nagpatuloy:

—Nğayo'y sasabihin ko sa inyo kung paanong gagamitin ko ang ilan pang araw na nalalabi sa aking buhay. Magbuhat nğayon ay mamumuhay akong nagiisa, at walang tanğing kakasamahin kundi si Jose, ang aking utusang pinakamatanda; at kami'y titirá sa *Villa de Avray*. Hindi ako lalabas nğ bahay kundi upang dalawin lamang ang libinğan ni Magdalena, at sinomang dalaw ay hindi ko tatanggapin, kahi't na ang lalong mabubuting kaibigan, sapagka't nais kong mangyari na ituring nila g ako'y patay na magbuhat sa araw na ito yamang sa ganang akin ay hindi ko na nğa ibinibilang na ako'y kahalubilo pa nğ mğa naninirahan sa balat nğ lupa. Sa tuwing unang araw nğ bawa't buwan ay walang tanğing maaaring makipagkita sa akin kundi dalawang tao lamang, na magbabalita nğ mğa bagaybagay tungkol sa kanilang kabuhayan at pagpapatalastasan ko naman nğ aking kalagayan sa gitna nğ malungkot na pagiisa. ¿Kailanğan pa kayang sabihin ko nğayon kung sino ang dalawang taong lalasap nğ ganyang pagtatanği?

—¿Ano kaya ang mangyayari sa akin kung kayo'y wala na rito, mahal kong amain?—ang pabulalas na wika

ni Antonia, kasabay ang pagkalaglag ng̃ luha.—¿Ano ang aking gagawin kung ako'y nagiisa na't inyong pababayaan? ¡Napakakababagbabag naman ako!

—¿Bakit mo naisasaloob na ikaw ay hindi pinaguukulan ng̃ aking gunita, anák ko, 'ikaw na sa tuwituwina'y naging isang magiliw at tapat na kapatid ni Magdalena? Sa dahilang si Amaury ay may isang malaking kayamanan na higit sa kanyang kakailang̃anin, kaya't sa aking testamento ay inilagay kong ipinagkakaloob ko sa iyo, kung ako'y patay na ang lahat ng̃ aking kayamanan at magmula ng̃ayo'y ibinibigay ko rin sa iyo ang mg̃a ariariang naiwan ng̃ aking anák na si Magdalena.

Si Antonia ay nagpamalas ng̃ isang kilos na nagsasabing hindi niya nais ang tumanggap ng̃ isang napakalaking pamanang gaya noon.

—Huwag kang magsalita ng̃ anoman—ang wika pa ng̃ Doktor;—labis kong napagtatalastas na para sa iyo ay isang kalabisan ang kayamanang binabanggit ko at hindi iyan ang iyong minimithi sa buhay. Natatanto kong ang hinahang̃ad mo'y makalasap ng̃ isang paggiliw at pagmamahal, at dahil dito'y pakinggan mo pa rin ako, Antonia, sa aking sasabihin ng̃ayon:

—Nababagay sa iyo ang ikaw ay magasawa na...

Nagtangkang sumagot si Antonia, ng̃uni't siya'y hinadlang̃an ni Dr. Abrigny.

—¿Magkakaroon ka ba ng̃ loob upang ilagan mo ang panunupad sa banal na tungkulin ng̃ asawa at iná, dahil na dahil lamang sa di maaaring ikapaglingkod mo sa iyong amain? ¿Ano ang isasagot mo sa Dios kung sakali't hing̃an ka na ng̃ isang salaysay ng̃ mg̃a ginawa mo sa lupa? ¡Nararapat ka nang magasawa, Antonia!... At dapat mong alamin na hindi alang̃an sa iyong ikaw ay magkimkim ng̃ mg̃a mithiing matataas. Kahi't na ako'y mamuhay ng̃ hiwalay at nalalayo sa lipunan ng̃ mg̃a tao ay hindi ako magwawalang-bahala, hindi ko pababayaang mawalan ng̃ kabuluhan ang aking hang̃ad na mangyari at sa ganito'y maisasagawa ko ang paghirang para sa iyo

ng isang mabuting kaisang dibdib. At yamang napag-uusapan na rin lamang ang bagay na ito, ¿naaalala mo pa ba na noong taóng nakaraan ay hiningi ng Konde Mengis,—na isa sa aking mga kaibigang matalik at kababata,—ang kamay ni Magdalena para sa kanyang bugtong na anák? Hindi ko sinangayunan ang kanyang kahilingan, gaya ng sukat mo nang mapaghulo, nguni't inaakala kong hindi siya magaalinlangan na tanggaping maging kaisang palad ang aking pamangking babae na bata rin naman, mayaman, at magandang tulad ni Magdalena. ¿Ano ba ang tingin mo, Antonia, kay Biskonde Mengis? Siya'y kilala mo na palibhasa'y hindi lamang miminsang nakita mo sa pagparito, at talastas mong siya'y may isang pusong marangal, may magarang tindig, at isang binatang matalino at may mataas na napagaralan.

Tumigil ng pagsasalita si Dr. Abrigny at hinintay ang kasagutan ni Antonia; nguni't ito'y nanatili sa kanyang di pagimik, wari bagang napipi, nawalan ng pangmalay at nahihiya, samantalang si Amaury ay pinagmamasdan siyang sa puso'y naguumapaw ang kasiglahan, sapagka't para sa kanya'y nagtataglay din ng isang di pangkaraniwang kahulugan ang magiging kasagutan ni Antonia. Sa dalawang kasamahan ng namimighating si Amaury ang isa,—na dili iba't si Dr. Abrigny,—ay kusang lalayo at titiwalag sa kasayahan upang masarili ang kanyang pagtitiis, at dahil dito'y sadyang nararapat na siya'y magkaroon ng pagmimithing malaman na kung lilisanin din naman ni Antonia ang kanyang namamanglaw na kasamahan, at kung pababayaan lamang siya sa laot ng kasawiangpalad at pagluha.....

Sa tuwing mapagmamasdan ni Amaury si Antonia, lalo na sa mga sandaling ang kasagutan nito'y nabibitin sa mga labi, ay hindi maikubli ng binata ang kanyang pananabik sa magiging kalooban ng dalaga.

Nalalaman ni Antonia ang pagmamasid sa kanya ng binata, at sa pagkaunawa mandin sa ibig ipakahulugan, ay nagwikang ang tinig ay nangangatal:

—Amain ko—anya,—pinasasalamatan ko po ng̃ buong kaluluwa ang anomang ninanais ninyong gawin ukol sa akin, at tinatanggap kong nakaluhod ang inyong mg̃a pagpapayo na para ring nagbubuhat sa puso ng̃ isang iná, ng̃uni't pagkalooban po ninyo ako ng̃ panahon upang mapagisipisip na mabuti ang tungkol sa bagay na iyan. Pagpalain nawa kayo, amain ko, ng̃ Dios sa ganyang kabutihang ginagawa. Alamin po ninyo na ang mg̃a bagay o gawaing hinahang̃ad ninyong tupdin ko, ay aking itinuturing at ituturing sa tuwituwina na parang mg̃a utos ninyo sa akin; at dahil dito'y hindi ako tututol sa mg̃a kahiling̃ang iyan, ng̃uni't pakikiusapan ko lamang kayo na bigyan ako ng̃ kaunting palugid na panahon. Inaakala kong hindi ninyo iibigin ang ako'y makapagasawa ng̃ nagluluksa pa. Samantala y niyari ko na sa sarili ang isang panukala na ihahayag ko ng̃ayon sa inyo at ako'y talagang nakahanda upang isagawa ko kailan pa ma't ipagkakaloob sa akin ang inyong pagsangayon at kapahintulutan. Ako'y magpapaiwan dito sa sinapupunan ng̃ paggunita kay Magdalena, gaya rin naman ng̃ kung paanong kayo'y magpapaiwan upang mamuhay sa tabi ng̃ kanyang libing̃an. Inaasahan kong hindi magkakaroon ng̃ anomang sagabal upang ako'y masamahan ni Aling Braun at nang mapagusapan namin si Magdalena na parang siya'y isang kasama sa bahay na napalayo lamang, ng̃uni't pagdating ng̃ araw ay muli nating makikita at makakasalamuha. Ako'y mananaog ng̃ bahay kung patutung̃o lamang sa simbahan; tang̃ing tatanggapin kong dalaw ang mg̃a kaibigang pinakamatalik at tapat at saka ang mg̃a taong ihahabilin ninyo sa akin; ako'y magiging isang pangkatapusang tali na makabibigkis sa inyo at sa kanila at ako rin ang magpapatunay na kayo ay hindi nawawala... ¿May pagtitiwala ba kayo sa akin, amain ko? Kung gayo'y bayaan ninyo akong makahirang ng̃ uri ng̃ kabuhayang minamarapat ko; ang aking pinakamimithi at tang̃ing nababagay sa akin ay...

—Kung iyan talaga ang sinasabi ng̃ kalooban mo, ay

matupad nawa ang hinahañgad mong mangyari· Sinasangayunan ko ng lubos na lubos ang iyong panukala—ang sabi ng Doktor na nalulumbay—Ingatan mo sana ang bahay na ito, na magmula ngayo'y kabilang na sa iyong mga pagaari—ang sabi pa ng Doktor,—at ikaw ay manirahan dito, na kasama ang mga dating utusan na lubos na gumigiliw sa iyo... Sa pagsisimula ng bawa't ikatlong buwan ay tatanggap ka ng kuwaltang kakailañganin mo sa mga panggastos, at kung kinákailañgan mo pa, anák ko, ang aking mga hatol at pañgaral, ay alam mo na, Antonia, na sa buwanbuwan ay paguukulan kita ng isang araw upang mabigyan ka ng aking payo. ¿Hindi mo ba ibig na ikaw ay malagay sa ilalim ng pagmamalasakit ng Konde Mengis? Ang Konde ay lubhang magiliwin at napakabuti... Hindi ko nais na banggitin sa iyo ang kanyang anák sapagka't noong araw ay hindi ko pa muna pansin ang bagay na ito at tangi sa rito'y naglalayag siyang kasalukuyan noon sa ibang lupa.

—Tio Abrigny, hindi na kailañgang sabihin ko pa sa inyo, na kahi't na sino ang taong magtadhana at magpasya na...

—Tunay na nga; nguni't kailañgang matanto ko kung mayroon kang pasubali tungkol sa bagay na kasasabi ko pa lamang sa iyo.

—Walangwala pó. Nalalaman ng Dios na maliban pa sa inyo ay wala nang iba pang mahal sa aking loob, kundi sila lamang.

—Kung gayon ay wala nang kailañgang magusap pa tayo ng marami. Ikaw ay kakandilihin ng Konde at ng kanyang asawa at di sasalang bibigyan ka ng mabubuting payo. Samakatwid ay malalagay na sa ayos ang iyong kapalaran sa hinaharap, anák ko... ¿At ikaw naman, Amaury?—ang baling ng Doktor sa binata.—¿Ano ang naiisip mong gawin? ¿Aling landas ang binabalak mong talaktakin para sa hinaharap ng iyong buhay?

Pagkasabi nito ni Dr. Abrigny, ay unang nagtaas ng tiñgin si Antonia at naghintay ng buong pananabik sa

kasagutan ni Amaury.

—Napagkikilala ko, minamahal kong Tutor—ang wika ni Amaury sa isang tinig na kinahahalataan nğ pagkikimkim nğ matibay na pananalig sa sarili,—na ang lalong malalaking kahirapan ay nababata nğ puso sa iba't ibang kaparaanang naaalinsunod sa damdamin at kaugalian nğ tao. Kayo, gaya nğ inyong ipinagtapat sa amin, ay mamumuhay sa tabi nğ libinğan ni Magdalena. Si Antonia nama'y ayaw nang umalis sa tahanan na hangganag sa mğa sandaling ito'y waring kinahihimalinğan nğ kaluluwa niya. Ang banal na alaala ni Magdalena ay taglay ko sa puso, at dahil dito'y walang kailanğan sa akin ang maging kahi't saan man ako makarating at manirahan. Ang alaala ni Magdalena ay dadalhin ko sa lahat nğ dako, sapagka't ang kanyang pagibig ay nalilibing sa ubod nğ aking puso at wala akong sasakitin kundi ang sinoma'y huwag makapanğahas na humawak sa aking pagdadalamhati. Gaya rin nğ gagawin ninyo, ay nais kong ako'y mapagisa. Maaaring taglayin sa sariling gunita nğ bawa't isa sa ating tatlo ang alaala ni Magdalena, kahi't na tayo'y magkalayo at mapagitanan nğ libulibong milya.

—¿Samakatwid baga'y nagiisip kang maglakbay-bayan? —ang tanong nğ Doktor.

—Ang nais ko po'y mabuhay sa laot nğ aking pagdurusa; minimithi kong tamasahin ang aking kapighatian, na ang sinoma'y huwag magkaroon nğ paniwalang may karapatang ako'y aliwin at dulutan nğ munti mang ikalilibang. Nais kong makapagbatá nğ hirap sa gitna nğ kalayaan nğ aking sarili, at sa dahilang sinoma'y walang nagaatas sa akin upang mamalagi ako sa Paris—sa siudad na itong kailan ma'y hindi ko na kamamalasan sa inyo,—ay kung kaya't ako'y magpapakalayo at magsasadya sa isang bayang ang lahat ay magiging katanğitanği para sa akin, sa isang bayang ako'y magkakaroon nğ lubos na laya na makapagsarili sa pag-

gugunamgunam, upang walang makagambala sa aking kahi't sino sa mğa sandali ng aking pagbubulaybulay.

—¿At saan po kayo patutungo?—ang may lumbay na tanong ni Antonia sa binata.—¿Sa Italia kaya?

—¡Oh!... Italia!... Italia!—ang pabuntunghiningang nawika ni Amaury.—Doon sana nararapat magsadya kaming dalawa ni Magdalena. Nğuni't, ¡hindi!.., ¡Hindi!.. ¡Kailan ma'y hindi dapat mangyari ang ganito!:.. Ang Italia, pati ng kanyang langit na maaliwalas; at ang kanyang singaw na may katamtamang init at sampu ng kanyang mğa kagandahang sa bawa't sandali'y inihahandog sa isang naglalakbay, ay magkakaroon lamang ng isang kahulugan sa akin ng pagdadalamhati, ng isang malupit na pagaglahi. ¡Ah, kung magunita ko ngayon na kami'y nagbalak na magsadya sa lupaing iyan na totoong kaakitakit at sa mğa sandaling ito sana'y naruroon na kami sa siudad ng Nisa... ¡Nğuni't kay laking kaibhan, Dios ko, ang mğa nangyari kaysa mğa binalangkas ko sa isip.

Nahinto ng pagsasalita si Amaury: ang mğa hikbi ay nakapigil sa kanyang tinig. Tumayo ang Doktor at samantalang nakapatong ang kanyang kamay sa balikat ng binata, ay pinagsabihan ito ng:

—Amaury, huwag ka sanang ganyan; Amaury, isipin mong ikaw ay lalaki.

—¡Amaury!... ¡kapatid ko!—ang wika ni Antonia at inilawit sa kanya ang kamay.

Datapwa't ang puso na binata, na lumulutang sa isang kapaitang higit pa'yata sa apdo, ay nangangailangan nang sumambulat sa tindi ng dalamhati.

Si Dr. Abrigny at si Antonia ay nagkatinginan sa harap ng biglang paghagulgol na nangyari kay Amaury sa mğa sandaling yaon.

Nang ang binata'y makapagsalita na at tahimik na ng kaunti, at pagkatapos na umagos sa kanyang mğa pisngi ang luha ng pagdurusa, ay nagpahayag ng sumusunod:

—¡Patawarin ninyo akog iahat! Kung mababatid lamang ninyo ang kalakhan ng aking mga pagdadalamhati!...

Si Dr. Abrigny ay napangiti ng isang ngiting masaklap

—¡Kaawaawang Amaury!—ang marahang nawika ni Antonia.

—Lumipas na ang kabiglaanang naghahari sa akin—ang wika ng binata.—Nasabi kong hindi nababagay sa akin ang mainit na araw ng Italia, kundi ang mga ulap sa taglamig sa Hilaga; ibig kong makamalas ng isang bagay o tanawing malungkot, ulila at tiwalag, na gaya ng aking kaluluwa, anupa's bagay na bagay ihalintulad sa Olanda at ang kanyang mga latian, sa Rhin at ang kanyang mga tibagtibag na bahay, sa Alemania at ang kanyang langit na maulap... Dahil sa lahat ng iyan kung kaya't sa gabi ring ito at sa inyong kapahintulatan, minamahal kong Tutor, ay aalis ako't tutungo sa Amsterdam at sa La Haya at pagkapanggaling dito ay magtutuloy ako kung di sa Kolonia ay sa Heidelberg.

Pinakikinggan ni Antonia ng buong pananabik ang mga salitang namumutawi sa bibig ni Amaury, mga salitang binigkas ng binata na sakbibi ng isang damdaming nalulunod sa agos ng luha.

Pagkatapos na makita ng Doktor na nakalagpas na ang sumpong ng sakít na nerbios ng binata, ay nagbalik at umupo upang hindi makagulo sa kanyang mga malulungkot na alalahanin; at nang makatapos na siya ng pagsasalita ay itinutop ang kamay sa kanyang noo, at saka nagwika:

—Ikaw, Amaury, ay patutungo sa Alemania at ipagsasama mo sa pagparoon ang alaala ni Magdalena; ikaw naman Antonia, ay maiiwan sa bahay na ito; na pinanahanan ni Magdalena ng mahabang panahon; at samantalang ako ay magbabalik sa *Villa de Avray* na kinalalagakan ng kanyang katawan. Nguni't sa dahilang kailangan ang ako'y magpalumagak ng mga ilang oras sa Paris, upang makasulat ng liham para sa isang kaibigan

—na dili iba't si Konde Mengis,—at magiwan ng ilang habilin, kung wala na ngang iba pa tayong gagawin kundi magusap na lamang, mga anák ko, ay maghiwahiwalay na tayong lahat, nguni't sa pagtugtog ng ikalimang oras ay muli tayong magtitipontipon upang magkasalong makakain, gaya ng dating gawa noong araw. At pagkatapos ay makapaglalakad na ng maliliit ang bawa't isa sa atin.

—Kung gayo'y hanggang mamayang hapon, iginagalang kong Tutor—ang wika ni Amaury.—¡Adios, Antonia!—anya pa sa dalaga.

—Hanggang mamayang hapon—ang sagot ni Antonia.

—Hanggang mamaya, mga anak ko—ani Dr. Abrigny.

Si Amaury ay lumabas at nagtuloy ng pagalis; si Dr. Abrigny ay nagbalik sa kanyang tanggapan, at si Antonia, sa dahilang hindi nangangailangan na magkunwang walang anomang sukal ng loob, ay napalugmok sa isang likmuan, kasabay ang pahikbihikbing pananangis.

## XXII

SI Amaury ay dumating sa takdang oras. Sa ganap na ikalimang oras ng̃ hapon, pagkatapos na maiukol ang panahon sa pagpapatibay sa kanyang gagamiting pasaporte, at sa paglikom ng̃ isang halagang nalalagak sa tagapagtago ng̃ kanyang kuwalta, at pagkatapos na maihanda ang kanyang sasakyang gagamitin sa paglalakbay na magsisimula sa ikaanim at kalahating oras ng̃ hapong ding iyon at ang iba pang mg̃a bagaybagay na kailang̃ang ayusin niya at huwag iwang hindi nalulutas, ay dumating ng̃a siya sa tadhanang oras sa bahay ni D. Abrigny.

Nagdaan ang ilang sandaling kakilakilabot nang sa pagupo nila sa harap ng̃ mesa ay sabaysabay halos na naititig nilang tatlong magkakaharap ang kanilang mata sa likmuang walang laman na nang panahong lumipas ay siyang niluluklukan ni Magdalena.

Si Amaury ay muntik nang kapusín ng̃ lakas upang mapigil ang muling pagsambulat ng̃ dalamhating nagaalimpuyo sa kanyang dibdib. Siya'y maliksing nagtindig at binagtas ang salon at napatung̃o sa halamanan.

Pagkaraan ng̃ ilang sandali ay nagpahayag si Dr. Abrigny sa kanyang pamangking si Antonia ng̃ sumusunod:

—Antonia, paroon ka't hanapin mo ang iyong kapatid na si Amaury.

Nanaog sa hardin si Antonia. Natagpuan niya si Amaury na nakaupo sa bangkong naging saksi ng̃ pag-

kikintal niya sa pisngi ni Magdalena ng kahulihulihang halik, halik na masasabing siyang naging dahil ng pagkamatay ng kanyang irog; at siya'y nakita roong buong pagngangalit na pinapagtitiim ang mga bagang sa isang panyolitong nakasumpal sa bibig, sa hangad manding mapigil ang nagpupumilit na pagtatanan ng mga buntunghiningang nakukuyom sa kanyang dibdib.

—Amaury—ang wika ng dalaga na kasabay ang paglalawit sa binata ng mga kamay, na inabot at pinisil naman nito sa gitna ng isang simbuyong hindi matulusan—¿bakit ninyo kami pinahihirapan nang gayon na lamang, ako at pati ng aking amaing si Dr. Abrigny?

Si Amaury ay hindi sumagot ng anoman. Nagtindig at ipinaubaya ang kanyang sarili na akayin ni Antonia, na tulad sa isang bata, hanggang siya'y maihatid sa komedor.

Ang tatlo'y muling dumulog sa mesa ng pagkain, nguni't si Amaury ay tumangging tumikim ng kahi't ano. Pinilit ng Doktor na ang binata'y makainom ng kahi't sabaw man lamang, nguni't wala ring kinasapitan ang pagsasakit ni Dr. Abrigny. Isinagot si Amaury na talagang siya'y "hindi maaaring kumain ng kahi't ano", at pagkasabi nito'y napasadlak na naman sa isang malalim na pagbubulaybulay.

Matangi sa mangisangisang salita na nakatatanan sa bibig ng tatlong nagkakaharapharap, ay isang ganap na katahimikan ang naghahari. Sa mga sandaling yao'y walang nakikitang anoman ang Doktor sa mga nangyayari at nagdaraan sa kanyang paligid. Subali't ang binata at ang dalaga'y nagkatinginan; di sasalang magbuhat sa balintataw ng kanilang mga matá ay kanilang nabasa ang mataos na pagdaramdam, dahil sa pagkamatay ni Magdalena, at ang pagkahapis, sanhi naman sa pagkakalayo na walang pagsalang mangyayari sa kanilang tatlo. At sa dahilang hindi na mapigilan ni Amaury ang matinding sákit ng loob na nakukulong sa kanyang dibdib, ay siya ang unang nagsalita:

—Sa ating tatlo—anya—ay ako ang unanguna at higit sa lahat ay mawawalan ng̃ sukat titing̃in at kakaling̃a; ako ang mapapalayo ng̃ lubusan sa inyong dalawa. Kayo'y maaaring magkita, kailan ma't iibigin, kahi't na minsan man lamang sa isang buwan; datapwa't ako... ¡Anong pagkasawisawi ng̃ aking palad!... ¿Sino ang maghahatid sa akin ng̃ mg̃a balita tungkol sa inyong dalawa? ¿At sino naman kaya ang makapaghahatid sa inyo ng̃ mg̃a balitang magbubuhat sa akin?

Waring napukaw sa isang mahimbing na pagtulog, ay biglang itinaas ni Dr. Abrigny ang kanyang ulo nang marinig ang ganitong daing ng̃ binata, at saka sumagot:

—Huwag mo nang pagabalahan ang tungkol sa pagsulat sa akin. Amaury; at ipinagpapauna ko sa iyong hindi ko nais na makatanggap ng̃ anomang liham...

—¡Nakita na ninyo!—ang wika ni Amaury.

—Talastasin mong sa iyo'y walang nagbabawal upang padalhan mo ng̃ sulat si Antonia; at wala ring nagbabawal sa kanya upang ikaw ay sagutin. Samakatwid ay maaari kang makipagbalitaan sa kanya.

—¿Ipinahihintulot po ba ninyo?—ang tanong ni Amaury samantalang si Antonia'y puspos ng̃ pananabik na naghihintay sa isasagot ng̃ kanyang amain.

—¿At sa anong kadahilana't ipagbabawal ko na ang dalawang magkapatid ay magkahing̃ahan ng̃ kanikanyang nasa sa loob, at diligin ng̃ kanilang luha ang isang libing̃an?

—¿Kayo po naman, kaibigang Antonia, ipinahihintulot na rin ba ninyo sa akin?—ang tanong ng̃ binata.

—Kung sakali't ang bagay na iya'y makapagdudulot sa inyo ng̃ kahi't kaunting kasiyahangloob—ang halos pabulong na naipakli ng̃ dalaga, kasabay ang ting̃in sa ibaba, samantalang ang kanyang dalawang pisng̃i'y biglang namula na parang inilubog sa mapulang tina.

—¡Oh. salamat, maraming salamat sa inyo, kaibigang Antonia!...

Natàpos ang kanilang pananangbali.

Malapit nang magikaanim at kalahati noon, nang si Jose ay pumasok upang ibalitang naghihintay na sa liwasan ang sasakyan ni Amaury, na kararating pa lamang, at gayon din ang kay Dr. Abrigny na matagal nang naruroon. Nañgiti ang Doktor, ang binata'y napahimutok nğ malalim at si Antonia ay namutla nğ gayon na lamang.

Nagtindig si Dr. Abrigny; magkasabay ring tumayo si Antonia at si Amaury, at kanilang pinigil ang Dortor; at nang muling naupo sa likmuan ang Doktor na naghihirap ang loob sa paghihinagpis, ay saka pa lamang niya napansin na ang dalawa'y kapwa nakaluhod sa kanyang tabi.

—¡Yakapin po ninyo ako, minamahal kong Tutor!—ang pabulalas na sabi ni Amaury.

—Igawad naman ninyo sa akin ang inyong bendision, mahal kong Tio—ang may hawig pakiusap na wika ni Antonia.

Ang dalawa ay kapwa niyakap ni Dr. Abrigny. Sa mğa matá nğ matanda ay bumabalong ang masaklap na luha; kapagkuwa'y nagpahayag na nakatitig sa itaas:

—¡Oh, ang aking dalawang huling pagibig sa ibabaw nğ lupa!... ¡Dios ko!... ¡Loobin Mong sila'y maging maligaya at magkaroon nğ isang tahimik na kabuhayan! ¡Harinawang silang dalawa'y kapwa mamuhay nang payapa sa mundong ito, at sa kabilang buhay ay managano pagkatapos sa isang kaluwalhatiang walang hangga!...

At kapwa sila hinagkan sa noo ni Dr. Abrigny. Pinapagkamay niya si Amaury at si Antonia at ilang sandaling hindi nagkaimikan: nagkatitigan lamang sa gitna nğ isang pagkakatigagal na walang katulad.

—¡Amaury, hagkan mo siya!—ang wika nğ Doktor, kasabay ang paglalapit nğ noo nğ dalaga sa mğa labi nğ binata.

—¡Adios, Antonia!...

—¡Adios, Amaury! Hanggang sa muling pagkikita...

At naghiwahiwalay ang tatlo na ang tinig ay pinayayanig ng̃ isang damdaming di pangkaraniwan.

Si Dr. Abrigny, na sa mg̃a sandaling yao'y siya lamang tang̃ing hindi pinapanawan ng̃ kahinahunang loob, ay tumayo upang mabigyang wakas ang kapighatiang tumitimo sa kaluluwa ng̃ dalawang kinapal na yaong magkakalayo. Si Antonia at si Amaury ay kapwa rin nagsitindig at pagkalipas ng̃ mahabang sandaling pagtitinging̃inan, ay muling nagkamay ng̃ mahigpit; samantala'y pinagbabahabilinan siya ng̃ ganito:

—¡Aba, lakad na, Amaury! Paroon ka na, Amaury, at baka ka mahuli.

—Paalam na ako sa inyong lahat—ang sabi ng̃ binata na ang puso'y tigib ng̃ lumbay.—Antonia, huwag kayong makalilimot; kahi't minsanminsan man lamang sana'y balitaan din naman ninyo ako. ¿Makatatanggap kaya ako ng̃ inyong mg̃a liham?

Ang dalaga ay waring kinapos ng̃ lakas upang sagutin ang huling tanong na ito ni Amaury; at hindi na nakasagot ay kinulang pa rin ng̃ tibay ng̃ puso upang maihatid si Amaury sa pagalis.

Ang binata't si Dr. Abrigny ay nagpaalam kay Antonia sa pamamagitan ng̃ kumpas ng̃ kamay, at makasandali pa'y kapwa nagsilakad ng̃ buong pagtutumulin.

Kapagkarakang nakaalis ang dalawa, ay muling nanumbalik sa katawan ni Antonia ang sigla't lakas, at pagkatapos na makatakbo sa tabi ng̃ bintana na papaharap sa liwasan, ay binuksan ang durung̃awang yaon.

Mula sa bintana ay natanaw pa ni Antonia ang huling pagyayakap ni Amaury at ng̃ kanyang amain, at sa ayos at anyo ng̃ dalawa ay napaghulo ng̃ dalaga na ang Doktor ay nagpapabaon ng̃ ilang tagubilin sa binatang aalis.

—Ako'y patutung̃o sa *Villa de Avray*—ang wika ng̃ Doktor—upang malagay na sa piling ng̃ aking anák.

Ako nama'y maglalakbay sa Alemania, na taglay ko

sa puso ang banal na alaala ng̃ aking giliw—ang sinabi naman ni Amaury.

—At saka ako—ang katlo naman ni Antonia,—sa loob ng̃ bahay na ito at sa laot ng̃ aking pagiisa ay itututuring kong aking kasamasama ang kaibigibig na gunita ng̃ aking pumanaw na pinsan at kapatid na si Magdalena...

At nilisan ang bintana upang hindi na makita pa ang pagalis ng̃ sasakyan na maghahatid sa dalawang mapapalayo sa kanyang mg̃a matá; nilisan niya ang bintana na ang kamay ay nakatutop sa dibdib at waring pinakikiramdaman ang pagsisi at paghihinagpis sa naging palad ng̃ ka yang pinsan.

## XXIII

Lila, ika 15 ng̃ Sept.

ITINATANGI KONG ANTONIA:

Sa isang pagkaka'aon, minamahal kong kaibigan, ay napilitan akong magpalumagak muna rito sa Lila ng̃ ilang oras, at ito'y sinamantala ko naman upang makapagbalita sa inyo nitong mg̃a sumusunod:

Nang kami'y papasok na sa siudad ay nabakli ang ehe ng̃ sasakyan at dahil sa pangyayaring ito ay napilitan akong makituloy na muna sa isang munting otel na siyang pinakamalapit na pinangyarihan ng̃ sakuna.

Bago namin nilisan ang Paris ay naramdaman kong hindi ako makalayo, hindi ko maihakbang ang aking mg̃a paa, samantalang hindi muna ako nakapagpapaalam kay Magdalena; kung kaya't pagkatapos na malagpasan namin ang hanggahan ay minarapat kong ang sasakyan ay lumiko sa mg̃a bulebard, sa dakong labas ng̃ bayan at pagkalipas ng̃ may dalawang oras na paglilibot ay nakarating ako *Villa de Avray*.

Ako'y dumating sa libing̃an, at sa pagnanais kong sino ma'y walang makaalam ng̃ pagdalaw kong yaon ay minabuti kong magdaang sa mababang bakod na, gaya ng̃ alam ninyo'y siyang nakaliligid sa libing̃an. Hindi ko na ng̃a minabuti pa ang hing̃in sa sakristan o taga pagbantay ng̃ libing̃an ang susi nito, upang isa ma'y walang makakita at makaalam sa akin...

Noo'y humigit-kumulang sa ikawalo't kalahati ng̃

gabi: sa buong libingan ay walang nakapaghahari kundi ang isang kadilimang walang kawangis. Buong pagiingat na ako'y nangabay at tinahak ko ang kadilimang yaon hanggang sa wakas. ay narating ko ang pinagbaunan kay Magdalena... Datapwa't, ¡anong laki ng aking pagkamangha nang ako'y malaan naw ng anino ng isang taong nakasubasob sa ibabaw ng libingan!... Ako'y humakbang ng isang papalapit, at aking napagkikilala kung sino iyon: siya'y si Dr. Abrigny.

Ipagtatapat ko sa inyo, kaibigang Antonia, na sa mga sandaling yaon ay pinagsiklaban ako ng matinding galit nang makita ko ang taong iyon na samantang ang nabubuhay pa ang kanyang anák ay hindi lumayo dito saglit man at hanggang sa libingan ay inaagaw pa rin sa akin ang mga huling sandali ng aking ikapagsasarili.

Ako'y sumandal sa isang puno ng sipres at niyari ko sa loob na magaantabay doon hanggang sa makaalis si Dr. Abrigny.

Ang amang namimighati, nakaluhod ng tuwid na tuwid, nguni't nakakiling ng bahagya ang ulo, ay pabulong na nagpahayag ng ganito:

"—Magdalena, kung totoong may kabilang buhay, kung ang kaluluwa ng tao'y hindi namamatay, kung dahil sa kabutihan ng Dios ay napahihintulutan ang patay na makadalaw sa mga buhay, ay ipinamamanhik ko sa iyo, anák ko, na ikaw ay pakita lamang agad sa akin at kung mangyayari'y maging malimit, sapagka't hanggang sa mga sandaling lilisanin ko na ang buhay na ito at hanggang sa ako'y mapasapiling mo, ay hihintayin ko sa lahat ng saglit ang ating pagkikita rito sa lupa"

Ang sinabing ito ni Doktor Abrigny ay talaga sanang siya rin hihilingin ko kay Magdalena. ¡Oh!... ¡Lagi na lamang na ang taong ito'y nauuna sa aking mga gagawin!...

Pagkaraan ng ilang sandali ay nagsalita si Doktor

Abrigny ng̃ lalong marahan; at kapagkuwa'y tumayo at gayon na lamang ang aking panggigilalas nang makita kong siya'y lumalapit sa pook na aking kinaduroonan. Ako pala'y nakita niya at nakilala rin naman.

"—Mahal kong Amaury—anya sa akin,—ikaw ay pababayaan ko ritong nagiisa, sapagka't hindi lihim sa akin iyang panggigipuspos na naghahari ng̃ayon sa kalooban mo; at talastas ko na ang mapagimbot na pagdaramdam mo ang sa iyo'y nagbubunsod upang hang̃arin na ikaw naman ang makaluhod dito sa tabi ng̃ libing̃an ni Magdalena. Tang̃i sa rito'y isinasaalang alang ko pa na ikaw ay aalis at hindi mo makikita ang libing̃an ng̃ aking anák hanggang sa iyong pagbabalik, samantalang ako, ay diyan lamang sa tabi nakatira sa isang bahay na malapit dito, at bukas na bukas di'y maaari kong makitang muli ang libing̃ang ito at di lamang bukas kundi sa lahat pa ng̃ araw at sa bawa't sandali na aking ibigin... Kaya ¡diyan ka na, Amaury, diyan ka na!"

At di na inantay na marinig pa ang aking kasagutan. Ipinagpatuloy ang kanyang paglayo hanggang sa itago na siya ng̃ dilim.

Kapagkaraka nama'y nagpatirapa ako sa baunan ni Magdalena at aking inulit ang kahiling̃ang may uring dalang̃in na kanikanina lamang ay narinig kong binibigkas ng̃ mg̃a labi ng̃ Doktor; ng̃uni't ang aking paghiling ay hindi ginamitan ng̃ isang tinig na nagmamakaamo lamang kundi tinugunan pa ng̃ luha at ng̃ buntunghining̃ang nagbubuhat sa kaibuturan ng̃ aking dibdib.

¡Oh, kaibigang Antonia! ¡Di kakaunting ginhawa ang nalasap ng̃ aking kaluluwa pagkaraan ng̃ mg̃a sandaling yaon na maibulalas ko ang aking matinding dalamhati!...

Hindi ko na matandaan ng̃ayon kung gaano katagal ang ipinamalagi ko sa loob ng̃ libing̃an. Kaipala'y

hindi ko pa maiisipang lisanin ito kundi ko narinig ang boses nḡ kutsero nḡ aking sasakyan na nagsabing kami'y dapat nang lumakad.

Bago ako lumayo ay pumutol muna ako nḡ isang sanḡa nḡ rosal at ako'y lumabas sa libinḡan, na pinupupog ko nḡ halik ang mḡa bulaklak na aking pinamitas sa pagpapalagay na ang banḡong aking nasasamyo ay siya ring banḡo nḡ aking kapuspalad na Magdalena.

AMAURY.

* * *

Ostende, Ika 20 nḡ Sept.

KAIBIGANG ANTONIA:

Ako'y naririto nḡayon sa Ostende.

Naaalala ko yaong mḡa araw na kaming dalawa ni Magdalena'y bumalangkas sa isip nḡ isang gawain. Siya noon ay bago pa lamang tumutuntong sa siyam na taong gulang, at ako nama'y lumalakad na sa labingdalawa. Magunita ko lamang ang panukala naming yaon ay napupuspos na nḡ kasayahan ang aking kaluluwa. Binalak namin noon ang kaming dalawa'y pumaroon sa kabilang dako nḡ kagubatan, sa bahay nḡ isang tagapagalaga nḡ mḡa halamang namumulaklak,—sa Glatigny,—upang makakuha nḡ isang tungkos na bulaklak na maihahandog namin kay Doktor Abrigny. sa kaarawan nḡ kanyang kapanḡanakan.

¿Naaalala pa ba ninyo si Magdalena noong siya'y lumalakad sa gulang na ito?

Ang panukala naming yaon ni Magdalena ay totoong nakalulugod sa puso, kung kaya't hindi namin pinabayaang di maisagawa.

Nang sumapit ang bisperas nḡ kapistahan ni Dr. Abrigny, at dahil sa pagkakataong umalis ang Doktor sapagka't napatunḡo sa Paris upang tupdin ang kanyang

mĝa katungkulan sa siudad at palibhasa'y kinandili kami nĝ isang maaliwalas na panahon, ay kung kaya't patakbong kami'y nanaog sa halamanan at pagkatapos ay lumabas sa liwasan at magmula rito'y nagtuloy kami sa gubat nang walang nakakita sa aming isa man.

Nang kami'y nasa labas na nĝ bahay ay saka pa lamang kami nakaramdam nĝ isang pagkatakot na noon ko lamang naranasan. Kami'y nagkatinĝinan sa loob nĝ mahabang sandali: waring kami'y natataka at di namin maubus-isipin ang malaking kapanĝahasang aming nagawa.

Parang nakikita ko pang buhay na buhay ang ayos at anyo noon ni Magdalena, na nakasuot nĝ isang damit na sutlang puti at sa baywang ay may isang sinturong kulay lanĝit.

Ang landas ay hindi lubhang nababago sa akin, sapagka't minsa'y nakapagliwaliw na ako na kasama nĝ buong magaának ni Doktor Abrigny. Hindi gaanong nakikilala ni Magdalena ang landas sapagka't hindi niya gawi ang tuminĝin sa lupang tinatapakan niya, tanĝi sa rito'y nalilibang ang kanyang pag-iisip sa panghuhuli nĝ mĝa paruparo at ibon at sa pamumupol nĝ mĝa bulaklak-parang.

Nakarating kami sa pinakapusod nĝ gubat at nang naririto na ay minarapat pa naming tahakin hang gang sa kabilang dako ang kagubatang yaon; at ako, palibhasa'y dumaramdam nĝ pagmamapuri at pagmamagaling sa sarili dahil sa nasa akin ang ikatutupad nĝ aming panukala, ay idinulot ko kay Magdalena ang aking bisig at hinahawakan naman niya na nanĝinĝinig ang katawan; wari bagang nagsisisi sa kapanĝahasang aming nagawa. Datapwa't kaming dalawa ay kapwa may pagmamahal sa sarili; hindi na namin naisipan pang magbalik sa aming pinanggalinĝan, at sa pamamagitan nĝ mĝa tanda sa haligi na aming nararaanan ay ipinagpatuloy namin ang paglalakad hanggang sa Glatigny.

Naaalala ko pa rin hangga nĝayon na itinuring na-

min ni Magdalenang napakahaba ang lakaring yaon; na ang isang u-á ay ipinagkamali namin sa isang lobo, at ang mababait at payapang taong bukid ay napaghinalaan naming mga masasamang loob at tulisan. At sa dahilang walang nakasasalabid sa aming lakad, at palibhasa'y natulungan kami ng sigla at tibay ng loob, ay ipinagpatuloy namin ang paglalakbay hanggang sa kami'y makarating sa Glatigny, pagkaraán ng isang oras.

Itinanong namin kung saan nakatira ang balitang hardinero at kami'y sinamahan hanggang sa kanyang bahay na nakatirik sa isang gawi sa labas ng bayan. 'Nang kami'y pumasok ay nakakita kami ng mga naggagandahang halamang namumulaklak, at sa pagitan ng mga halamang ito'y sumipot ang isang matandang lalaki na sa pagmumukha, ayos at anyo ay may magandang kalooban. Siya'y nangiti at itinanong ang aming sadya.

"—Kami po'y naparito upang bumili ng bulaklak"—ang aking isinagot.

At pagkatapos na madukot ko sa bulsa ang sampung pranko, ay aking idinugtong:

"—Ang lahat ng ito'y inilalaan po namin upang ipamili"...

Nakatayo sa likuran ko si Magdalena na mandi'y namamangha.

"—¿Diyata ba't ang lahat ng iyan ay iniuukol ninyo sa bulaklak?"—ang tanong ng hardinero.

"—Opo,—ang sagot ni Magdalena, at lumapitlapit sa matanda;—nais po namin na ang mga bulaklak na ipagbibili ninyo sa amin ngayon ay yaon sana lamang pinakamainam sa mga naririto sa halamanan, sapagka't gagamitin namin bukas, sa pagbubunyi sa kaarawan ng aking amá, na si Dr. Abrigny.

"—¡Ah! kung para sa Doktor—ang tugon ng matanda—ay kailangang ang pinakamaganda nga ang siya kong ibigay sa inyo. Ngayon di'y pipitasin ko ang lalong bihirang at maririkit na bulaklak upang mapagpilian ninyo.

"—¡Oh, napakainam!—ang aking nasabi na sa mala-

king tuwa ko'y nasabayan ng̃ palakpak ng̃ kamay.—¿At maaari po bang dalhin namin ang lahat ng̃ aming maiibigan?...

"—¿Lahatlahat po ba?—ang parang dugtong na isinambot ni Magdelena.

"—Lahatlahat ng̃ magugustuhan ninyo—ang masayang isinagot ng̃ matanda,—hangga't may lakas kayong magagamit sa pagdadala.

"—¡Ah, kung sa lakas ay mayroon po kaming sapat at labis pa marahil sa inaakala ninyong tinataglay namin ng̃ayon!

"—Totoo ng̃a, kung sa bagay, ng̃uni't talastas ninyo na malayong totoo ang inyong lalakarin, mula rito hanggang sa *Villa de Avray.*"

Ang mg̃a huling sinabi ng̃ hardinero ay hindi na namin narinig. Pinasimulan namin ang pamumupol ng̃ mg̃a bulaklak; sinikap naming makapitas ng̃ lalong marami anupa't masasabing wala na kaming itinira para sa mg̃a paruparo at bubuyog.

At habang kami'y namimitas ay paulitulit na itinatanong namin sa hardinero ang ganito:

"—¿Maaari ko po bang kunin ito?"

At tuwina'y sinasagot naman niya ng̃:

"—Oo."

Anopa't walang di ipinagkaloob sa amin: lahat ng̃ naibigan namin ay binayaang aming madala.

Kami'y walang pagkasiyahan sa tuwa. Sa loob ng̃ ilang sandali ay hindi lamang dadalawang tungkos ang aming napang̃uha, kundi dalawang punggos na pawang pili at nagiinaman.

"—¿At sino ng̃ayon ang magdadala ng̃ lahat ng̃ iyan?"—ang itinanong sa akin ng̃ hardinero.

"—Sino pa po kundi kami rin—ang wika ko at sinabayan namin ng pagtataas sa aming mg̃a dalá. Bawa't isa sa amin ay nagtigisang punggos.

"—Ng̃uni't ¿kayong dalawa lamang baga ang babagtas sa kagubatan?... Nagtataka ako kung ano't pumayag

si Dr. Abrigny na kayong dalawa lamang ang makalakad at di na pinasamahan kahi't kanino. Napakalaking kalayaan ang ibinibigay niya sa kanyang mğa anák...

"—Wala po kayong dapat ikamangha—ang isinagot kong kasabay ang pagmamapuri...Hindi po nalilihim sa bahay na nalalaman ko ang daan.

"—Nğuni't hindi naman magiging kalabisan—ang wika ng hardinero—na kung sa inyong pagbalik ngayo'y mayroon kayong makasama.

"—¡Oh, marami pong salamat! Nğuni't huwag na kayong magambala. Talagang hindi na kailangang mabahala pa sa amin ang sinoman yamang nalalaman na po namin ang landas na aming pagbabalikan, na siya rin tinunton namin sa aming pagkaparito.

"—Kung gayo'y kayo ang bahala. Wala nang kailangan, samakatwid, ang tayo'y magusap pa nğ marami. Kahimanawari'y makarating kayong maluwalhati sa inyong bahay. Nais ko lamang maipatalastas ninyo kay Doktor Abrigny na ang nagpadala sa kanya nğ mğa bulaklak na ito ay ang hardinero sa Glatigny, na ang anák na babai ay nabubuhay pa nğayon sapagka't nailigtas niya sa kamatayan.

Puno ang aming kamay nğ mğa naggagandahang bulaklak at ang aming puso'y tigib nğ di masayod na katuwaan, na nilisan namin ang bahay nğ hardinero at kami'y nagbalik nang patunğo sa bahay-bakasyunan sa *Villa de Avray*:

Nğayon, kaibigang Antonia, ay maliwanag ninyong nakikita na kung noong araw ay natutuhan ni Dr. Abrigny na kanyang iligtas sa kamatayan ang anák nğ taong yaon, sa pagkakataong ito'y hindi niya nasumpungan ang paraang ikaaagaw sa kamatayan nğ buhay nğ kanyang anák.

Sa gitna nğ aming katuwaan ay may isang panimdim na nakababawas nğ katahimikang tinatamasa nğ aming puso. Nagaalala kaming baka sa pagbalik nğ Doktor at itanong kung nahan kami ay matuklasan niyang kami pala'y wala sa bahay at kung saan nakaratino...

May dalawang oras ding mahigit na kami'y natigil sa bahay ng̃ hardinero, samakatwid ay humigit-kumulang sa tatlong oras na kami'y napalayo sa bahay.

Datapwa't sa lalong ikaliligalig naming dalawa ni Magdalena ay kung bakit naisipisipang kong gumawi sa ibang dako at ito'y dahil sa nais kong madali kami sa aming paglakad. Kung sa bagay ay nahalata kong si Magdalena ay hindi naman natatakot, palibhasa'y lubós na nasa sa akin ang kanyang pagtitiwala kung kaya't walang tutol ni bahagyang pasubali na siya'y sumunod sa landas na aming tatahakin, landas na noon pa lamang matataho kung saan matatapos; datapwa't sa lalo pa ng̃ang kasawian namin ay kung saan kami napasuot at tuluyan kaming naligaw sa daang patung̃o sa aming paguwi. May isang oras ang naubos namin sa pagsasapalaran upang matutuhan ang landas...

Si Magdalena ay humagulgol ng̃ panang̃is.

Matataya na ninyo, kaibigang Antonia, kung ano ang sukat kong damdamin sa mg̃a sandaling yaon. Papalubog na ang araw, oras na ng̃ aming paghapon, at kami'y nakaramdam ng̃ pagkapagod dahil sa bigat ng̃ mg̃a sang̃a ng̃ mg̃a bulaklak na aming dala.

Nagunita ko tuloy ang magkaibigang Pablo at Virginia na naligaw ring minsan sa landas...

Sapagka't naisaloob kong kung pawang paghihinagpis at pagluha lamang ang aming gagamitin ay wala ring mangyayari at hindi namin matutuhan ang daang patung̃o sa paguwi, kaya't niyari ko sa sarili na ipagpatuloy ang aming paglakad at gumamit pa ako ng̃ isang oras at nagbakasakaling matumpakan pa ang landas upang kami'y makauwi.

Datapwa't ang lahat ng̃ aming pagsasakit ay walang pinangyarihan; habang kami'y napapaloob sa kagubatan ay lalo't lalo namang nalalayo sa landas na aming pinaghahanap. Sa wakas ay nagahis ng̃ pagkapagod at panghihina si Magdalena: Siya'y napalugmok sa tabi ng̃ isang punungkahoy, at sa harap ng̃ ganitong pangyayari

ay naramdaman kong untiunti namang ako'y pinababayaan ng̃ aking lakas.

May labinglimang minutong nagdaan sa amin ang gayong pagkawala ng̃ pagasa, lubos na ligalig, at hindi malaman kung ano ang gagawin, nang di kaginsaginsa'y nakaulinig kami ng̃ isang alin̄gawn̄gaw sa aming likuran at nang kami'y lumin̄gon ay namataan namin ang isang pulubing may kasamang isang batang lalaking akay-akay.

Di namin napigil ang pagbulalas ng̃ kasiyahang loob pagkakitangpagkakita namin sa dalawang taong yaon, palibhasa'y nagkaroon kami ng̃ pagasa na ang landas ng̃ aming pinaghahanap ay masusampun̄gan na rin sa pamamagitan ng̃ paghihimatong na di sasalang maibibigay ng̃ dalawang taong aming nakita. Ako'y tumayo at pasugod na lumapit sa matandang babae upang ipakiusap na ituro sa amin ang daang patun̄go sa paguwi, n̄guni't ang matandang babai'y walang ibinigay na sagot sa aking katanun̄gan kundi isang pakiusap na siya'y limusan lamang namin. Sa isang tinig na nagmamakaawa ay ganito ang kanyang sinabi:

"—Ginoo, Binibini... Kahabagan ninyo kaming mag-ina. Alangalang sa pagibig sa Dios ay limusan sana ninyo kami, at harinawang kayo'y gantihin sa kabutihang gagawin ninyo sa amin..

Dumukot ako kapagkaraka sa aking bulsa, si Magdalena nama'y gayon din, n̄guni't wala kaming nakuhang anoman palibhasa'y ginasta naming lahat sa mg̃a bulaklak. Nagkatin̄ginan na lamang kaming dalawa ni Magdalena, na di namin malamang ang gagawin sa harap ng̃ gayong kagipitan. Di sasalang nagsaloob ng̃ iba ang pulubing sa ami'y humihin̄gi ng̃ limos, at kaipala'y kanyang naipalagay na kami'y nagaalan̄ganin sa paglalawit ng̃ awa sapagka't muling nagsalita at ganito ang sinabi:

"—Kaawaan po ninyo kami... Kailan̄gan kong ipagtapat—aniya pa—na may tatlong buwan lamang n̄gayong ako'y nababao; dahil sa pagkakasakit ng̃ aking nasirang

asawa ang kaunting ariarian namin na malaong natipon sa pamamagitan ng̃ pagiimpok, ay ganap na naubos, kaya't ng̃ayo'y wala akong makitang paraan upang ipagbigay-buhay sa batang ito at sa isang kapatid pa niyang maliit na iniwan ko sa bahay. Kababagbabag. Ang batang ito'y hindi pa kumakain magbuhat kahapon, sapagka't bukod sa wala akong mapasukan upang pagkakitaan ay wala pa ring maawang maglimos sa amin. Ginoo, Binibini: Kayo na di sasalang kapwa may magandang puso, ay kahabagan na sana ninyo ang mg̃a kapuspalad na ito!

Sa dibdib naming dalawa ni Magdalena ay napukaw ang isang di pangkaraniwang damdamin. Kami ay nagugutom din, sapagka't sapul sa umaga ay wala kaming kinakaing anoman; datapwa't ang kaawaawang musmos na yaon, na batang di hamak kaysa amin, magmula pa raw kahapon ay hindi kumakain.

—¡Kaawaawa ng̃a naman, Dios ko!—ang kapagkuwa'y naibulalas ni Magdalena kasabay ang pagbalong sa matá ng̃ masaganang luha. At akay ng̃ kanyang katutubong kaliksihan at katang̃iang nakalulugod, ay tumayo at nagpahayag:

"—Pakinggan po ninyo kami, butihing babae. Kami'y walang dala ng̃ayong kuwalta, kahi't isang sentimos; at tang̃i sa rito'y naligaw pa kami ng̃ daan sa paguwi, upang pumatung̃o sa *Villa de Avray*; ng̃uni't kung kami'y papatnubayan ninyo't sasamahan hanggang sa bahay ni Dr. Abrigny, na siyang amá namin, ay di sasalang gagantihin niya kayo sa kagandahang loob na ipauutang ninyo sa amin, sapagka't kung may isang tao rito sa mundo na maaaring dumamay at sumaklolo sa inyong magiiná, ay wala nang ibá pa kundi siya lamang. Maniwala po kayo sa aming sinasabi.

"—¡Dios ko!...—Maraming salamat, alang̃alang sa aking mg̃a anák!—ang isinagot ng̃ babae na nagpahalata ng̃ pagkilalang loob.—Ng̃uni't ¿paano po ang nangyari at kayo'y napaligaw? ¿Hindi ba ninyo nalalaman na magbuhat sa kinalalagyan nating ito ay ilang hakbang na

lamang at patungo na sa *Villa de Avray?*... Diyan kayo magdaan sa landas sa dakong kaliwa, at pagkatapos na makalakad ng ilang hakbang ay matatanaw na ninyo ang mga unang bahay sa kabayanan.

Sa bisa ng mga pangungusap na ito ng matandang babae, ay nanumbalik sa aming puso ang kasiglahan at naparam ang aming pagkatakot; nguni't hindi gaanong natagala't sinalagimsiman naman ako ng pangamba dahil sa pagaalala sa kung ano na kaya ang nangyayari sa aming bahay at kung ano ang sasabihin nila sa pagdating namin.

Ipinagtatapat kong samantalang patuloy ng pakikipagusap ni Magdalena sa aming kasamang babae ay natitigilan ako't lagi nang nakatungo dahil sa pagiisip sa aming kinasapitan.

Pagpasok sa halamanan ay narinig namin ang boses ni Aling Braun na kami'y tinatawag ng malakas at paulit-ulit. Huminto ng paglakad si Magdalena, tumingin sa akin, at saka nagwika:

"—¿Ano ang gagawin natin ngayon, Amaury? ¿Ano ang sasabihin natin sa kanya?

Si Aling Braun ay patakbong sumalubong sa amin.

"—¡Hoy, mga malilikot!—aniya.—¡Sa wakas ay nagkitakita rin tayo! ¡Ay, Dios ko!... Hindi kakaunting panimdim ang naghari sa akin habang kayo'y aking pinaghahanap at di ko matagputagpuan. Kararating lamang ngayon ni Dr. Abrigny at kapagkaraka'y kayo na ang itinanong sa akin. Salamat nama't nakita ko kayo agad; mabuti't nakapagbalik na kayo... ¿Saan ba kayo nagsipagsuot?... Kung malalaman ni Dr. Abrigny ang pagkaalis ninyong ito nang walang paalam ay di sasalang ako kagagalitan, gayong hindi marapat ang magkagayon, sapagka't wala akong kakasakasalanan sa ginawa ninyong ito.

—"¡Mapalad na pagkakataon!—ang nasabi ko.

"—¿At paano iyang kahabaghabag na babaing nag-

hatid sa atin dito?—ang kapagkuwa'y itinanong ni Magdalena.

"—¿E, ano?

"—Na nararapat ibigay sa kanya ang gantingpalang ating ipinañgako, at dahil dito'y wala tayong magagawa kundi ang ipagtapat na tayo'y naglibot at naligaw sa landas at kung di sa tulong ng babaing iyan ay hindi tayo makauuwi.

"—Totoo nga, kung sa bagay—ang sagot ko;—ñguni't tayo'y kagagalitan ng Tatay...

"—Subali't dapat mong malaman na ang babaing iyan at ang kanyang mga anák ay paraparang nadadayukdok sa gutom—ang pakli ni Magdalena.—¿Lalo mo bang minamabuti ang tayo'y huwag makagalitan kaysa di makatawid sa matinding gutom ang maginang iyan? Sa ganang akin ay minamatamis ko na ang tayo'y makagalitan ng Tatay kaysa tayo'y magkulang sa ating naipañgako sa magina, na hahantong sa di nila pagkain!...

¡Oh, Magdalena, mutya kong Magdalena!... Sa mga pañguñgusap na ito'y buungbuong napalarawan ang kalinisan ng kanyang kaluluwa.

Nang malaman ni Dr. Abrigny ang nangyari sa amin ay hindi na kami kinagalitan, ipinagpaumanhin na niya, at kami'y hinagkan pa kapwa.

Ang kapuspalad na babaing yaon—ulila sa kabyak ng puso at naiwanan ng dalawang mutya ng bubay—ay ipinasok ni Dr. Abrigny sa pataniman ni Maursan, at sa mga araw na ito'y di sasalang may tatlong puso pang dumadalañgin sa kapakinabangan ng kaluluwa ni Magdalena.

¡At isiping magbuhat noon hanggang sa mga araw na ito'y may sampung taon lamang ang nakalilipas!

Ito lamang, kaibigang Antonia, ang maibabalita ko sa inyo ñgayon.

AMAURY.

## XXIV

Ika 3 nğ Oktubre

KAIBIGANG AMAURY:

Wala akong maibabalita sa inyo tungkol sa akin. Tanğing babanggit ako nğ hinggil sa aking amain, kay Magdalena at sa inyo.

Kamakalawa, unang araw nğ buwan, ay dumalaw ako kay Dr. Abrigny, alinsunod sa pangako niyang kami'y maaaring magkita sa tuwing unang araw nğ buwan, gaya nğ nalalaman na ninyo.

Ako'y madalas makatanggap nğ balita tungkol sa kanya, at ang naghahatid sa akin ay ang kanyang matandang utusang si Jose na napaparirito sa Paris pagka't sadyang inuutusan niyang makipagkita sa akin, upang makapaghatid naman sa kanya nğ mğa balita tungkol sa aking kalagayan.

Sa aming pagkikita ni Dr. Abrigny ay hindi kami nagkapagusap nğ marami. Pasandasandali lamang. Napapansin kong ang pagiisip nğ aking amain ay lumilipad sa malayo, at upang hindi ko naman siya magambala, ay hindi na nğa ako nagsasalita kundi niya ako kausapin. Ako'y nasisiyahan na lamang na tingnan kong pasandasandali at pasulyapsulyap ang kanyang kapitapitagang mukha.

Matay kong pagwariin ay malaki nang totoo ang kanyang ipinagbabago. Para sa mğa taong hindi gaanong nagpapapansin sa mğa bagaybagay ay walang pagsalang

hindi mapupuna ang pagiibang nahahalata ko sa aking amain; datapwa't sa aki'y hindi nakakaila ang lahat ng̃ ito: naragdagan ang kulubot sa kanyang noo, lumamlam sa dati ang ningning ng̃ kanyang mg̃a matá at dumarami ang pinagkakaabalahan ng̃ kanyang pagiisip... Bagama't hindi maaaring paniwalaan ng̃ gayungayon lamang, ay masasabi kong bumusay ng̃ kaunti sa dati ang kanyang pang̃ang̃atawan kaysa noong mamatay si Magdalena, pagkatapos na ang kanyang katawan at pagiisip ay magbatá ng̃ walang kahambing na hirap sa loob ng̃ dalawang buwang singkad na pagkaratay at paglulubha ng̃ kanya anák na yumao.

Nang ako'y makita ni Dr. Abrigny ay niyakap ako ng̃ mahigpit, at itinanong kung ano ang maibabalita ko sa kanya tungkol sa aking kabuhayan. ¿Ano pa ang akin maisasagot? Sinabi kong wala, at siya namang totoo, kundi ang ako'y nakatanggap ng̃ dalawang sulat na nanggaling sa inyo. At nang tinangka kong ipabasa sa kanya ang huling liham, kasabay ang pagbasabing makatutunghay siya roon ng̃ ilang bagay tungkol kay Magdalena, ay tumangging kunin, bagama't akin pinilit, at nagpahayag ng̃ ganito:

"—Talastas ko na kung ano ang nilalaman ng̃ sulat na iyan. Si Amaury ay gaya kong namumuhay sa isang daigdig na pinagháharian ng̃ mg̃a alaala ng̃ nagdaang panahon; ang kanyang buong gunita ay napapalaot sa mg̃a gunita ng̃ Kahapon; datapwa't sa dahilang ako'y matanda sa kanya ng̃ tatlumpu't limang taon, ay walang pagsalang ako ang unang makararating...

At pagkasabi nito'y ibinaling sa ibang bagay ang salitaan.

¡Dios ko! Ako'y kinikilabutan kung magunita ko ang mg̃a katang̃itang̃ing kilos at pagkawalang kibo ng̃ayon ng̃ aking amain. ¡Sinasalagimsiman ako ng̃ pagkatakot! ¡At ako'y nababalisa!...

Nang kami'y makapananghali, at habang kami'y kumakain, ay bahagya na lamang nagkapalitan ng̃ salita,

ay niyakap ko siyang sa aking mga matá'y nalalaglag ang masaganang luha. Ako'y sinamahan niya hanggang sa sasakyan na naghatid sa aming dalawa ni Aling Braun sa Paris.

Ganito ñga, kaibigan, ang nangyari sa huling pagkikita namin ni Dr. Abrigny.

Sa tuwing magsasadya rito sa Paris si Jose ay nakikibalita ako tungkol sa kalagayan ñg matanda. Sinasabi niya sa akin na si Dr. Abrigny, pagkaumaga, ay nagpupunta sa libiñgan, at alinsunod sa kanyang sabi'y waring nagbibigay ñg magandang araw kay Magdalena. Pagkaraan ñg isang oras na pamamalagi sa libiñgan, ay magbabalik sa bahay, magaalmusal at papasok sa kanyang silid, at bubuksan pagkatapos ang kanyang aklat ñg mñga alaala na magbuhat sa pagkabata niya'y pinagtatalaan ñg mñga nangyayari sa kanya sa arawaraw.

Labis na ninyong alam, kaibigang Amaury, ang mñga nangyayari sa *Villa de Avray*. Doon ay laging umiiyak ang aling amain dahil sa pagkamatay ni Magdalena; at ako, sa loob ñg aking tahanan dito sa daang Angulema, ay lumuluha rin sa pagpanaw ñg aking tañgi at minamahal na pinsan; at saka kayo nama'y naririyan sa inyong bahay, na gaya rin nami'y dí sasalang ipinaghihinagpis sa bawa't sandali ang maagang pagyao ni Magdalena. ¿At sino namang nakakakilala sa kanya ang hindi manghihinayang sa kanyang pagkamatay at maiiyak kung magunita ang kanyang pagpanaw?

Lubos kong pinasasalamatan at kikilanling utang na loob kung sa tuwina'y babanggitin ninyo siya sa inyong mñga sulat. Nais kong sa pagbabalita ninyo sa akin ay huwag kaliligtaan ang tungkol kay Magdalena, yamang ang pagkakilala ninyo sa kanya ay higit sa pagkakilala ko. At lagi rin naman sana ninyo akong babalitaan ñg tungkol sa inyong sarili.

Datapwa't ¡ay!... Ginagawa ko ang ganitong tagubilin na ang aking puso'y sisikdusikdo palibhasa'y pinagbaharian ñg isang pañgamba na baka masabi ninyong ang

mĝa lihim na damdamin nĝ inyong kaluluwa ay pinaglulunggatian kong matarok. Ako'y nagaalalang baka bigyan ninyo nĝ hindi wastong kahulugan ang aking matapat na nais.

Upang ang kamay ay maisalat sa sugat nĝ puso, gaya nĝ inyong tinataglay nĝayon, ay kinakailanĝan na ang kamay na darampi ay maging magaan at malambot na paris nĝ sutla. Kung si Magdalena ang sumulat nĝ liham na ito'y di sasalang lumabas na napakainam, walang kaparis sa kainaman, at sagana sa lambing na hindi matutularan nĝ kahi't sino; datapwa't ¿saan pa nĝa tayo makatatagpo nĝayon nĝ isang babaing katulad ni Magdalena?

Sa pakikipagusap ko sa inyo, kaibigang Amaury, ay wala akong napamamantunĝanan kundi ang ating dati at matapat na pagkikilala at ang aking pagmamalasakit at pagtinĝin sa inyo na katutubo sa isang nagmamahal na kapatid.

¡Oh, Dios ko! ¡Gaanong pasasalamat ang mamumulas sa aking mĝa labi kung ako sana'y naging kapatid ni Amaury! ¡Ah, kung ako nĝa'y naging tunay na kaputol nĝ inyong pusod, kaibigang itinatanĝi, ay di sasalang pakikinggan ninyo nĝ buong taimtim kung sa kali't sabihin ko ang ganito:

"—Amaury, kapatid ko, talastas kong hindi ako ang makapagpapayo sa iyo na limutin mo't talikdan ang isang banal na alaala. Alam kong ang iyong puso ay pinanawan na nĝ buhay: naglapat na nĝ pinto upang tumanggap nĝ ibang pagibig... Hindi kaila sa akin na sino mang babae ay hindi na makapagpapabago sa damdamin nĝ iyong puso, hindi na maaaring makapagdulot pa nĝ ikababalisa nĝ iyong kaluluwa... Tumpak ang ikaw ay maging matapat sa alaala nĝ babaing namamayapa na't naging mutya nĝ iyong buhay. Talaga naman ganyan ang dapat mong gawin upang hindi ka magkulang sa iyong tungkulin. Subali't kung tunay mang ang pagibig ay isang bagay at siyang tanĝing pinakadakila dito sa mundo, ¿ay

wala na bagang iba pang bagay na maaaring makapantay o humatol sa halaga ng̃ pagibig, sa ganang iyong pagpapalagay? ¿Wala bang kahulugan at kabuluhan para sa iyo ang Arte, ang Karunung̃an, ang Politika at ang iba pang di mabilang na bung̃a ng̃ talino at kilusan ng̃ Sangkatauhan na kinalalagakan ng̃ lalong mararang̃al na pagasa at maniningning na mithiin sa buhay ng̃ tao?...

"Siyang̃a, Amaury, isipin ninyong mabuti ang sinasabi ko sa inyo. Kayo y bata pa, mayaman at may isang kabuhayang puspos ng̃ magandang pagasa, at dahil dito'y may mg̃a katungkulan din naman kayong dapat tupdin sa inyong kapwa, at ang mg̃a katungkulang iyan ay pawang mahalaga. Kailang̃an ninyong sakitin ang kayo'y maging makabuluhan sa Sangkatauhan...

Kayo'y maaaring maging batis ng̃ kaligayahan ng̃ marami sapagka't kayo ng̃a'y mayaman at sa mg̃a araw na ito'y higit sa dati ang inyong kayamanan sa dahilang ang inyong kapatid na si Antonia ay may mg̃a pagaari rin naman... Hindi ko pinang̃ahasang tumanggi nang tahasan sa panukala o mungkahi ng̃ aking amain, sapagka't iniilagan kong ako'y makapagdulot sa inyo ng̃ munti mang ikasusukal ng̃ loob; subali't napakalungkot ng̃ buhay ko, anopa't naaalang̃ang ipakisama sa kabuhayan ng̃ ibang tao. Ang aking kayamanan ay hindi ko magagamit sa lalong mabuting kaparaaann kundi sa pamamagitan ng̃ pamamahagi ng̃ biyaya o pagbibigaybuhay at pagpapasigla sa mg̃a mithiing mararang̃al at kapuripuri; at para sa mg̃a bagay na ito, ¿ay kanino ko pa dapat ipagkatiwala kundi sa inyo ng̃a lamang, kaibigang Amaury? Higit kanino man ay sa inyong mg̃a kamay lamang lalo ng̃ang nararapat ipaubaya at ihabilin ang pang̃ang̃asiwa ng̃ kayamanan ko. At saka ako. . Datapwa't... tungkol sa inyo ang ating pagusapan at huwag ang hinggil sa akin.

Magsabi ng̃a kayo ng̃ totoo. ¿Hindi ba sa mg̃a araw na ito'y kinatkat na ninyo sa inyong pagiisip ang tangkang pagpapakamatay? Ang panukalang ito ay

totoong nakapangingilabot; kung gaganapin ang inyong tangka ay isang napakabigat na pagkakasala ang inyong gagawin. Si Dr. Abrigny, na aking amain, ay dumarating na sa hanggahan ng̃ kanyang buhay; samantalang kayo ay nagpapasimula pa lamang sa inyong sarili... Kinikilala ko na tungkol sa mg̃a suliraning ito ay wala pa akong gaanong napagaabot; at may paniwala ako na sa kapalaran nating dalawa at sa katungkulang napapataw sa balikat ng̃ bawa't isa sa atin, ay may isang malaking agwat na nakapapagitna. Nalalaman ko rin na kayo'y hindi na iibig sa iba, subali't maaari kayong maibig ng̃ iba, at ¡anong ligaya ng̃ isang tao kung siya'y mahalin ng̃ isang may taos na pagsinta!...

Huwag ninyong hang̃arin, kaibigang Amáury, ang kayo'y mamatay; huwag ng̃a. Kailang̃an ninyong isiping palagi si Magdalena; ng̃uni't kung kayo'y nakararating sa baybayin ng̃ malawak na Karagatan ay pagmasdan na lamang ninyo ang Karagatang iyan na kasabay ng̃ paggunita sa inyong dalamhating dinaranas. ¡Dios ko!... ¿Bakit kaya at ako'y hindi nagkaroon ng̃ kapangyarihan upang sa pamamagitan ng̃ mg̃a pang̃ung̃usap ay mahikayat ko kayong huwag na ng̃ang magisip ng̃ pagpapatiwakal?

Huwag sana kayong maging parang mapagmalaki na tumatanggi sa mg̃a biyayang ipinagkaloob ng̃ Dios sa tao. Pabayaan ninyong kayo'y aliwin ng̃ iba kung sakali't hindi makapipinsala sa inyo bagkus makabubuti ang pagaliw. At ipahintulot sa inyong sarili na kayo'y mabuhay sa mahabang panahon.

Ipagpatawad ninyo sa akin, kaibigang Amaury, kung ako'y nakagagamit ng̃ mg̃a salitang naghahayag ng̃ aking matapat na pagpapalagay sa inyo. Kung aking magunita na kayo'y nasa malayo, na kayo'y nagiisa't pinapanawan na ng̃ pagasa, ay nakararamdam ako sa ubod ng̃ aking kaluluwa ng̃ isang malaking pagkahabag sa inyo at isang pagkagiliw na kahambing ng̃ sa isang tunay na kapatid, (sasabihin ko sanang tulad ng̃ sa isang ina) at ang mg̃a pagmamalasakit na ito na pinupukaw sa puso

ko nḡ inyong kasawiangpalad ay siya namang nagbibigay-lakas sa akin at nagbubunsod upang sa nḡayo'y maparating ko ang ganitong pamanhik sa aking itinatanḡing kaibigan sapul sa pagkabata:

"—¡Amaury, huwag ninyong hanḡarin ang kayo'y mamatay!...¡Huwag nḡa ninyong nasain, kaibigang Amaury, ang kayo'y mamatay!...

At ang pakiusap na ito'y buong pusong pinasasapit ko sa naging tapat na kasintahan ni Magdalena...

ANTONIA.

* * *

Ika 15 nḡ Oktubre.

KAIBIGANG ANTONIA:

Ako'y naririto nḡayon sa Amsterdam.

Kahi't na gaano mang kalaki ang aking ginagawang pagwawalang-bahala sa mḡa nangyayari sa mundo, itinatanḡi kong Antonia; kahi't na gaano kalalim ang pagbubulaybulay na kinasasadlakan nḡ aking pagkatao; kahi't na ako'y parang hinihigop nḡ isang banḡing kinababaunan nḡ lahat nḡ aking panḡarap sa buhay... ay hindi mangyaring di ko hanḡaan ang bayang ito nḡ mḡa olandes na totoong masisipag, may tuntunin sa pamumuhay, mapaghanḡad nḡ kabutihan nḡ sarili, mapagsapalaran at may malalakas na loob, anopa't nariyan ang sila'y mapatunḡo sa mḡa baybayin nḡ Asia, at nariyan ang magsipagsadya sa Haba, sa Malabar, o kung dili kaya'y sa Hapon, at saka sa Paris...

Ang mḡa olandes ay siyang mḡa intsik sa Europa, at siya ring mḡa "castor" nḡ Sangkatauhan.

Sa Amberes ko natanggap ang inyong liham, na sa pagkabasa ko'y nagdulot sa akin nḡ malaking tuwa, minamahal kong Antonia. Ang inyong mḡa payo at pagaliw na ginagawa sa akin, ay lubhang mainam, mairog at

lubos kong pinasasalamatan, datapwa't ¡napakalalim ang sugat ng̃ aking puso!... Subali't walang kailang̃an: ipagpatuloy ninyo, kaibigan, ang pagpapadala sa akin ng̃ mg̃a balita at nais ko sanang sa mg̃a balitang iya'y banggitin ninyo ang tungkol sa sarili ninyong kapalaran. Ipinakikiusap ko sa inyo na ganito ang inyong gawin. Nagkakamali kayo sa pagpapalagay na magiging walang kabuluhan sa akin ang mg̃a bagay na nahihinggil lamang sa inyo.

Ibinabalita ninyo sa akin na si Dr. Abrigny ay kinahahalataan ng̃ pagbabago. Ang bagay na ito, kaibigang Antonia, ay hindi na natin dapat ipagtaka, ni ikaligalig. Ang bawa't isa sa atin ay naghahang̃ad magtamo ng̃ lalong minamainam niya sa buhay, at dahil dito'y inaakala ko na hangga't siya'y nakararamdam ng̃ pagkabalisa at habang sinasalakay ng̃ pagdadalamhati ay lalo nama g napupuspos ng̃ kasiyahang-loob ang kanyang kaluluwa...

Nais ninyo na sa aking pagsulat, ay banggitin ko si Magdalena. Upang sabihin ang totoo ay sadyang hindi ko malaman kung ano ang aking sasabihin kung sakali't sa aking mg̃a liham ay hindi ko siya sasambitin. Inaakala kong wala nang makalilibang at makapagbibigay-aliw sa aking namimighating puso maliban na lamang sa alaala ni Magdalena na sa tuwituwina'y buháy sa aking panimdim.

¿Ibig ba ninyong isaysay at ipaliwanag ko ng̃ayon kung paano na ang pagibig naming dalawa ni Magdalena ay aming naipahayag sa bawa't isa sa amin at kung paano rin namang ang damdaming ito ng̃ kaluluwa ay nagpahalata na sa aming sarisarili?

Ito'y nangyari nang may dalawang taon na ng̃ayong nakararaan.

Noo'y isang hapon ng̃ tagaraw. Kaming dalawa ni Magdalena ay kapwa nakaupo at magkapiling sa bangko ng̃ halamanan, sa liwasan ng̃ mg̃a puno ng̃ tilo, na hanggang ng̃ayo'y maaari pa ninyong makita, magbuhat sa

bintana ng kanyang silid. Kapwa kami noon may masiglang kalooban at may malamig na ulo upang magusap-usap, at samantalang kami'y nalilibang sa paggunita ng mga pangyayaring aming tinalikdan ay nangasisiyahan din naman sa paghula sa kapalarang itinataan sa amin ng panahong hinaharap.

Alam na ninyo, kaibigang Antonio, na ang aking mutyang si Magdalena ay may pusong tumitibok sa loob ng isang dibdib na bagama't napakadalas na maghiwatig ng panglaw, ay nagkikimkim din naman ng tuwa at ng mga pangarap at sigla ng kabataan.

Sa paguusapusap naming dalawa sa mga sandaling yaon ay kung saansaan napasuot ang aming salitaan hanggang sa napagawi sa pagaasawa ng tao, bagama't isang salita man lamang tungkol sa pagibig ay hindi nakapamulas sa aming mga labi.

¿Anong mga katangian ang kailangang taglayin ng isang puso upang maging marapat sa pagmamahal ni Magdalena? ¿At anong mga hiwaga ng buhay na nakahahalina sa kaluluwa ang maaari namang makapagpasuko sa aking pagibig?

Sa pamamagitan ng pagtugon sa ganitong mga katanungan ay iniisaisa namin ang mga katangiang nararapat taglayin ng taong maaaring pagbuhusan ng aming pagirog at habang kami'y napapalawig sa paguusap ay aming nahahalata na ang mga katangiang lalong minamainam ng bawa't isa sa amin ay hindi nagkakalayo bagkus nagkakasinguri halos...

"—Higit sa lahat—ang noo'y nasabi ko,—ay nais ko munang makilalang mabuti ang taong aking hihirangin at malaman ko ng lubos na lubos ang kanyang pinagbuhatan at mga pinagdaanan ng kanyang buhay.

"—Gayon din naman ako—ang isinagot ni Magdalena.—Kung ang isang magaalay ng pagibig ay isang taong hindi natin nakikilala, ang taong ito'y nagbabalatkayo at itinatago sa kanyang hiram na kasuutan ang sang ugali, kilos at pagaanyong nababalot ng pakikiba-

gay lamang; at sa dahilan hindi natin maaaring mabasa sa mukha ang mĝa katutubong ugali nĝ isang tao, kaya't kung sakali't hindi natin mahulaan ang tunay na damdamin nĝ gumagamit nĝ balatkayo, ay hindi pa nating makikilala ang tunay na ugali nĝ makakaisang dibdib kundi kung tayo'y kasal na.

"—Tungkol sa bagay na iyan, ay hindi na natin dapat pagkaabalahan—ang isinambot ko.—Sapagka't kung ako ang tatanunĝin at siya rin lamang masusunod ay minamarapat ko na mamagitan sa aming dalawa nĝ baba ng pagkakatiwalaan ko nĝ aking kapalaran ang isang panahong ipagkakaroon namin nĝ pagkakataon para kami'y magkakilalanang mabuti, at upang mabatid ko rin ang mĝa katanĝiang inaangkin nĝ kung sakasakali'y aking magiging kaisang dibdib. At hindi na kailanĝang sabihin na ang hahanapin ko sa isang babae ay ang tatllong panĝunang katanĝiang ito, na dili iba't ang maging maganda, mabait at marunong. Inaakala kong higit pa rito'y wala nang dapat hanapin sa isang babae.

"—At sadya namang hindi na maaaring maghanap nĝ iba pa—ang sagot ni Magdalena.

"—¿Nalalaman mo ba—ang wika ko—na iyang sinasabi mo nĝayon ay naghihiwatig nĝ kakulanĝan nĝ pagkamatimpi o kababaan nĝ loob?...

"—Huwag kang magpalagay nĝ ganyan. Ako, sa ganang akin, ay manĝanĝahas ding maghanap sa aking mapapanĝasawa nĝ mĝa katanĝiang tumutugon naman sa tatlong hinahanap mo sa isang babae, na dili iba't ang pagkamakisig, ang pagkamarunong magtiis at magkaroon nĝ isang kaluluwang dakila.

"—Tatanda ka, Magdalena, sa paghanap nĝ isang lalaking nagtataglay nĝ ganyang katanĝiang mĝa magkakasama!

"—Sa wakas ay nailarawan mo sa akin ang babaing iyong panĝarap, o ang minimithi mong maging kabiyak nĝ puso...

"—At sa palagay ko'y wala na akong dapat idagdag

malibau na lamang sa dalawa o tatlo pang mumunting katangiang dapat hanapin. Kaipala'y maituturing na isang kamusmusan ang sasabihin ko, datapwa't ipinagtatapat kong lalo ko sanang mamainamin at ikatutuwa kung sakali't ang aking magiging palad ay may dugong mahal na taong kaparis ko.

"—Kung masasabi mo sa aking amá ang mĝa bagay na iyan, ay walang pagsalang paghahayagan ka nĝ ilang kurukuro tungkol sa lipi nĝ mĝa matataas na tao, mĝa kurukurong akirg kinakatigan, kung kaya't ang hinahañgad ko naman sanang makaisang dibdib ay isang lalaking hindi magiging alanĝan sa katayuan at kalagayan nĝ aming lipi.

"—At sa wakas—ang idinugtong ko pa,—huwag namang ituring na ako'y gahaman, ang ibig kong mapañgasawa ay yaong magkakaroon nĝ isang kayamanang humigit-kumulang sa mĝa pagaari ko. ¿Hindi ba ganito rin, Magdalena, ang ninanais mong maugyari?

"—Siyanĝa, Amaury, bagama't ang totoo'y hindi pinagkakaabalahan nĝ aking pagiisip, saglit man, ang bagay na iyan, palibhasa'y ang pinagpaparoonan ko ay labis na sa aming dalawa ang aking kayamanan...

"—Nĝayon ay isang bagay na lamang ang kailanĝang matalastas ko.

"—¿At alin iyon?

"—Na kung sakali't matagpuan ko ang bunĝa nĝ aking mĝa panĝarap at siya'y aking ihalal na Reyna nĝ aking tahanan, ay ¿iibigin naman kaya niyang ako ang maging Hari sa kanyang dibdib?...

"—¿At bakit hindi?—ang sambot ni Magdalena.

"—¿Maaari bang ang bagay na ito'y masagutan mo sa akin?—ang naitanong ko pa.

"—Oo, lubos kong sinasagutan; sa panĝalan nĝ babaing pinapanĝarap nĝ iyong buhay ay sinasagot ko ang iyong mĝa mithiin na nabubuo sa mĝa katanunĝan mong sinabi kanina. At tungkol sa akin naman: ¿ako kaya'y magiging marapat na sa kanya?

"—Ikaw ay kanyang pipintuhuin, Magdalena; ito'y tahasang sinasabi at pinananagutan ko sa iyo.

"—Kung gayo'y tingnan natin. Ang panaginip na ito'y dalhin natin sa larañgan ng katotohanan o ng tunay na pangyayari. Hanapin natin sa ating mga paligid ang taong pangarap ng ating diwa. At ngayo'y sabihin mo kung sa dinamidami ng mga taong nakakikilala sa atin at ating nakakausap ay kung mayroon kang nalalamang isa na tunay ngang nagkikimkim ng mga katangiang pinaghahanap ng bawa't isa sa atin. Ako..."

Pagdating sa dakong ito ay napahinto ng pagsasalita si Magdalena, na ang mukha'y namumutlang nahihiyahiya; at di sinasadya'y nagkasalabong ang aming mga tingin. Ang aming diwa ay nagpapasimula na ng pagkaaninag sa ilaw ng katotohanan. Ipinako ko ang aking mga paningin sa mga matá ni Magdalena, at dinugtungan ko ang kanyang sasabin.

"—Siya'y isang kaibigang labis kong kilala at lubos na minamahal sapul sa pagkabata...

"—Isa ring kaibigang ang puso ay hindi nagtago minsan man ng lihim sa akin—ang sagot ni Magdalena.

"—Siya'y isang babaing mabait, mairugin at matalas ang ulo.

"—At siya nama'y isang lalaking makisig, magandang loob at may mabuting kabuhayan...

"—At mayaman at mahal na tao—ang nasabi ko pa.

"—Mahal na tao at mayaman din—ang islnagot ni Magdalena.

"—Anopa't sa wakas—ang sa huli'y tahasang sinabi ko,—ay isang babae siyang nagtataglay ng lahat ng iyong katañgian at mga hiyas na nakapangaakit... Magdalena...

"—Sa kabuuan—aniya naman sa akin.—ay nasa iyo, Amaury, ang lahat ng pinaghahanap ko sa isang lalaki.

"—¡Oh!—ang pabulalas na nawika kong sa aking pu-

so'y naguumapaw ang galak at kasyahang-loob.—Kung ako sana'y maiibig ng̃ isang babaing paris mo...

"—¡Dios ko!—ang nawika ni Magdalena na biglang namutla at parang kinapos ng̃ paghing̃a.—¿Diyata ba't ako ang napagtitining̃an ng̃ iyong pagiisip?...

"—¡Magdalena!...

"—¡Amaury!...

"—Oo, Magdalena... ¡Iniibig kita, Magdalena!

"—¡Amaury, iniibig din kita!...

At ang halos magkasabay na pagkabulalas na ito ng̃ aming dibdib ay siyang nagbukas ng̃ aming kaluluwa at kami'y magkapiling na napaharap sa Aklat ng̃ Puso at aming nabasa ang mg̃a pang̃ung̃usap ng̃ pagibig...

¡Ay!... Kay sama ng̃ nagawa ko, kaibigang Antonia, sa ganitong pagbuhay ng̃ mg̃a alaalang iniligpit na ng̃ panahon. Ang mg̃a gunitang ito'y nakaaaliw sana sa puso sa isang dako, ng̃uni't sa kabilang dako nama'y nakawawasak ng̃ dibdib.

Ipinamamanhik ko sa inyo, kaibigang Antonia, na kung sasagutin ang liham na ito ay sa Kolonia na ninyo ipadala. Dito ko na susulatin ang aking susunod na liham na ipahahatid sa inyo.

¡Ako'y paalam na, kapatid ko!... Mahalin ninyo ako ng̃ kahi't kaunti lamang; ng̃uni't kahabagan sanang lubos ang inyong kapatid na si,

AMAURY.

* * *

Ika 5 ng̃ Nobiembre

AMAURY:

Ako'y muling dumalaw sa bahay ng̃ aking amain, at kami'y nagkita at isang maghapong buo na naman ang iniukol ko sa pamamalagi sa kanyang tahanan, gaya ng̃ huling pagkadalaw ko.

Napansin ko rin sa kanya ang mg̃a kirot ng̃ dalamhating nagpapahirap sa kanyang kaluluwa at aking sinabi at narinig ang mg̃a dati ring pang̃ung̃usap na ginamit ng̃ bawa't isa sa amin sa nakaraang pagkikita namin; at dahil dito'y kung kaya't halos ay wala akong maibabalita sa inyong mg̃a bagong bagay tungkol sa kanya sapagka't labis na ninyong natatanto kung ano ang kanyang kalagayan noong mg̃a nakalipas na araw, alinsunod sa liham kong sinundan nito.

Wala rin namang mg̃a bago't sariwang balita akong maihahatid sa inyo tungkol sa aking sarili.

Sa bisa ng̃ kagandahang loob na namumukod sa inyong ugali ay nasabi ninyo sa akin, kaibigang Amaury, na nais ninyong makatanggap ng̃ balita tungkol sa nangyayari sa akin. Ng̃uni't ¿ano kaya ang maibabalita ko sa inyo tungkol sa aking sariling kabuhayan? Tang̃ing ang Dios lamang ang nakakikita at nakahahatol sa aking mg̃a iniisip: ang aking mg̃a gawi ay paulitulit sa arawaraw at walang munti mang pagbabago.

Ang pinagkakaabalahan ko sa araw ay ang mg̃a gawaing bahay at iba pang tungkuling nababagay sa babae; kung minsan ay nagbuburda ako at kung minsan nama'y tumutugtog ng̃ piano.

May mg̃a araw na dinadalaw ako ng̃ mg̃a dating kaibigan ng̃ aking amain, at ang kanilang pagdalaw ay siya lamang nakapagpapaiba ng̃ kaunti sa kulay ng̃ kabuhayang tinatawid ko ng̃ayon. Ng̃uni't kung ako'y sadyang magtatapat, ay sasabihin ko sa inyo na dalawang pang̃alan lamang ang tang̃ing minamasarap kong marinig: ang una'y kay Konde Mengis, sapagka't siya at ang kanyang asawa ay kapwa nagpapakita sa akin ng̃ mabuting pagpapalagay at sa pakiramdam ko'y itinuturing nila akong tunay na ring anák; at ang ikalawa'y sa inyong kaibigang si Felipe Aubray... Ito ang taong bagama't wala pang animnapung taóng gulang ay siya lamang tang̃ing maylayang makapasok sa aking bahay, at sabihin pa baga'y tinatanggap ko naman sa amin, ng̃uni't sa harap ng̃a

lamang ni Aling Braun. At kung tunay mang siya'y binibigyan ko ng̃ ganitong karapatan, ay nalalaman ng̃ Dios na hindi dahil sa mg̃a bagay na napaguusapan namin, kundi dahil sa pangyayaring siya, si Felipe, ay inyong kaibigan.

Sa aming paguusap ni Felipe ay bibirang mabanggit niya kayo sa akin, ng̃uni't kayo'y malimit kong sambitin sa kanya, at sapagka't lubos niya kayong nakikilala, ay sinasamantala ko naman ang pagkakataong ito, kaya't naitatanong ko tuloy kung minsan sa sarili na baka ako'y nakagagawa na ng̃ isang kalabisan sa talagang dapat ko lamang gawin. Kung si Felipe'y nanasok sa aking bahay ay nagpupugay siya ng̃ magalang at magiliw, ng̃uni't kung may nadaratnang ibang tao ay hindi nagkikikibo at kinamamalasan ng̃ mg̃a kilos at anyong nagbubulaybulay, at nasisiyahan na lamang ng̃ pagtitig sa akin, pagtitig na hindi na ikinukurap halos ang mg̃a mata, anopa't madalas tuloy na ako'y makaramdam ng̃ di pagkapalagay.

Kung ako'y dinaratnan niyang nagiisa, at walang tang̃ing kasama kundi si Aling Braun, ay kinahahalataan ko ng̃ sigla ng̃ loob; ng̃uni't gayon man ay napipilitan akong makipagusap sa kanya ng̃ matagal, at ang aming paguusap ay nahahantong tuwina tungkol kay Magdalena, o kaya'y hinggil sa inyo.

Ipinalalagay kong hindi dapat ipaglihim ang mg̃a bagay na itong kasalukuyan kong ipinagtatapat sa isang taong nagtataglay ng̃ mg̃a damdaming marang̃al at ugaling maselang gaya ninyo...

Ang pagkagiliw sa kapwa ay pagkain ng̃ kaluluwa, at kayo, kaibigang Amaury, ay siyang tang̃ing taong kinabubusan ng̃ loob ko nang ako'y bata pa, ang tang̃ing nalalabi na lamang sa akin sa mg̃a araw na ito at gayon din sa hinaharap.

Sinasabi ko sa inyo ng̃ buong pagtatapat, na ang ganitong tiwalág na pamumuhay ay waring lumalagot na untiunti ng̃ aking hining̃a; at minamarapat kong idaing ang ganitong kalagayan ko sa dahilang ako'y wala nang

lakas na maipagtitiis... ¿Mabuti kaya o hindi ang aking ginagawa? Aywan ko baga; ñguni't nais kong ako'y malibang, maglibot, dumalo sa mña lipunan!... Anopa't sa tahasang pagsasalita, ay ibig kong malasap ang tunay na kabuhayan...

Ang silid na itong kinalalagyan ko ay walang idinudulot sa akin kundi matinding lamig... Ako'y natatakot... At kung ako'y napapaharap sa isang bustong marmol o sa isa riyan sa mña larawang hindi kumikilos at nakapalamuti sa mña pader, ay nanunumbalik sa aking panimdim ang dating si Antonia na matatakutin. Nababakla ang aking loob, kaibigang Amaury, sapagka't sa palagay ko ba'y hindi rin ako nagbabago ñgayon...

Ang malumbayin at tila natutubigang si Felipe ay lumalasap, sa palagay ko ñg isang biyayang hindi niya namamalayan, kaya't kung nagsasasalita na sa aking harap ay lihim ko siyang tinatawanan at siya'y napagtatawanan din ni Aling Braun kung sakali't makaalis na... ¡Ah, sadyang sa taong iyan ay walangwala akong munti mang paggalang...

Maaaring kayo, kaibigang Amaury, ay magalit sa akin sa ganitong ginagawa kong parang pagbibiro kay Felipe sapagka't talastas kong siya'y isa sa inyong mña matatalik na kaibigan. Maaari ñga ninyo akong kagalitan, kaibigang Amaury, sa dahilang hindi kaila sa akin na kayo lamang ang taong sa sariling palagay ko'y may sapat na lakas ñg loob upang bumati ñg aking mña kapintasan... Hindi ko gaanong gusto na si Felipe'y marinig kong magsalita ñg tungkol sa inyo; ang inyong boses ang nais kong marinig, kaibigang Amaury...

¿Ano kaya ang pinagkakaabalahan ñgayon ñg inyong pagiisip? ¿Ano kaya ang inyong dinaramdam?...

¡Oh, anong lungkot ñg aking kalagayan na napapagitna sa inyo at sa aking amain!... ¡Nakababalisa, nakapagbibigay-sindak, at nakapipinsalang gayon na lamang sa aking sarili ang kalagayan kong ito!

Ituring ninyo ako, kaibigang Amaury, na isang ka-

patid at sana'y paglagakan ako ng kaunting pagtitiwala at huwag bayaang ang aking kaluluwa ay masawing unti-unti sa laot ng napakaamis na pangungulila... Ang isang diwang pagál na pagál sa tindi ng mga hirap na bina bata, alipin ng pagkaligalig at lagi na sa pagluha, ay karapatdapat sa isang pagbibigay...

Kung minsan ay napapanaghilian ko na tuloy ang kapalaran ni Magdalena. Nilisan niya ang mundong ito na sa kanya'y may isang pusong umiibig at nagmamahal, at ngayo'y di sasalang siya'y maligaya doon sa itaas samantalang ako dito sa ibaba ay parang nakalibing ng buháy sa gitna ng pagiisa, limót ng lahat, at nasa laot ng isang kapalarang higit na masaklap at sawi kaysa ilalim ng isang hukay...

ANTONIA.

* * *

Kolonia, ika 10 ng Disiembre

ANTONIA:

Dumaraing kayo, kaibigang Antonia, sapagka't sa aking mga pagbabalita ay bihira kong banggitin ang aking sarili. Datapwa't ngayo'y "parurusahan" ko kayo, sa pamagitan ng pagpapahatid sa inyo ng isang liham—ito na nga—na totoong mapagimbot para sa kapakanan ng sariling kabutihan.

Magpapasimula ako sa paguukol sa aking sarili ng mga dalawa o tatlong mukha ng papel upang pagkatapos ay magkaroon naman ako ng karapatan na mailaan ko sa inyo ang ilang talata. ¿Sa ganito kaya'y masisiyahan na kayo, kaibigang Antonia?

Ako'y naririto na ngayon sa Kolonia, o sa lalong tumpak na sabi, sa tapat ng Kolonia: sa Deuts.

Magbuhat sa balkon ng otel na aking kinaduroonan ay namamalas ko ang Rhin at ang siudad.

Ang tagapagingat ng aking kuwalta ay napilitang tumanggap ng isang "vale" na naging daan ng pagkakaroon ko ng karapatang makapasok sa Kasino.

Mapaghuhulo na ninyo na ako'y hindi dumadalo sa mga lamayan at pagpupuyat na idinaraos sa Kasino; nguni't kung araw ay maraming sandali ang aking ginagamit sa pagbasa ng mga pahayagan sa loob ng tinatawag na "Salón de Lectura."

Ipagtatapat ko sa inyo, kaibigang Antonia, na noong mga unang araw ay kinayayamutan ko ang labingdalawang mukha ng pahayagan, na gayong nagbabalita ng iba't ibang bagay at pangyayari sa buong mundo ay kung ano't hindi bumabanggit ng isang salita man lamang na may kabuluhan para sa akin. Subali't sa wakas ay napagisipisip ko ang ganito:

¿Ano nga ba ang kabuluhan sa mundo ng pagkamatay ng aking kaawaawang si Magdalena? Sapagka't ang lahat ng nangyari na ay nabubuo lamang sa sumusunod: "Na may isang babaing nabawas sa balat ng lupa at sa langit naman ay isang anghel pa ang naparagdag."

Sa wakas ay nadalaw rin ng aking mga matá ang lahat ng mukha ng mga pahayagang nagdudulot lamang sa aking puso ng pagkayamot kapág binabasa ko nang taglay ang kaunting agnanais na makatalastas ng kahi't ano.

¿Nalalaman ba ninyo, kaibigang Antonia, na humigit kumulang na ngayon sa tatlong buwang ako'y wala sa Paris?

Ako sana'y nahahandang manirahan dito sa mahabang panahon kung may isang taong lagi kong makakausap ng tungkol kay Magdalena...

¡Ah, kung mangyayari lamang na mapisil ko ang kamay ng isang taong mairugin!... ¡Kung may isang kaluluwa nga sanang mapagtatapatan ko ng aking mga dinaramdam!...

Nguni't, ¡ay... ayaw ipahintulot ng aking kapalaran!... ¡Ako'y nahatulang mabuhay at mamatay na nagiisa!..!

Itinatanong din naman ninyo, kaibigang Antonia, kung ano ang nangyayari sa akin... Nguni't, ¿ano ang ibig ninyong sabihin ko? ¿Marapat bagang ang aking pagkahapis ay makapagdulot ng lumbay sa isang diwa na sa buong katapatang loob ay nagsasabi na kanyang ipinaghihirap ang pamumuhay na nagiisa at kanyang hinahangad na maibahagi niya sa isa pang puso ang kanyang dinaramdam?

¡Loobin nawa ng Dios na matupad ang inyong minimithing mangyari!... Kahimanawari'y matagpuan din ninyo ang kaluluwang iyan na naghahanap sa inyong puso, na sa paglasap ng lahat ng biyaya ng pagibig, ay hindi na tuloy maalala ang pagdating ng mga unos!... Sapagka't ¿ano ang mangyayari sa inyo, kaibigang Antonia, kung kayo'y tinatangay na ng malalaking daluyong ng kasawian, gayong ako na lalaki na'y napilitang sumuko sa isang lakas na hindi maaaring salansangin o hadlangan?

¡Ah, kayo, kaibigang Antonia, ay hindi pa nakakikilala ng gawang umibig!... Ang pagibig ay batis ng luwalhati at pagdurusa...

Kung tayo'y umiibig ay hindi sa loob ng sariling dibdib tumitibok ang ating puso kundi sa dibdib na ng ating sinisinta... Nililimot natin ang ating sarili at ang ating pagasa't kapalaran ay napipisan nang lahat sa ating pinipintuho...

Datapwa't kapag inagaw sa atin ng kamatayan ang isang bahagi ng ating kaluluwa o ang kabiyak ng ating dibdib, ang ating luwalhati ay nagiging paghihirap na walang katapusan, ang lahatlahat para sa atin ay ganap nang natatapos... At sa isang naiwan, sa pusong naulila ay walang nalalabi kundi isang pagasa na lamang, at ito'y ¡ang kamatayan din!...

Kayo, kaibigang Antonia, na saganangsagana sa buhay at kasariwaan, puspos ng ganda at giliw, ay may labis na karapatang lumasap ng ligaya't luwalhati na di sasalang inilalaan sa inyo ng panahong hinaharap. Kaya't huwag sana kayong patangay sa kapighatiang nagtutulak

sa inyong amain at sa akin, sa labi ng̃ hukay... Ang pagdaramdam dahil sa pagkamatay ng̃ isang kapatid ay hindi nararapat makalikha sa kaluluwa ng̃ isang bang̃ing kasinglalim ng̃ sa isang pinanawan ng̃ irog o nawalan ng̃ anák.

¡Kaawaawang Antonia!... Natatalastas ko kung ano ang nangyayari sa inyong sarili, kung ano ang ipinaghihirap ng̃ inyong loob... Ang inyong puso ay pinasasakitan ng̃ isang pagibig... Sa iihim na pitak ng̃ inyong dibdib ay nakukulong ang isang masidhing nais na makipamuhay sa mundong ito, ng̃uni't ang nais na iyan ay napipigil ng̃ inyong pagkamatimpi... Naghahang̃ad kayong lumasap ng̃ tamis at biyaya ng̃ tunay na buhay, sapagka't ang buhay, para sa inyong busilak na diwa, ay kahambing ng̃ isang aklat na ang mg̃a pang̃unang salita'y bago pa lamang ninyong nasusulyapan, ng̃uni't sa mg̃a dahon ng̃ aklat na iyan ay inaakalang makatutunghay ng̃ isang hiwaga, at ito ang lubos na nakaaakit sa inyong diwa... At upang matuklas ang hiwaga ay minimithi ninyong magamit ang lahat ng̃ kapangyarihan ng̃ inyong pagkatao at mg̃a katutubong katang̃iang ipinagkaloob sa inyo ng̃ Maykapal... Sa ganang akin ay tumpak ang ganitong mithiin, kaibigang Antonia; talagang wasto at siyang dapat mangyari ang ganyang hinahang̃ad ninyo.

Huwag kayong mahiya sa bagay na ito; huwag ninyong ipanglupaypay ang inyong kapalaran... Magdadaló kayo sa mg̃a kasayahan, sa mg̃a pagtitipon; makihalubilo kayo sa mg̃a lipunan, at sa sinapupunan nito ay pagsikapan ninyong makakita ng̃ isang pusong magiging karapatdapat sa inyong puso... At ako naman, magbuhat sa bing̃it ng̃ libing̃an ni Magdalena, ay hindi magpapabaya, hindi ko kayo lilimutin: ang aking pagmamahal-kapatid ay lagi ko nang padadalawin sa inyo at tuwi na'y aking hahang̃arin at idadalang̃in ang inyong walang hanggang kaligayahan.

Subali't ¿makatagpo kaya kayo, kaibigang Antonia, ng̃ isang kaluluwang makapagdudulot sa inyo ng̃ kaligayahan

¡Ay!... Sa kakapusang palad ay bihirangbihira ang pusong tulad nḡ inyo; at kung kayo'y magkakamali pa nḡ paghirang, ay ito ang kasawian sa buhay na wala nang pangalawa...

Dapat kayong magdahandahan sa gagawing paghakbang, kaibigang Antonia; kailanḡang kayo'y magpakainḡat sa pagpili nḡ magiging kaisang dibdib, sapagka't sa inyong hihiranḡin napapasalig ang ganap na kaluwalhatian o ang walang katapusang pagkasawi nḡ inyong buhay...

¡Ah!... Kung ako sana'y naririyan sa Paris ay papatnubayan ko kayong tulad sa ginagawa nḡ isang nagmamahal na kapatid. Pagsisikapan kong ang maging palad ninyo ay isang lalaking nagaangkin nḡ mga karapatan at mabubuting katanḡian upang hindi kayo mapalaot nḡ masamang pagkapalaot...

Nasa inyong lahat, Antonia, ang mithiin at panḡarap sa buhay nḡ isang lalaki. Nagkatipuntipon sa inyong katauhan ang dilag, ang kagandahang loob, ang yaman, ang karanḡalan at ang pagkamahal na lipi; kaya't hindi marapat na ang isang napakalaking hiyas na gaya ninyo ay mahulog sa kamay nḡ isang lalaki lamang na hindi matututong magpahalaga.

Bagama't tayo'y nagkakalayo at libulibong dipa ang nakapapagitna sa atin, ay marapatin na rin sana ninyo, kaibigang Antonia, na ako ang maging katapatang loob. Pagsisikapan kong makatupad sa aking tungkulin: hindi ko papayagang kayo'y mapasubo nḡ masamang subo bagkus sasakitin kong kayo'y mapaanyo at magtamasa nḡ walang katapusang aliw at kapayapaan sa panahong hinaharab.

At alamin ninyong kahi't ako'y naririto man sa malayo at maging ako'y naririyan sa inyong tabi, ay buungbuo akong lumalaan sa inyo sa lahat nḡ sandali...

AMAURY.

*Habol*:—Maginḡat sana kayong mabuti kay Felipe. Siya'y labis kong kilala at hindi malayong balang araw

ay magalay siya nğ pagibig sa inyo: hindi maliwag na ito'y maisipan niyang gawin.

Si Felipe ay isang katawatawang nilikha, nğuni't ang kanyang likás na ugali at katutubong asal na nagiging sanhi nğ ikinatatawa sa kanya, ay mangyayaring magtulak sa inyo sa laot nğ isang kagipitan. . Siya'y inihahambing ko sa isang mákinang matagal papaginitin, datapwa't kung nagaapoy na ay dapat namang pañgilagan at katakutan sapagka't hindi malayong magbunğa nğ isang mapanğanib na pagsiklap...

Buong katapatang sinasabi ko nğayon na hindi ko nais makitang ang "Amihan" ay mapasama sa "Habagat," o ang "Prosa" ay mapahalo sa "Poesía"...

* * *

Ika 6 nğ Enero.

AMAURY:

¡Anong inam nğ pagkakilala ninyo sa pagibig, kaibigang Amaury, at lalo nang kay inam kung inyong isaysay!

Kailan ma't babasahin ko ang inyong sulat (at ang ganito'y di miminsan lamang na aking ginawa) ay naisasaloob ko kung gaano kaligaya at kapalad nğ babaing nakapagpasupling sa inyong puso nğ pagibig na iyan. Ako'y nahahapis kung aking maalala na ang sanhi nğ lahat nğ inyong tinataglay na pagibig na buong tamis, buong giliw at puspos nğ pagkamapagbatang kinasasapitan nğ inyong kaluluwa, ay wala na sa mundong ito.

Inihahatol ninyo sa akin na ako'y makihalubilo at laging magdadalo sa mğa lipunan at hanapin ko sa gitna nğ masasayang pagtitipon ang isang pusong makapagdudulot nğ kasiyahan sa aking kaluluwa... Datapwa't, ¿sa ano pang dahil?... ¿Ano pa ang kailanğan nğ lahat nğ ito? ¿Sino ang sa tanang dudulog at magaalay sa akin

ng̃ pagtatang̃i at pagmamahal, ang inyong makakatulad na hanggang sa mg̃a sandaling ito'y kinikimkim ninyo sa puso, gayong si Magdalena'y namamayapa na sa kabilang buhay? ¡Ah!... Sayang lamang ang mang̃arap... Ang mg̃a pusong gaya ng̃ inyo ay mahirap na masumpung̃an sa buhay na ito. Bihirang tao ang may isang kaluluwang dakila na tulad ng̃ kay Amaury... Wala akong nakikita sa aking paligid kundi mg̃a lalaking pawang napaghaharian ng̃ mababang hang̃arin, ng̃ hamak na isipan at salat sa pangdamdam pará makakilala at makataho ng̃ kadakilaan ng̃ pagibig.

Dahil dito kung kaya't niyari ko sa sarili, kapatid ko, na ang lahat ng̃ aking ariarian ay mapakinabang̃an ng̃ mg̃a mahihirap kung sakali't ang kaluluwa ko'y humiwalay na sa kanyang lupang katawan. At dahil sa lahat ng̃ ito, kaibigang Amaury, kung kaya't namamalas ninyong ako'y tila may masayang kalooban at magaang bibig, sapagka't kung ako'y nagtatawa ay naililigtas ko ang aking sarili sa kaiisip.

Ng̃uni't iwan natin sa isang sulok ang mg̃a bagay na itong malulungkot, at ang pagusapan natin ay si Felipe Aubray.

¡Ah!... Kung si Felipe ang ating paguusapan ay... talagang ibang bagay na ito!...Hindi kayo nagkamali, kaibigang Amaury, sa pagsasabi na si Felipe ay di malayong magsimpan ng̃ pagirog sa akin: ¡sadyang ako'y iniibig niya!... Hangga ng̃ayo'y hindi pa niya ipinahahayag ang kanyang pagsinta at ang ganito'y aking ikinatutuwa at pinasasalamatan. Dahil sa kanyang ugaling pagkamapagtimpi ay kung kaya't hindi siya makapang̃ahas marahil na magpahayag ng̃ kanyang damdamin.

Sa inyong palagay si Felipe ay sapat na ako'y ilagay sa isang katayuang alang̃anin, ng̃uni't sa aking pakikimatyag ay malayo siyang magkaganito. Ang nakahahabag na anyo at ayos ng̃ binatang iyan na ipinamamamalas tuwina sa aking harap, ay labis na upang ako'y magkaroon ng̃ paniwala na kung ang sino man sa ami'y

malalagay sa isang katayuang alanganin, ay wala nang unaunang magkakaganito kundi si Felipe na rin. Ako'y walang munti mang alinlangan na siya'y nakikipaglabang mabuti sa kanyang sarili: sa pagibig na tinitimpi niya sa dibdib sa gitna nğ isang katayuang nakalulunos at kahabag habag.

Hindi nakapipinsala sa akin si Felipe, bagama't madalas siyang kinamamalasan ko nğ mğa bagay na hindi ko ibig.

¡Kahabaghabag na binata! Tiyak na masasabi ko sa inyo, kaibigang Amaury, na siya'y hindi makapipinsala at hinuhulaan kong lalagpas pa ang anim na buwan bago siya mapakapangahas o magkaroon nğ lakas nğ loob na makapagpahayag sa akin nğ kanyang pagsintang tinitimpi sa dibdib.

Inaakala kong ang bagay na itong wala namang kabuluhan ay hindi na marapat banggitin pa sa aking amain: Itinuturing kong hindi napakalaki at makabuluhan upang makagambala sa kanyang pananahimik.

Si Dr. Abrigny ay lalo nang nagiging balisá sa bawa't araw na nakalilipas, anopa't kung aking pakiramdaman ay hindi na gaanong magluluwat at silang dalawa ni Magdalena ay magsasama sa kabilang buhay. Talaga namang dito nabubuhos ang lahat nğ kanyang pagiisip na sa ganang kanya'y wala na siyang ligaya sa mundong ito kaya't wala na lamang minimithi kundi dumating ang sandaling sila'y magkalapit ni Magdalena... Datapwa't ¡di kakaunting luha ang malalaglag sa mğa mata ko kung mangyari na ang ganito!

Hindi dapat pagalinlanğanan na si Dr. Abrigny ay may isang karamdamang napakalubha; hindi ko lamang matiyak kung sanhi sa malalim na sugat na nalikha sa kanyang kaluluwa sa pagkamatay ni Magdalena o dahil sa iba pang kadahilanan. Tungkol sa bagay na ito ay sumangguni ako, isang araw, kay Dr. Gaston—yaong medikong batangbata na itinuturing ninyong matalino,—at sinabi sa akin nğ naturang manggagamot na ang lahat

nḡ paghihirap nḡ loob na nangyayari sa aking amain ay matatapos sa isang masaklap na hangga, lulunglalo na nḡa sa isang gaya nḡ aking amain na matanda na't mahina ang katawan. Itinatanong pa sa akin ni Dr. Gaston kung maaaring siya'y makipagusap kay Dr. Abrigny sa loob nḡ limang minuto upang masiyasat niyang mabuti ang kalagayan nḡ maysakit at matiyak, hangga't mangyayari, ang pinagbubuhatan nḡ matuling panghihina at pangluluyaypay. Ipinanḡako ko kay Dr. Gaston na gagawin ko ang lahat nḡ aking magagawa upang sila ni Dr. Abrigny ay magkaroon nḡ isang pagniniig, datapwa't hangga nḡayon ay hindi pa nangyayari ang bagay na ito.

Isang araw ay sinabi ko sa aking amain na si Dr. Gaston (na noong araw'y nilakad niyang maging mediko sa palasio nḡ Hari, at isa sa kanyang mḡa disipulong itinatanḡi at mahal sa loob) ay nagnanais na sumangguni sa kanya tungkol sa isang maysakit na ginagamot nḡ nasabing mediko; nḡuni't dahil sa katalasan nḡ isip nḡ aking amain ay hindi rin siya nahulog sa patibong, at sumagot nḡ ganito:

"—Alam ko na kung sinong maysakit ang kanyang isasangguni kaya't hindi na kailanḡang siya'y maghanḡad na makipagkita pa sa akin. Ipakisabi mo na lamang kay Dr. Gaston, na wala nang lunas ang maysakit na kanyang ibig iligtas, sapagka't ang karamdamang taglay ay hindi pa naikikita hangga nḡayon nḡ katapat na gamot..."

At nang makita nḡ aking amain na hindi ko mapigil ang pamamalisbis nḡ luha sa aking mḡa mata, ay nagwika pa nḡ sumusunod:

"—Huwag kang umiyak, Antonia, huwag mong pagkaabalahan ang maysakit na iyan; dapat mong matantong may ilang buwang buhay pang nalalabi sa kanya, at sa loob nḡ panahong iyan ay inaasahan kong magbabalik at darating dito si Amaury..."

¡Dios ko!... Ako'y kinikilabutan kung aking magunita na baka mamatay ang aking amain na kayo'y nasa malayo, ako'y maiwang nagiisa. ¿Hindi ba ninyo inaakala, kaibigang Amaury, na ako'y nañgañgailañgan ng̃ isang mabuting kaibigan na makakahati ko maging sa katuwaan at maging sa kapighatian? Kung sa bagay ay mayroon akong isang kaibigang ganito, ng̃uni't libulibong talampakan ang nakapapagitan sa aming dalawa at ang kanyang mg̃a dalamhati ay siyang nagtutulak upang mapalayo sa akin...

¿Bakit baga totoong napakalayo ng̃ kinaduroonan ninyo, kaibigang Amaury? ¿At bakit minamarapat na kayo'y mabuhay na nagiisa?... ¿Ano't kusang minamabuti yata ang kayo'y mapasadlak sa laot ng̃ isang kapalarang napakapait at sa lawak ng̃ isang panguug̃ulilang walang kasinglungkot?... ¿Anong kabutihan ng̃ inyong sarili ang tinatamo sa ginagawang pakikipamuhay sa gitna ng̃ mg̃a bagay na pawang bago at kaiba sa inyong panin̄gin?... Kung kayo'y magbabalik, kung kayo'y naririto at tayo'y nagkakalapit, sana'y mapagtutulung̃an nating pasanin ang krus ng̃ ating kasawiang palad at pagdurusa.

¡Oh!... ¡Magbalik kayo, umuwi kayo agad, Amaury!... Ipinakikiusap sa inyo ng̃ inyong kapatid na si,

ANTONIA.

* * *

Ika 2 ng̃ Marso.

AMAURY:

Sa pagkabalita sa akin ni Konde Mengis na nang magdaan sa Heidelberg ang isang pamangkin niya'y natalastas na kayo'y nasa siudad na yaon, ay kung kaya't sinamantala ko ang ganitong pagkakataon upang kayo'y padalhan ng̃ sulat na ito, at kimkim ang pagasang sa ng̃ayo'y papalarin nang makatanggap ng̃ sagot, di gaya ng̃ mg̃a

nakaraan na hangga ngayo'y hinihintay ko pa ang kasagutan, nguni't mandi'y tuluyan nang mabibigo sa aking pagaantay.

¿Ano kaya ang nangyayari ngayon sa inyo, kaibigang Amaury? Magdadalawang buwan nang anomang balita ay wala akong natatanggap sa inyo. Sa loob ng panahong itong nakalipas ay tatlong sulat na ang naipadadala ko, at sa bawa't isa'y nasasabi ang ak ng palaki nang palaking pagkalumbay. . ¿Hindi kaya ninyo natanggap ang aking mga liham? ¡Oh!...Kung sumakamay ninyo'y walang pagsalang hindi ipagwawalang bahala: di kayo mananatiling walang kibo, yamang labis ninyong talastas na ang inyong di pagimik, ang di ko pagtanggap ng anomang balitang nagbubuhat sa inyo, ay nagdudulot sa akin ng pagkabalisa at pagkalumbay.

Ngayong matanto ko na kayo'y buháy pa at kung saan ko kayo dapat sulatan, ay kaya't minarapat kong ipahatid sa inyo ang pangapat na liham na ito. Datapwa't kung ito'y hindi pa rin magtamong kasagutan ay isasaloob kong ako'y nakagagambala lamang sa inyo at kailan pa ma'y hindi ko na kayo aabalahin...

¡Ay!... ¡Sadyang napakasawi ang palad ko, kaibigang Amaury!... Datidati'y tatlo katao ang nagmamahal sa akin: ang isa ay namatay na, nasa labi ng hukay ang pangalawa at ang pangatlo'y nakalilimot nang untiunti...

¿Mangyayari kayang ang isang may kaluluwang mahabagin ay mawalan ng pagtingin at paglingap sa mga pusong nagbabata ng sakit?...

Knng sakali't matatagalan pa ang inyong pagbalik at magkataong mapikit ang mata ng aking amain nang kayo'y wala rito, ay alamin ninyo, kaibigang Amaury, na ako'y papasok sa isang kumbento.

Kung hindi pa nga magtamong kasagutan ang liham na ito ay hindi na ako susulat sa inyo magpakailan man.

Amaury, magdalang-awa sana kayo sa inyong kapatid,

ANTONIA.

*
* *

Ika 10 nḡ Marso.

ANTONIA:

Hindi ko tinanggap ang mḡa sulat na inyong tinutukoy o sa lalong malinaw na sabi'y, hindi ko ninais na matanggap.

Ang liham na sinundan nḡ huling sumakamay ko, ay nakalikha sa aking puso nḡ isang nakapanḡingilabot na damdamin kaya't napilitan tuloy akong umalis sa Kolonia nang hindi ko matiyak kung saan ako patutunḡo, palibhasa'y itinutulak ako nḡ adhikang makalayo sa buong mundo at pati na sa inyo, kaibigang Antonia...

¿Samakatwid pala'y malapit nang lisanin ni Dr. Abrigny ang hamak na kabuhayan dito sa lupa, na una pa sa akin?... ¡Lagi na lamang na ako'y nahihigtan at nalalamanḡan nḡ taong iyan!...

¿Bakit kaya hindi ako binayaan nḡ inyong amain sa maisagawa ko ang aking tangkang pagpapakamatay? ¿Ano't pinigil niya ang aking kamay sa pagbibigay-hangga sa aking hininḡa, sa pamamagitan nḡ ganitong matwid: "Ano't tayo'y magpapatiwakal yamang ang kamataya'y kusang lumalapit sa atin?"

Sa isang dako ay mayroon siyang katwiran, yamang siya'y namamatay nang untiunti...

Ako'y umalis, tumakas ako sa Kolonia, sapagka't doo'y nagkaroon ako nḡ ilang kaibigan at kakilala at untiunting ako'y nalilibang. Pinutol ko ang lahat, at nagtago ako nḡayon dito sa Heidelberg upang maiukol nḡ aking kaluluwa ang kanyang panahon sa pagbubulaybulay at mahatulan pagkatapos, sa gitna nḡ panḡunḡulila at katahimikan, ang mḡa nangyari at nagdaan sa aking palad sa loob nḡ anim na buwang kalilipas pa lamang... ¿Naubos na kaya ang aking luha dahil sa kaiiyak at nabahaw na rin kaya ang sugat nḡ aking puso sapagka't wala nang dugong tumulo? ¿Mangyayari kayang malunasan pa ang aking karamdamang tinataglay?...

Hindi ko matanto kung paano. Tanḡing nalalaman

ko na ako'y hindi mamamatay kung sa pamamagitan lamang ng̃ kusang pagsuko sa dalamhati na umaalipin sa aking sarili...

¿Naaalala ba ninyo, kaibigang Antonia, ang ibinigay na hatol ni Hamlet kay Opelia? Walang iba kundi ang ganito: *Pumasok ka sa isang kumbento...* At ako'y nahihikayat na ring magwika sa inyó ng̃ sumusunod "*Get thee to a nunnery*"...

AMAURY:

## XXV

IKA 11 oras ng̃ umaga ng̃ unang araw ng̃ Mayo. Gaya ng̃ pinagkaugalian ay dumating si Antonia sa *Villa de Avray* upang dumalaw sa kanyang amain. Si Dr. Abrigny ay dinatnan niya sa isang kalagayang lalo nang malapit sa labi ng̃ hukay.

Sa paguusap ng̃ magamain, ay nagpahayag ang Doktor ng̃ ganito:

—Antonia, nais ko sanang magtapat ka sa akin; huwag kang maglilihim sa itatanong ko ng̃ayon sa iyo. Nararamdaman kong hindi na gaanong magluluwat ang aking buhay... Unanguna'y ibig kong sagutin mo ang tanong na ito: ¿Sino ang madalas na tanggapin mong dalaw sa iyong tahanan?

Tinuring̃ang isaisa ni Antonia ang mg̃a taong dating kaibigan at kakilala niya na hanggang sa mg̃a sandaling yao'y hindi pa rin nakalilimot ng̃ pagdalaw sa kanyang bahay sa daang Angulema, at sa hulinghuli'y binanggit si Felipe Aubray.

Pagkatapos na makapagisipisip ng̃ matanda ay tumanong:

—¿Di ba kaibigan ni Amaury ang Felipe Aubray na iyan?

—Opo.

—¿Di ba siya'y isang binatang makisig?

—¡Aba!... Hindi po.

—Ng̃uni't bata pa at may mabuting kabuhayan, ¿hindi ba?

—Opo.

—¿Dugong mahal na tao?

—Hindi po.

—¿Nangingibig ba sa iyo?

—Gayon po ang palagay ko.

—¿At ikaw ba nama'y may loob sa kanya?

—Nikatiting...

—¡Ah! Iyan ang tinatawag na tahasang sagot. Datapwa't magsabi ka ng̃ totoo: ¿Di ba mayroon kang iniibig?

—Sa aking puso'y, wala pong namamahay na ibang pagibig kundi ang pagibig sa inyo, amain ko—ang may kahalong himutok na isinagot ni Antonia.

—Tunay na ng̃a, ng̃uni't ang pagibig na iya'y hindi sapat sa iyo. Sa loob ng̃ isa o dalawang buwan, magbuhat ng̃ayon, ay malamang na mapikit na ang mg̃a mata ko, at kung ako lamang ang iniibig mo'y walang maiiwang isa mang umiibig naman sa iyo....

—¡Ay, amain ko!... Inaakala kong kayo'y nagkakamali sa palagay na kayo'y malapit nang mamayapa...

—Maniwala ka, Antonia... Ako'y hindi nagkakamali. Ang lakas ko'y nagtatanan sa akin arawaraw. Tuwing umaga na ako'y dumadalaw at nagpapaalam kay Magdalena, ay inaakbayan na ako ni Jose, na bata sa akin ng̃ limang taon. Sa kabutihang palad—anya pa at ipinukol ang ting̃in sa libing̃ang kinalalagakan ng̃ bangkay ng̃ kanyang bunso—ay natatanaw magmula sa bintanang ito ang libing̃an ni Magdalena, anopa't hanggang sa huling sandali ng̃ aking buhay ay maaari kong makita ang pinagbaunan sa anák ko...

Sa muling paghahagis ng̃ ting̃in sa libing̃an ni Magdalena, ay waring nakatanaw si Dr. Abrigny ng̃ isang tao, kaya't biglang tumayo at buong siglang nagwika:

—Antonia, ¿sino ang taong iyon na nasa harap ng̃ libing̃an ni Magdalena? Tingnan mo. ¿Sino ng̃a ba?...

Pagkatapos na makaupong muli, ay nagturing:

—¡Ah!... Siya'y hindi ibang tao...

—¿Sino po?—ang puspos ng̃ pananabik na tanong ni Antonia.

—¡Si Amaury!—ang sagot ng̃ Doktor.

—¡Si Amaury!—ang ulit ni Antonia at sumandal sa pader upang hindi mabuwal sapagka't nakaramdam ng̃ panghihina.

—Oo, at di sasalang sa kanyang pagbalik buhat sa pang̃ing̃ibang bayan, ay minarapat na unang dalawin ang libing̃an ni Magdalena.

At pagkasabi nito'y hindi na nagsalita ng̃ anoman ang Doktor at hindi na rin kumilos.

Si Antonia ay ilang sandali ring hindi umimik at at hindi nakakilos.

Dili iba't si Amaury ang natanawan ng̃ magamain... Pagdating na pagdating niya ay unang tinung̃o ang libing̃an ni Magdalena, lumuhod sa harap ng̃ pinagbaunan at nanalang̃in ng̃ may sampung minuto. Pagkatapos ay nagtindig at umanyong lalabas na sa pinto.

Nakaramdam si Antonia ng̃ isang di pangkaraniwang panglulupaypay nang inakala niyang si Amaury ay papasok sa bahay na kanyang kinaduroonan.

Di naglipat saglit at naulinigan ang mg̃a yabag ng̃ isang taong pumapanhik sa hagdan, at nang mabuksan ang pinto ay lumitaw si Amaury.

Bagama't nahuhulaan na ni Antonia kung sino ang taong dumarating, ay hindi rin napigil ang pagtakas sa kanyang dibdib ng̃ isang sigaw ng̃ katuwaan.

—¡Amaury!—ang pabulalas na kanyang nasabi.

—¡Amaury!—ang marahang nawika ng̃ Doktor at inilawit kay Amaury ang kanyang kamay, na inabot naman ng̃ binata at saka lumuhod sa kanyang harap.

—Bendisiunan po ninyo ako, amain ko—ang kanyang sabi.

Inilagay ni Dr. Abrigny ang kanyang kamay sa ulo ng̃ bagong dating, ng̃uni't di nagsalita ng̃ anoman.

Ilang sandaling nanatili si Amaury sa gayong kala-

gayan, samantalang nalalaglag sa kanyang mĝa mata ang masaganang luha. Si Antonia ay umiiyak din. Tanĝing ang matanda lamang ang mandi'y hindi nakararamdam nĝ anomang pagkabalisa.

Kapagkuwa'y nagtindig si Amaury, lumapit kay Antonia at ito'y hinagkan sa kamay. Pagkatapos ang tatlo'y nagkatinĝinan at matagal ding isa man sa kanila'y hindi nakapanĝusap.

Si Dr. Abrigny ang unang nagsalita:

—Sa pagkatinĝin ko sa iyo, ay mabuti ang kalagayan mo nĝayon—anya at pinagmasdan ang binata;—inaakala kong mabuti rin naman ang tinĝin mo sa akin, ¿hindi ba, Amaury?—anya pa.

—Siya pong totoo—ang wika nĝ binata;—kayo ay lubhang mapalad at dahil dito'y binabati ko nĝ buong puso. ¡Ano ang aking gagawin!... Ang nangyayari sa akin ay siyang kalooban nĝ Dios na ipinahahayag nĝ Kalikasan na walang ugaling sumunod sa aking kaibigán, di gaya sa inyo. Nĝayon—ang dugtong pa,—ako'y nahahandang mabuhay samantalang loloobin nĝ Lumikha.

—¡Oh! salamat, Dios ko!—ang sagot ni Antonia, na sa mĝa mata'y bumabalong ang luha.

—Ikaw ay mabubuhay—ang wika nĝ Doktor—Mabuti kung gayon. Sa mula't mula pa'y ganyan na ang pagkakilala ko sa iyo, Amaury: masigla at mapagtapat. Sinasangayunan ko ang iyong kapasiyahan. Dapat kang mabuhay...

At sa buong maghapon ay nagkapanahon si Amaury at si Antonia sa paguusap at pagsariwa nĝ mĝa nakaraang araw nĝ kanilang kabataan. Bawa't isa sa kanila'y nagulat nĝ tungkol sa mĝa bagay na binabalangkas sa isip para sa panahong darating.

Nang makahapon na at nang muling magkaharapharap ang tatlo, si Dr. Abrigny ay nagpahayag sa dalawa nitong sumusunod:

—Amaury, ang kasawiang palad na iyong inabot ay

nakaragdag ng̃ malaki sa iyong malinaw na pagiisip. Ipinagkakatiwala at inihahabilin ko sa iyo si Antonia, kung sakali't mapikit na ang dalawang mata ko. Ituring mo siyang kapatid, patnubayan mo sa lahat ng̃ kilos at gagawin, at huwag mong pababayaan bagkus bigyan ng̃ mabubuting pang̃aral at paalala.

—¡Ang kanyang kapatid, opo!—ang sinabi ni Amaury —at isang kapatid na nalalaang maglingkod at tumulong sa kanya sa lahat ng̃ sandali. Ito'y isinusumpa ko sa inyo, minamahal kong Tutor. Tinatanggap ko ng̃ buong kasiyahang loob ang mg̃a tungkulin ng̃ isang amá na ipinagaganap ninyo sa akin para kay Antonia, at sa harap ng̃ aking kabataan ay ipinang̃ang̃ako ko sa inyo na siya'y hindi ko pababayaan hanggang sa sumapit ang panahon na makatagpo ng̃ karapatdapat na kapilas ng̃ dibdib at magmamahal sa kanya ng̃ taimtim sa loob.

Nang marinig ni Antonia ang mg̃a pang̃ung̃usap na ito ng̃ binata ay hapis ang mukhang ipinako ang ting̃in sa lupa at ilang saglit na nagbulaybulay, samantala nama'y sumagot ang Doktor ng̃ ganito:

—Iyan ang pinaguusapan namin kanina nang ikaw ay dumating, Amaury. Isang kaluwalhatian sa aking napakalaki kung si Antonia, bago ko lisanin ang buhay na ito, ay makita kong maligaya at minamahal, sa loob ng̃ tahanan ng̃ isang kabiyak ng̃ dibdib na karapàtdapat sa kanyá. Magsabi ka ng̃a, Amaury, ¿wala ka bang nakikilalang isa man na mangyayaring makaganap ng̃ tungkuling ito para sa kanya?

Mahabang sandaling nagisip ang binata.

—¿Bakit hindi mo sagutin ang tanong ko sa iyo?— ang usisa ng̃ matanda.

—Sapagka't isa pong napakaselang na bagay ang inihihing̃i ninyo sa akin ng̃ kapasiyahan, kung kaya't nararapat na akin munang pakaisipin sa gitna ng̃ kabinahunan... Kung sa bagay ay nakikilala ko ang karamihan sa mg̃a binatang may dugong mahal.

—Kung gayo'y tingnan natin—ang sambot ng Doktor;—hala, turiñgan mo ang ilan.

Sinulyapan ni Amaury ang mğa mata ni Antonia upang isangguni ang kanyang magiging tugon, ñguni't ang tiñgin nğ dalaga ay inilayo sa mğa matá nğ binata.

—Si Arturo Lancy, sa halimbawa—ang wika ni Amaury nang mahalata niyang kinakailangang siya'y sumagot na.

—Hindi ko minamasama—ang sagot nğ Doktor;—si Arturo'y bata pa, may kaya at masigla ang kalooban; nagtataglay nğ isang mabuting apelyido at tañgi sa rito'y may isang maningning na hinaharap.

—Siya pong totoo; ñguni't ako'y hindi mañgañgahas na itagubilin ko ang binatang ito upang maging asawa ni Antonia. Si Arturo ay isang binatang napakalibot at nagkikimkim nğ isang kayabañgan sa paghahañgad na masabing siya y. mapamihag nğ mğa puso, gaya sa halimbawa ni Lovelace o ni Don Juan Tenorio. Tapatang sinasabi ko, na sa aking palagay ay hindi lalasap nğ kaligayahan si Antonia kung siya ang maging kaisang palad nito.

Ang dalagang nakikinig sa paguusap nğ dalawa, ay napahimutok at kapagkuwa'y naghagis kay Amaury nğ isang titig na nagpapahayag nğ pasasalamat at kasiyahang loob.

—Kung gayo'y huwag na natin siyang pagusapan—ang wika nğ Doktor.—Bumanggit ka naman sa akin nğ iba.

—Si Gaston Somervieux...

—Hindi ko rin minamasama; siya'y isang binatang dugong mahal, mayaman at tapat makisama, at sa aking pagkakilala ay may mababang kalooban at may mainam na ugali...

—Siya pong tunay—ang ipinakli ni Amaury,—ñguni't yamang nasabi na ninyo ang lahat nğ katañgian ni Gaston ay marapat namang idagdag ang isa sa mğa malalaking kapintasang tinataglay niya. Sa ibabaw nğ kanyang pagkamagandang kalooban at pagkamahal na

tao ay isang kaningningang pangibabaw lamang ang kumikislap, at mapananagutan ko sa inyo 'ang aking sasabihin na siya ay isang taong mangmang at kabilang sa mga pangkaraniwan lamang.

—Maalala ko pala—ang walang anoano'y sinabi ni Dr. Abrigny na parang nakaalala ng isang pangyayaring hindi pa nililipasan ng panahon.—¿Hindi ba minsan ay may ipinakilala ka sa aking isang lalaking nagngangalang Leoncio Geurignou?

—Opo—ang ipinakli ni Amaury na namula ang mukha.

—Sa aking palagay ang binatang iya'y magkakaroon ng isang maningning na hinaharap. ¿Hindi ba siya'y isa sa mga sanggunian ng Pamahalaan?

—Siyanga po; nguni't siya'y hindi mayaman. Tangi sa rito'y gumanap ang kanyang amá, ayon sa pagkaalam ko, ng isang tungkuling di sukat ipagkapuri noong panahon ng Himagsikan.

—Marahil ay ang kanyang nunong lalaki ang tinutukoy mo; tangi sa rito, kung may katotohanan man sakali ang ganyang balitang kumakalat, sa panahong ito ay hindi na itinuturing na dapat sagutin ng mga anák ang nagawang sala ng kanilang mga magulang. At dahil dito'y maaari mong ipakilala ang binatang iyan kay Antonia, sa pamamagitan ni ginoong Mengis, at kung hindi niya mamasamain ay...

—¡Ah! napakamalilimutin kong totoo!—ang pabulalas na nawika ni Amaury, kasabay ang isang pagtutop sa kanyang noo.—Napagkikilalang sa likod ng ilang buwang pagkakalayo ay nabawasan ng malaki ang kapangyarihan ng aking paggunita. Nalilimutan ko palang si Leoncio ay sumumpang mabubuhay at mamamatay sa gitna ng kanyang pagkabinata...

—Kung gayon—ang wika ni Dr. Abrigny,—ay ¿paano ang dapat nating gawin? ¿Kinakailangan bang si Felipe Aubray ang lapitan?

—Nasabi ko na po sa inyo, amain ko...—ang hadlang ni Antonia.

—Bayaan mong maipagpatuloy ni Amaury ang kanyang pagsasalita, Antonia—ang wika ng̃ Doktor.

—Minamahal kong Tu'tor—ang sagot ni Amaury na kinahalataan ng̃ kaunting pagkayamot,—huwag lamang sana ninyo akong tatanung̃in ng̃ anoman tungkol diyan sa Felipeng iyan na hindi ko na hahang̃aring makita pang muli sa buong buhay ko. Sa harap ng̃ aking mg̃a tagubilin ay tinanggap din siya ni Antonia, na isa sa mg̃a dalaw at maaari pa ring tanggapin hanggang sa mg̃a araw na ito kung kanyang minarapat, ng̃uni't hindi ko mapatatawad ang kanyang kalaitlait na paraang ginagamit sa paglimot...

—¿At lumilimot kang̃ino?—ang tanong ng̃ matanda.

—Kay Magdalena po.

—¿At bakit?... ¿Kay Magdalena?—ang nagkapanabay na nawika ni Dr. Abrigny at ni Antonia.

—Opo. Sa pamamagitan ng̃ dalawang pang̃ung̃usap ay makikilala ninyo ang taong iyan. Siya'y umibig kay Magdalena; siya ang nagtapat ng̃ bagay na ito hanggang sa ipinamanhik sa akin na hing̃in ko lamang sa inyo ang kamay ni Magdalena doon pa naman sa araw ring inyong ipasiya na maging palad ko ang inyong anák. At ng̃ayon ay umiibig naman siya kay Antonia gaya ng̃ pagkaibig niya kay Magdalena at gaya rin ng̃ kanyang pagkaibig sa ibang babae. Hatulan ninyo sa ganito, kung paanong pagtitiwala ang dapat gawin sa isang taong may isang pusong salawahan, na sa loob ng̃ kulang na isang taon ay nakakatkat ang pagsinta na di umano'y sumibol at nabubuhay sa habang panahon sa ubod ng̃ kanyang dibdib.

Sa harap ng̃ ganitong tahasang pagkapoot ni Amaury ay tumung̃ó si Antonia at ilang sandaling sa mukha'y napalarawan ang pagkasindak.

—Napakalupit mong totoo, Amaury—ang wika ng̃ Doktor.

—Oh, siyaña po, napakalupit—ang bahagya nang nawika ni Antonia.

—¿Ipinagtatanggol ba ninyo, Antonia, si Felipe?—ang kapagkuwa'y buong siglang itinanong ng binata.

—Ipinagtatanggol ko ang hamak na kalikasan ng ating pagkatäo—ang isinagot ng dalaga.—Hindi ang lahat ng lalaki, kaibigang Amaury, ay may isang kaluluwang hindi nagbabago at may isang kaloobang munti ma'y hindi natitinag. Dapat kayong maging mapagparaya at maawain sa mga kahinaan ng puso na munti ma'y walangwala sa inyong sarili.

—Sa gayon—ang wika ni Amaury,—sa ubod ng inyong puso, Antonia, si Felipe ay nakakatagpo ng isang pagkahabag na may uring pagpapatawad... At si Antonia ay...

—Siyang may matwid—ang sambot ng Doktor at dinugtungan ang di natapos na sasabihin sa binata;—napakalupit mo namang maglalapat ng kahatulan, Amaury.

—Datapwa't sa palagay ko'y...

—Siyaña—ang sambot ng matandang lalaki,—ang iyong gulang na napaghaharian pa ng pagmamahal sa sarili ay hindi mahahabagin, at ito'y nalalaman ko; talastas ko rin na ang iyong puso ay walang damdaming marunong magparaan o magbigay sa pagkukulang at kapintasan ng kapwa puso. Ako, sa gitna ng aking katandaan, ay natutong maging mapagbigay at ito'y siya mo ring daranasin kaipala pagdating ng isang panahon, palibhasa'y sa hinabahaba ng araw ay sadyang lumalamig ang mga kaloobang maiinit ng kabataan at ang lalong malakas sa ngayon ay hindi mangyayaring maging malakas sa habang panahon; at ang lalo mang mapagmataas ay hindi maaaring makapagsabi ng ganito: "Sa hinaharap ay ako rin ang gaya ngayon"... Dahil dito'y hindi marapat na hatulan natin ng buong lupit ang kahi't sino, upang ang gayo'y huwag namang gawin sa atin. Ang palad ng tao ang siyang umaakbay sa ating kabuhayan at hindi ang ating kalooban at ninanais na mangyari.

—Sa ganitong paraan—ang isinagot ni Amaury,—¿ay ipinalalagay ba ninyong darating ang isang panahon na ako ma'y makalilimot din kay Magdalena?

Si Antonia ay namutla.

—Hindi ako nagsasaloob ng̃ anoman, Amaury—ang wika ng̃ matanda na sinabayan ng̃ iling;—ako'y mayroon nang pinagdaanan sa buhay, may mg̃a matá akong na kapagmamasid at alam ko ang mg̃a nangyayari. Dapat mong sikapin, Amaury, na ikaw ay magkaroon ng̃ isang kaloobang maawain, yamang tinanggap mo ang tungkuling maging parang amá ni Antonia.

—At nais ko sanang huwag ipagdamdam o ikagalit sa akin—ang sagot naman ni Antonia na sa tinig ay kinahahalataan ng̃ pagdadalamhati,—ang naipagtapat ko sa ilang sandali na pagkatapos na maibig si Magdalena ay maaari rin namang umibig sa iba pa. Huwag ng̃a sanang ikagalit ang bagay na ito, sapagka't lubos kong pinagsisisihan.

—¡Ah!... ¿Sinong puso ang maaaring magalit sa inyo Antonia, na isang anghel ng̃ katamisan?—ang wika ni Amaury.

Nang mg̃a sandaling yaon ay nasok si Jose. na sa atas ng̃ hang̃ad na makatupad sa kanyang tungkuli'y ipinagbigay alam sa mg̃a naguusapusap na nakahanda na ang sasakyan at oras na yaon ng̃ pagalis ni Antonia.

—¿Sasamahan ko po ba si Antonia?—ang kapagkuwa'y itinanong ni Amaury kay Dr. Abrigny.

—Huwag—ang sagot ng̃ tinanong.—Bagama't ikaw'y gumaganap ng̃ tungkuling amá, ay bata pang totoo ang iyong gulang, dahil dito'y kinakailang̃an na ikaw ay magpamalas sa mata ng̃ lahat ng̃ isang mahigpit na pag iing̃at.

—Ng̃uni't dapat kong ipatalastas sa inyo—ang wika ni Amaury,—na pinaalis ko na ang sasakyang aking ginamit nang ako'y pumarito.

—Wala kang dapat alalahanin sa bagay na iyan, sapagka't may isa pang sasakyang nahahanda sa iyo. At

mayroon pang isang bagay; na dahilang hindi ka maaaring magpatuloy ng̃ pagtira sa daang Angulema at sapagka't di sasalang hahang̃arin mong madalaw si Antotonia sa Paris, ay ipinamamanhik ko sa iyo na huwag mo siyang dadalawin kundi ka may kasamang isa sa aking matatalik na kaibigan. Si Mengis, sa halimbawa, ay dadalaw sa kanya ng̃ makaitlo isang linggo at may takdang oras ng̃ pagdalaw. Siya ang maaaring makasama mo at inaasahan ko namang̃ malugod na sasamahan ka niya, gaya nang sa tuwina'y kanyang ginagawa kay Felipe.

—¿Sa ganitong paraan ay di ba ako itinuturing na parang ibang tao?

—Hindi, Amaury; sa aking mg̃a mata ikaw ay anák ko, gayon din sa harap ni Antonia; ng̃uni't para sa mg̃a matá ng̃ daigdig, ikaw ay walang iba kundi isang binatang lumalakad sa dalawampu't limang taong gulang...

## XXVI

KINABUKASAN ay nagsadya si Amaury sa bahay ni Konde Mengis.

Bago dumating siya sa tahanan ng̃ Konde ay nakatanggap na ito ng̃ isang liham na padala ni Antonia, palibhasa'y nais ng̃ dalaga na maipatalastas agad sa kanyang kaibigang matanda ang mg̃a panukala ni Dr. Abrigny tungkol kay Amaury.

Nang magkausap ang dalawa ay tumanong si Konde Mengis kay Amaury ng̃ ganito:

—Sabihin mo ng̃a sa akin, ¿hindi ba ninanais ni Dr. Abrigny na makapagasawa na si Antonia?

—Gayon po ang aking pagkaalam.

—Gayon din ng̃a ang aking balita. ¿At wala ba siyang binabanggit sa iyong isa mang binata na napupusuan niya para maging kapalaran ni Antonia?

—May ilan po silang nasabi sa akin.

—¿Mayroon kaya siyang tinukoy na anák ng̃ isa sa kanyang mg̃a kaibigan?

Nahalata ni Amaury na siya'y hindi na maaaring umurong sapagka't kasalukuyan nang napapalaot, kaya't napilitang sumagot ng̃ ganito:

—Kahapon ay nasambit nila sa harap ko, ang pang̃alan ng̃ Biskonde Raul Mengis.

—¿Ang pamangkin ko?... Siya ng̃a... Alam kong gayon ang nais na mangyari ng̃ ating mahal na Doktor. ¿Nalalaman din kaya niya na binalak kong si Raul ay maging asawa ni Magdalena?

—Opo.

—Kailangan kong sabihin na nang mga araw na yaon ay hindi ko nalalamang si Dr. Abrigny ay nakapagbitiw sa iyo ng pangako para sa kamay ni Magdalena; nguni't sa unang balitang natanggap ko tungkol sa bagay na ito, ay iniurong ko ang aking kahilingan, gaya ng alam mo na. Ipinagtatapat ko pa na dahil sa nangyaring yaon ay ibinaling ko ang aking mga matá kay Antonia, at ang isinagot naman ni Dr. Abrigny, sa ganang kanya ay wala siyang dahilan upang pigilin ang aking balak. At ngayo'y nais kong sagutin mo ang sumusunod:

—¿Ipinagkakaloob mo ba sa akin ang iyong kapahintulutan tungkol sa binabalak kong mangyari para kay Raul at kay Antonia, gaya nang pagsangayong ibinigay sa akin ng iyong Tutor?

—Wala po kayong dapat ipagalinlangan, ginoong Konde, sa aking lubos na pagsangayon—ang isinagot ni Amaury na kinahalataan ng munting pagkabalisa.—At kung si Antonia'y umiibig na talaga sa inyong pamangkin... Datapwa't maalala ko pala, ¿hindi po ba ang Biskonde ay isa sa mga bumubuo ng Embahada para sa San Petersburgo?

—Oo, at siya'y tumutupad ng tungkuling pagkapangalawang kalihim, nguni't ngayo'y nagbabakasyon.

—¿Samakatwid po ba'y paririto siya?—ang tanong pa ni Amaury.

—Siya'y dumating kahapon pa, at ngayo'y magkakaroon akó ng lugod at kapurihang maipakilala ko sa iyo, sapagka't kasalukuyan siyang naririto at haya't pumapasok...

Nang mga sandaling yao'y natanaw sa pintuan ang isang lalaking mataas, kayumanggi ang balat at ang mukha'y naghihiwatig ng isang kaloobang payapa at mahinahon. at nakasuot ng magara; sa sulapa ng kanyang amerikana ay nakakabit ang sagisag ng '*Legion de Honor*', ng *Estrella Polar* sa Suwesia, at ng *Santa Ana* sa Rusia.

At sa pamamagitan ng pagpapakilala sa isa't isa na ginanap ni Konde Mengis, ay nagbati at nagkamay ang

dalawang binatang kapwa diplomátiko: bawa't isa'y nagsabi ng kanyang pangalan, at sa loob ng mga unang sandali ay nagbalitaan at nagusap ng tungkol sa mga pangkaraniwang bagay.

* * *

Hindi natagala't si Amaury ay nanaog sa halamanan upang sariwain sa kanyang gunita ang mga nakalipas na alaala ng kanilang pagmamahalan ni Magdalena, mga alaalang hindi na babalik. Sa kanyang pakiwari'y nakatayo sa kanyang piling ang mutyang si Magdalena; ang simoy ng hanging dumarampi sa kanyang pisngi ay siyang marahang tinig na nagmumula sa dibdib ng kanyang giliw, kung pakiramdaman niya. At sa laot ng pagbubulaybulay, di sinasadya'y kanyang nailawit ang isang kamay niya. Kapagkuwa'y naramdaman niyang hinawakan ng isa ring kamay ang kamay niyang nanglalamig.

Idinilat ni Amaury ang kanyang mga mata, at napasigaw dahil sa pagkabigla na may kahalong pagkasindak. Napansin niyang may isang babaing nakatayo sa kanyang tabi.

—¡Magdalena!—ang pabulalas na nasabi.

—¡Ay!... ¡Hindi, hindi ako si Magdalena!—ang bahagyang naisagot ng katabi.—Ako ang si Antonia...

—¡Oh, Antonia!—ang pahimutok na nawika ni Amaury, kasabay ang pagyakap ng mahigpit sa dalaga, at kapagkuwa'y idinugtong:—Nakita na ninyo, siya rin ang lamán ng aking pagiisip.

—Siyanga po—ang wika ni Antonia,—talagang isinasaloob ko na kayo'y naririto upang masarili ang paglasap ng kapaitan; at ako'y naparito upang ipamanhik na kayo'y magbalik sana sa tanggapan ng bahay...

—Paparoon po ako—ang sagot ng binata.—Nguni't bayaan na munang mapahid ko ang aking luha.

Sa pangingilag ni Antonia na mapansin ng mga tao sa bahay na siya'y wala sa salón ay nagdudumaling iniwan si Amaury at nagbalik sa itaas ng bahay.

## XXVII

NAKALIPAS ang ilang linggo.

Isang umaga ay nagsadya si Amaury sa tahanan ni Dr. Abrigny. Sa mg̃a sandaling siya'y umiibis sa kabayo, pagdating sa harap ng̃ bahay ng̃ Doktor, ay siyang paghinto naman ng̃ isang sasakyang kinalululanan ni Antonia.

—¡Dios ko!... ¿Diyata't kayo, Amaury?—ang kapagkuwa'y naipaunang bati ni Antonia sa binata, na punungpuno ng̃ pagtataka.—¿Nagkasugat ba kayo? ¿Ano't kayo'y namumutla?...

—Hindi po; wala kayong dapat ikaligalig—ang isiragot ni Amaury.—Sino ma'y hindi nasugatan: ni si Felipe at ni ako...

—Kung gayon—ang wika ni Antonia—¿ay ano ang sanhi ng̃ ganyang pagkahapis na sumusung̃aw sa inyong mg̃a mata? ¿Ano't kayo'y tila natutubigan?...

—Kailang̃ang ako'y makipagusap sa inyong amain tungkol sa ilang bagay na mahalaga.

—¡Ay!—ang himutok ni Antonia.—Gayon din ako...

At ang dalawa'y pumanhik sa bahay nang hindi nagiimikan. Sila'y sinamahan ng̃ utusang si Jose hanggang sa silid na pinaghihintayan sa kanila ni Dr. Abrigny.

Nang makita ng̃ dalawa ang ayos at anyo ng̃ Doktor, ay hindi nila nailihim ang isang pagkamanghang biglang naghari sa kanilang puso; ang dalawa'y nagkapalitan ng̃ ting̃in.

—¡Sa wakas ay nakita ko rin ang aking mĝa anák!—ang puspos na tuwang nasabi nĝ matanda, kasabay ang pagkikintal nĝ isang halik sa noo ni Antonia at isang mahigpit na pagkamay kay Amaury.—Ako'y kanina pa nagaantay sa inyo; inaabot na tuloy ako nĝ pagkainip Nĝuni't nĝayo'y walang kasinglaki ang tuwang naghahari sa aking puso dahil sa ating pagkikita. Nais kong samantalahin ang maghapong ito upang tayo'y magkausap na mabuti. Dito na kayo magpaabot nĝ gabi... Nĝuni't ¿ano ba ang nangyayari?... ¿Ano't mukhang may lungkot kayong dalawa? ¿Dahil bagá sapagka't nakikita ninyong malapit nang ako'y makarating sa hanggahan nĝ aking paglalakbay?...

—¡Ah, hindi po!... May pagasa po kaming mahabang panahon pa ang nalalabi sa inyong buhay—ang sagot ni Amaury, na hindi naalalang ang kausap niya ay isang taong hindi pangkaraniwan.—Nais ko sanang makipagusap nĝayon sa inyo nĝ tungkol sa ilang bagay na totoong mahalaga; inaakala kong si Antonia man ay may ipagtatapat din sa inyong mĝa bagay na makabuluhan...

—Kung gayo'y ipahayag ninyo kung ano ang ibig sabihin at ako'y nariritong nakahanda upang makinig... Ikaw, Amaury,—anya pa,—ay dito ka umupo sa silyang nasa kanan ko; at ikaw naman, Antonia, ay dito ka lumagay sa kabila. ¡Ganyan!... Nĝayon ay iabot ninyong dalawa sa akin ang inyong mĝa kamay. At sagutin ang tanong kong ito: ¿Hindi ba tayo'y nasa isang kalagayang lalong mabuti sapagka't malapit na malapit sa kinalalagakan nĝ bangkay ni Magdalena? ¡Oh, si Magdalenang hindi na natin malilimutan!...

Di sinasadya'y kapwa napatinĝin ang dalawa sa libinĝan; nĝuni't isang salita man lamang ay hindi sila nakapagbitiw.

—¡Hala!—ang kapagkuwa'y sinabi nĝ Doktor.—Nĝayo'y nakahanda na ako upang makinig sa inyo. Magsimula ka na, Antonia.

—Subali't—ang hadlang ni Antonia sa isang anyong

ibig magsalita, ñguni't hindi masabi ang ibig sabihin.

—¡Ah!... Nalalaman ko na—ang wika ni Amaury, kasabay ang tindig;—ipagpaumanhin po ninyo... Ako'y lalabas munang ilang sandali...

At nilisan ang silid.

—Ñgayo'y nagsasarili na tayong dalawa—ang kapagkuwa'y sinabi ñg Doktor;—¿ano ang ibig mong sabihin, anák ko?—anya pa pagkalabas na pagkalabas ni Amaury.

—Amain ko—ang nañgiñginig ang boses na simula ñg dalaga at munti ma'y hindi tumitiñgin sa mukha ñg kanyang kausap.—Sa tuwituwina'y naririnig kong sinasabi ninyo na inyong ninanasang ako'y makapagasawa sa isang lalaking ang pagibig ay makapagdudulot sa akin ñg kaligayahan at magiuluklok sa kaluluwa ko sa isang magandang kapalaran. Mahabang panahon ding ako'y nagalañganin sa pagpili ñg aking dapat kasamahin, ñguni't sa wakas ay nakahiraag na rin ako. Siya'y hindi isang lalaking mayroong napakabuting kalagayan, datapwa't tiyak na masasabi kong ako'y iniibig at mamahalin niya, at umaasa naman akong ako'y makatutupad sa mñga tungkuling dapat gampanan ñg isang babaing may asawa. Labis ninyong kilala ang lalaking nahirang kong maging kaisang dibdib. Siya'y si...

Hindi natapos ang sasabihin ni Antonia, at naghagis ñg isang tiñgin sa libiñgan, at parang humihiñgi ñg panibagong lakas upang maipagpatuloy ang kanyang pagsasalita.

—Siya po ay si... si Felipe Aubray...

Habang nagsasalita si Antonia ay pinagmamasdan siyang mabuti ñg Doktor, ñguni't isang kataga ma'y hindi nagbitiw, upang hindi magambala ang pagsasalaysay ñg kanyang kausap. Subali't—

—¿Samakatwid pala'y si Felipe Aubray?—ang pagkaraan ñg ilang sandali'y itinanong sa pamangkin.—¿Siya ba ang napili mo sa lahat ñg binatang sa iyo'y nañgiñgibig?

—Opo, amain ko; si Felipe ang aking magiging ka-

isang palad—ang wika pa ni Antonia, at hininaan sa dati ang pagsasalita.

—Ñguni't kung hindi ako nakalimot—ang hadlang ñg Doktor,—ay tila di miminsan lamang na nawika mong ang mña pinagsasabi at hinahañgad sa iyo ni Felipe ay hindi dapat patulan, kaya't nasabi ko pa sa sariling sadyang wala ñga marahil sa loob mo ang mña paghihirap na malaon nang tinitiis ni Felipe dahil sa pañgiñgibig sa iyo.

—Siyañga po, amain ko; datapwa't ñgayo'y nagbago na ako ñg paghahaka. Ang pagkamatiyaga at pagkamatiisin ñg lalaking iyan ay totoong nakabagbag sa kalooban ko, kung kaya't ..

Hindi na naman naipagpatuloy ni Antonia ang kanyang sinasabi sapagka't parang may nakabibikig sa kanyang lalamunan; ñguni't sa wakas ay nakapagsalita rin.

—Ako ñga po'y nahahanda nang maging asawa ni Felipe...

—Kung gayo'y ikaw ang masusunod, Antonia—ang sagot ñg Doktor—at yamang ganyan ang iyong pasya...

—Opo amain ko, iyan po ang kapasyahan kong hindi na magbabago...

Gayon na lamang ang ginawang pagpipigil ni Antonia sa luha at himutok na nagpupumiglas sa kanyang dibdib.

—Ikaw ang bahala, anák ko... Ñgayo'y bayaan mong magkasarilinan naman kami ñg paguusap ni Amaury, na ayon sa hiwatig sa akin ay mayroon ding sasabihing mahahalagang bagay. Lumabas ka muna sumandali, at saka na kita tatawagin mamaya.

At hinagkan sa noo ang kanyang pamangkin; ito nama'y lumabas muna sa tanggapan.

Nang nasa labas na si Antonia ay malakas na tinawag ni Dr. Abrigny ang binata.

—¡Amaury!—anya,—pumasok ka, anák ko;—at nang nasa loob na'y magiliw na pinagsabihan:—Ñgayo'y isaysay mo naman sa akin kung ano ang kailañgan mong ipagtapat.

—Sa pamamagitan po ng̃ dalawang salita lamang ipahahayag ko sa inyo ang aking nasasaloob.

—Hala, sabihin mo na, anák ko, sabihin mo na... Pakikinggan kita ng̃ buong puso...

—Ginoong Abrigny—ang pasimulang sabi ng̃ binata—bagama't ako'y bata pa ay minarapat ninyong ako ang maging kahalili sa pagting̃in at pagmamalasakit kay Antonia; sa madaling sabi'y hinirang ninyo akong maging pang̃alawang tutor ng̃ inyong mabait na pamangkin.

—Oo,, sapagka't ikaw ay kinamalasan ko ng̃ isang kalooban at pakikisama kay Antonia na tulad sa kapatid.

—Tang̃i sa rito'y pinagbilinan ninyo akong humanap ng̃ isang binata sa lipunan ng̃ akin mg̃a kaibigan, na may dugong mahal at may kaya na magiging karapatdapat na makaisang puso ni Antonia·

—Siyang tunay.

—Kung gayon—ang patuloy ni Amaury pagkatapos na makapagisipisip,—ang kamay ng̃ inyong pamangkin ay hinihing̃i ko para kay...

—¿Para kanino?—ang puspos ng̃ pananabik na sunggab ng̃ Doktor, samantalang tumatanaw si Amaury sa libing̃an ni Magdalena.

—Para kay Biskonde Raul Mengis—ang sagot ng̃ binata.

—Mabuti—ang pakli ng̃ Doktor.—Dahil sa kahalagahan ng̃ panukala ay kailang̃ang isaaiangalang nating agad...

At kapagkuwa'y malakas na tumawag:

—¡Antonia!

Kimi at marahang binuksan ng̃ tinawag ang pinto ng̃ tanggapan.

—Parito ka, anák ko—ang sabi ng̃ Doktor at inabot ang kamay ng̃ dalaga, samantalang si Amaury naman ay kinumpasang manatili ng̃ pagkaupo;—parito ka't umupo sa aking tabi. Ng̃ayo'y iabot mo sa akin ang kamay mo; hawak ko na ang kay Amaury.

Sumunod naman si Antonia:

Puspos nḡ pagmamahal na pinagmasdan nḡ Doktor ang dalawa na kapwa walang kibo at naghihintay sa ipahahayag nḡ matanda, at pagkatapos na sila'y hagkan nḡ tigisa sa noo, ay nagwika nḡ sumusunod:

—Napagmasdan at napagkilala kong mabuti ang dalawang pusong mahabagin, at ako'y nalulugod sa mḡa nangyayari...

—Nḡuni't ¿ano po ba ang nangyayari?—ang sambot ni Antonia.

—Ang nangyayari ay ito: Na iniibig ka ni Amaury at ikaw nama'y umiibig din sa kanya...

—¡Amain ko!—ang pabulalas na sabi nḡ dalaga.

—¡Dr. Abrigny!—ang naisagot naman ni Amaury.

—Bayaan ninyong makapagsalita ang amá, ang matanda, ang taong mamámatáy na lamang—ang wikà pa nḡ Doktor sa isang tinig na kapitapitagan:—huwag ninyong abalahin, huwag ninyong hadlanḡan ang kanyang pagsasalita... Yamang tayong tatlo'y nagkakaharapharap nḡayon, gaya nḡ ating pagkakaharapharap noong isang araw na malagot ang hininḡa ni Magdalena, ay iuulat ko sa mḡa sandaling ito ang kasaysayan nḡ pagibig na iyan: Nabasa ko ang iyong mḡa liham at tanang sinulat mo, Amaury; narinig ko naman, Antonia ang mḡa ipinahayag mo... Ang lahat ay aking pinakimatyagan at pinagaralan sa gitna nḡ aking pagiisa, at sa likod nḡ isang kabuhayang maligalig na ipinagkaloob sa akin nḡ Maykapal, ay nakilala at nataho ko, hindi lamang ang mḡa sakit nḡ katawan, kundi pati ang karamdaman nḡ puso, na siyang mḡa dalamhati nḡ kaluluwa... Dahil sa pangyayaring ito, kung kaya't tahasang sinasabi at inuulit ko, na ang pagibig na iyan ay tunay at dakila... At upang hindi pagalinlanḡanan ay patutunayan ko nḡayon sa harap ninyong dalawa.

Ang dalawang nakikinig ay kapwa natutubigan sa harap nḡ ganitong pasimula ni Dr. Abrigny. Samantalang nagpatuloy ang matanda:

—Amaury, kinikilala kong ikaw ya may isang pu-

song marangal at isang kaluluwang mapagtapat. Dahil sa pagkamatay ng̃ aking anák ay naisipan mo na ikaw ay magpatiwakal, at nang ikaw'y maglakbay-bayan at maglagalag ay kasamasama mo ang pagasang ikaw ay mamámatáy sa lalong madaling panahon, palibhasa'y ganitong talaga ang nais mong mangyari. Sa unang liham mo'y nababasa ang isang malaking panghihinawa sa buhay... .Subali't untiunting nanumbalik sa iyo ang pagkaakit sa paglasap ng̃ kabuhayan, at sa ganito'y tinalikdan mo ang pagwawalang bahala sa mg̃a bagaybagay at sumaisip mo ang tungkol sa kapalaran mo sa hahraapin. Ang puso mo'y muling nabuksan sa anyaya ng̃ buhay at ang damdamin ng̃ pagibig na matagal ding nagupiling sa lalong liblib na pitak ng̃ iyong dibdib, ay dahandahang napukaw at nagbagong buhay. Ang unang panimdim na bumati sa iyong kaluluwa ay isang kaibigang matalik sapul sa pagkabata. At tinig ng̃ kaibigan mong ito ang tang̃ing nakarating sa mg̃a durung̃awan ng̃ iyong puso noong mg̃a araw na ikaw ay namumuhay ng̃ tiwalag sa mundo at kusa nang lumayo sa lahat ng̃ bagay na sa iyo'y nakalilibid; at palibhasa'y sadyang matamis at magiliw ang mg̃a pang̃ung̃usap na binibigkas ng̃ dalagang yaon na isa ng̃ang kaibigan mo sa pagkabata, ay kung kaya't untiunti ka namang napatang̃ay sa mg̃a anyaya ng̃ isang mahiwaga at panibagong pagasa... At nagbalik ka sa Paris, sa siudad na itong may siyam na buwan ding nilayuan mo't pinagtangkaan pang huwag nang pagbalikan, at sa gitna ng̃ sarisaring uri ng̃ kaligayahang nilalasap sa siudad na iyan, ay minarapat mo, sa wakas, ang ikaw ay dumulog sa akin at hing̃in pagkatapos ang kamay ni Antonia para kay Raul...

—¿Hining̃i sa inyo ang kamay ko para kay Raul?— ang puspos ng̃ pagkamanghang isinambot ni Antonia.

—Oo, para kay Raul Mengis, na alam niyang hindi mo iniibig, at ganito ang ginawa upang kung sakali'y masamantalá niya ang pagkakataon para maipagtapat na siya, si Amaury, ay umiibig sa iyo...

Nang masabi ito ni Dr. Abrigny ay tinakpan ng binata ang kanyang mukha, nguni't di napigil ang pagtakas sa mga labi, ng isang malalim na buntunghininga

—May palagay akong ako'y nakagawa ng isang ganap na pagkakilala sa iyong puso at natarok kong lubos ang iyong damdamin—ang patuloy na sabi ni Dr. Abrigny at pinagmasdan ang binata.—Dapat kang matuwa, pasalamat at magmalaki sa sarili sa pangyayaring ito, sapagka't ang damdaming naghahari ngayon sa iyong puso ay ang sa isang binatang marangal at may budhing malinis...

—¡Oh, amain ko!—ang di napigil at pabulalas na nawika ni Amaury.—Ngayon ko natantong sayang lamang pala ang kami'y hindi magtapat sa inyo, sapagka't kayo'y may isang kapangyarihang nakatatarok ng lalong lihim na damdamin ng kaluluwa...

—At tungkol naman sa iyo, Antonia—ang sabi pa ng Doktor at hinarap ang kanyang pamangkin,—ay ganito ang aking masasabi:—Si Amaury ay iniibig mo magmula nang siya'y iyong makilala...

"Wala kang dapat ipaglihim, anák ko—ang dugtong ni Dr. Abrigny nang mapansing napatungó si Antonia at tila nahiya sa gayong tahasang pagsasalita niya;—hindi mo nga dapat ipaglihim o ipagkaila ang katotohanang ito. Lubhang dakila tuwina at walang kasingpantay ang pagibig na iyan, kung kaya't wala kang matwid o dahilan na mahiya sa kanino mang makatatalos. Alam kong ikaw ay nagtiis ng di gaanong hirap dahil sa pagibig na ito. Ang panibugho ay kung ilang panahon ding naging matalik na kaibigan ng iyong panimdim. At sa gitna ng iyong mga paghihirap ay walang isa mang kaluluwang sukat kang mapaghingahan at madaingan, at sino ma'y walang nakapagsabi sa iyong: "Huwag kang manglupaypay, tibayan mo ang iyong loob, sapagka't iyang ginagawa mo ay isang bagay na dakila at lubhang kapuripuri"...

"Subali't hindi mo natatalos na may isang taong

walang kibo at lihim na nagmamasid sa iyong mg̃a kilos at nakararamdam at nagaaral sa iyong mg̃a paghihirap na tinitiis; at ang taong iyan ay dili iba't ang iyong matanda nang amain. At akong amain mo, na nakatatalastas ng̃ lahat, ay malimit na nagpipigil upang hindi mapabulalas ang kanyang mg̃a luha sa pagkababag sa iyo, at hanggang sa mamatay ang iyong kaagaw... ang iyong kapatid, ang ibig kong sabihin, ay ipinalagay mong walang kasingbigat na pagkakasala ang pagkikimkim sa puso ng̃ isang pagasa...

"Gayon man ay patuloy sa pagbabatá ng̃ di matingkalang hirap si Amaury, at sa dahilang ang kanyang pagdurusa'y ipinaghihirap din ng̃ iyong loob, ay kaya't hindi ka nagpabaya: ginawa mo ang lahat ng̃ iyong magagawa upang siya'y malibang, at sa ganito'y napatulad ka sa isang pusong mahabagin, bagama't daandaang dipa ang sa inyong dalawa ni Amaury ay nakapapagitan nang mg̃a araw na yaon... At sa wakas, sa likod ng̃ ilang panahong pagtitimpi ng̃ iyong mg̃a kahirapan at pagsasarili ng̃ iyong pagibig at pagmamahal kay Amaury, ay nagkita kayong dalawa... Sa inyong muling pagkikita ay lalong naglagablab ang pagsinta't pagmamahal na nakukuyom sa iyong dibdib, ng̃uni't lalo namang naging malaki ang paglalabang nangyari sa sariling kalooban mo.

"Isang araw, ay natanto mong iniibig ka rin ni Amaury, at upang magkaroon ka ng̃ sapat na lakas na maipakikipaglaban sa ganitong pangyayari, upang manatili kang matapat sa iyong tuntuning pagkamapagtiis at mapitagan sa alaala ng̃ yumao, ay minarapat mo pang mamatáy ang iyong pagasa, málibing ang iyong pagibig, at ang buhay at pamamahal mo'y minaging dapat na ipagkaloob sa pusong sa iyo'y unang lumapit: hinirang mong maging asawa si Felipe upang makalayo ka sa habang panahon kay Amaury; at sa ganitong ginawa mo'y ni hindi nadulutan ng̃ kaligayahan ang una at isang kapaitang walang kawang̃is ang ipinalasap mo naman sa huli, at saka ang iyong sariling kabutihan ay hindi mo

na nilingap at minarapat ngang maging alipin ng kasawian sa habong panahon...

"Subali't sa kabutihang palad—ang patuloy ng Doktor—ay buháy pa ako at nariritong nagkaroon ng pagkakataon upang makapamagitan sa kapalaran ninyong dalawa, upang sa bisa ng aking pagmamalasakit ay mailagan ang masaklap at kalagimlagim na magiging bunga, kung sakali, ng gagawin ninyong pagtataksil sa sariling kabutihan at paglunod sa hibik ng kaluluwa at damdamin ng puso, at ngayo'y walang anomang pasubaling inihahatol ko sa inyong dalawa ang ganito: "Kayo'y magibigan, kayo'y magmahalan, sapagka't kayong dalawa ang marapat mabuhay at magkasama sa habang panahon..."

Humintong sumandali ng pagsasalita si Dr. Abrigny upang makapagpahinga marahil at magtamo ng panibagong lakas na gagamitin sa pagpapatuloy ng kanyang pagsasalaysay. Tiningnan niya si Amaury, na nakaupo sa gawing kanan, at pagkatapos ay si Antonia naman na nasa dakong kaliwa. Ang dalawa'y kapwa natitigilan at hindi mapagsiya ang sa kanila'y nangyayari sa mga sandaling yaon; kapwa nakatungo at wari'y hindi makapangahas na tumingin sa matanda ang sinoman sa kanila.

Pagkatapos na makangiti ng bahagya si Dr. Abrigny, ay nagpatuloy:

—Mga anák ko—anyang ang hawig ng pangungusap ay sa isang amang tunay na nagmamahal:—Wala akong makitang matwid o dahilan upang kayo'y mamalagi sa ganitong ayos sa harap ko, na parang mga pipi at animo'y nakatukang ahas, at wari bagáng nakagawa ng isang malaking pagkakamali, at saka kumikilala, umaamin at nagsisisi sa kasalanang nagawa, at sa ganya'y nagtataglay ng isang anyo at ayos na humihingi ng kapatawaran... Hindi nga; hindi ninyo dapat pagsisihan ang kayo'y magkaroon ng damdamin ng pagibig at ang pagsisintahan ninyo ay hindi maituturing na isang pagkukulang pitagan sa banal na alaala ng aking bunsong

namamayapa na sa kabilang buhay... Sapagka't kung sadyang kailangang sabihin ang totoo, Amaury; kung talagang kailangang buksan ang dibdib ng taong ngayo'y gumaganap ng tungkuling pagkahukom, ay hindi lamang ang ikaw ay pinatatawad ko o pinawawalang kasalanan kapagkarakâ, kundi ang aking pagpapawalang sala o pagpapatawad ay may kalakip pang kasiyahang loob at pagmamapuri.

"Napagdaanan ko na ang landas ng kabuhayan ng tao at maaari kong ituring na ako'y dumating ná sa hanggahan ng aking paglalakbay,—isang paglalakbay na totoong mahaba't sagana sa kahirapan,—samantalang ang iba, at kayong dalawa ni Antonia, ay bago pa lamang nagpapasimula at untiunting nakababanaag ng mga liwayway ng buhay, di gaya ko na ang mga panghuling sinag na lamang ng araw na papalubog ang tumatanglaw sa landas ng aking kapalaran; at ang mga liwayway na natatanaw ng mga nagsisipaglakbay ngayon ay napagtamasahan kong pagmalasin at nakatanglaw na nga sa landas ng aking palad. Sa gulang n nyong dalawa ni Antonia ay hindi pinaguusapan ni dapat isipin man lamang ang kamatayan: sa gulang niñyong tinataglay ngayon ay pawang buhay at kasariwaan ang kailangang sumilid sa inyong gunamgunam, marapat na kayo'y mabuhay sa gitna ng pagibig at ng isang pagmamahalang walang kahambing sa kadalisayan...

"Dahil sa lahat ng nasabi ko na, mga anak ko, ay kung kaya't inuulit kong kayo'y walang matwid at dahilan upang magpalagay na kayo'y hindi na dapat mabuhay ng matagal sa mundong ito; hindi marapat ang kayo'y makilaban sa inyong sariling kabutihan at kapakanan, at hindi tumpak ang kayo'y sumalungat sa tuntunin ng Kalikasan, at lalunglalo ang lumabag sa ipinaguutos ng Dios... ¡Labis na ang panahong ipinagtiis natin ng di maulatang hirap! ¡Labis na ang panahong ginamit natin sa pakikibaka! ¡Labis na ang panahong ipinagbayad natin sa ating mga nagawang pagkakasala, sakaling ang ating mga pagdurusang tiniis, ay dahil nga

sa pagkakasalang nagawa... Sa inyong dalawa ay naghihintay ang isang panahong maningning at pusoos ng biyaya, palibhasa'y kakandilihin kayo ng dios ng pagsinta at pagmamahalan... Pinagpapala ko ang pagibig na iyan, sa ngalan ni Magdalena... ¡Hala, magsilapit kayo sa akin at nang kayo'y mayakap ko!...

Pagkarinig ng dalawa sa sinabing ito ng Doktor ay nagkapanabay ng pagtindig sa kanilang pagkakaupo at naniklubod sa paanan ng matanda. Kapagkaraka nama'y ipinatong ni Dr. Abrigny ang kanyang kamay sa ulo ni Antonia at ni Amaury, tumingin sa langit, na sa mga mata'y kumikislap ang malaking katuwaan, samantalang sa kanyang mga labi'y mabanayad na tumatakas ang mataos na pasasalamat sa Kataastaasang Lumikha... Ang dalawa ay paanás na naguusap ng ganito:

—¿Totoo ba, Antonia, na ako'y matagal mo nang iniibig?—ang marahang tanong ng binata.

—¡Tunay, Amaury!... Nguni t ¿ang pagibig mo ba naman kaya'y hindi isang panaginip lamang?—ang punungpuno ng pagirog na itinugon ni Antonia.

—¿Hindi mo ba nahahalata ang malaking kagalakang umaapaw ngayon sa aking puso?—ang pakli ni Amaury.

—¿At hindi mo ba naman namamalas ang mga luhang bumabalong sa aking mga mata?—ang sagot ng dalaga.

At sa pamamagitan ng mga salitang paputulputol, pisilan ng kamay at tinginang sagana sa lalong matatamis na pangako ng pagirog, ay napabulalas nang mga sandaling yaon ang pagsintang mahabang araw ding namahay sa puso ng bawa't isa.

—Ngayon, mga anák ko,—ang kapagkuwa'y sinabi ni Dr. Abrigny,—ay wala akong itatagal sa ganitong ayos at kalagayan.—Ipinagtatapat kong ako'y tuwangtuwa sa kapalaran ninyong dalawa, labis kong ikinalulugod at ipinagpapasalamat sa Maykapal ang inyong pagiisang dibdib, kaya't ako'y makapaglalakbay na sa kabilang buhay, na baon ang kapayapaan ng budhi... Hindi tayo dapat magaksaya ng panahon. Ang inyong kasal ay ga-

ganapin sa loob ng̃ buwang ito... Sapagka't ako'y hindi maaari at sadyang ayokong umalis dito sa *Villa*, ay padadalhan ko na lamang ng̃ tagubilin at bibigyang kapangyarihan si Konde Mengis upang siyang kumatawan sa akin... Amaury, sa loob ng̃ isang buwan, magbuhat ng̃ayon, o sa unang araw ng̃ Agosto, ay ipagsama mo rito ang iyong asawa, at gaya ng̃ayon ay maghapon tayong magkakatipon dito sa bahay...

Nang mg̃a sandaling yaon at samantalang ang magagandang balak ng̃ matanda'y sinasangayunan ng̃ dalawang magsinggiliw sa pamamagitan ng̃ paghalik sa kamay ng̃ kapitapitagang Doktor, halik na may kasabay na pagkalaglag ng̃ mg̃a luha ng̃ katuwaan at kasiyahang loob, ay may naulinigan silang isang ing̃ay sa labas ng̃ tanggapan, at pagkaraan ng̃ ilang sandaling mabuksan ang pinto ng̃ silid na kinaduroonan ng̃ tatlo, ay humahang̃os na pumasok ang utusang si Jorge.

—¿Sino ba iyang makagagambala ng̃ayon sa amin?—ang kapagdaka'y itinanong ni Dr. Abrigny.

—Doktor—ang mapitagang sagot ng̃ utusan,—may isa pong ginoong dumating na nakasakay sa isang *simon*, at ang sabi'y kailang̃an niyang makipagkita sa inyo upang mapagusapan daw yata ninyo ang isang mahalagang bagay na may kinalaman sa kaligayahan ng̃ inyong pamangkin... Gaano mang pagpigil na ginawa sa kanya ni Pedro at ni Jaime upang huwag munang magtuloy, ay wala ring nangyari. At ng̃ayo'y naririyan po siya...

Hindi pa natatapos ang pagbabalita ni Jose ay siya nang pagpasok ni Felipe na humihing̃al at namumula ang mukhang animo'y nasalab sa araw. Siya'y bumati at nagbigay-galang sa Doktor at kay Antonia, at nakipagkamay pagkatapos kay Amaury. Si Jose nama'y lumabas na sa tanggapan.

—¡Aba, at naririto ka pala, kaibigang Amaury!—ang napabulalas na bati ng̃ bagong dating sa dinatnan.—Labis kong ikinatutuwa ang pagkikita natin ng̃ayon, sapagka't masasabi mo kay Konde Mengis, sakaling kayo'y

magkita, kung paanong pinalilipas ni Felipe Aubray ang mğa kadunğuan at kabulastugang kanyang ginagawa...

Si Antonia at si Amaury ay nagpalitan nğ tingin. Si Felipe ay lumapit sa Doktor at nagpahayag nğ ganito sa isang tinig na buháy at buungbuo:

—Patawarin po ninyo ako Doktor Abrigny, sa pagkaparito ko nğayon sa ganitong ayos; datapwa't dahil sa mğa pangyayari ay kúng kaya't ako'y napilitang sumugod nğayon din, palibhasa'y hindi marapat ipagpaliban ang aking pakikipagkita sa inyo... Ginoo, ipinagkakapuri ko pong hinğin sa inyo ang kamay nğ inyong pamangkin, na si Bb. Antonia Balgenseuse...

—Ang maisasagot ko—ang mahinahong pakli nğ Doktor,—ay ito: Ikinalulugod at ipinagkakapuri ko rin namang ikaw ay anyayahan ko sa kasal nğ aking pamangkin, na si Antonia Balgenseuse. Siya'y makikipagisang palad kay Konde Amaury Leobilye, at ang kanilang kasál ay gaganapin sa isa sa mğa huling araw nğ buwang ito.

Si Felipe ay walang naisagot kundi isang ungol na hindi maaaring isaysay, isang tiling bunğa nğ walang kapantay na sakit nğ loob; at walang paalam, walang sabisabing umalis, nagtanan sa bahay na tulad sa isang nasisiraan nğ isip...

¡Kahabaghabag na binata!... ¡Kapuspalad na Felipe na sa tuwituwina'y nahuhuli nğ kalahating oras sa lahat nğ lakad at sa alin mang gawain!...

# PANGWAKAS

NOO'Y unang araw ng̃ Agosto.

Ang dalawang pusong pinapagisa ng̃ kapalaran sa bisa ng̃ matibay na tali ng̃ pagibig, at nagtitirá sa isang maganda't magarang palasio sa daang Maturino, ay hindi nakapapansin na mataas na ang araw at man. di'y hindi nila alumana ang matuling pagtakbo ng̃ oras, dahil sa paglasap ng̃ isang kaligayahang walang kawang̃is.

—¡Hoy, Amaury!—ang kapagkuwa'y may kahalong lambing na sinabi ni Antonia sa kanyang irog.—Nararapat na tayong lumakad, sapagka't malapit nang tumugtog ang a las dose at ang ating matanda ay di sasalang kanina pa naghihintay sa atin.

—Hindi na po kayo inaantay—ang magalang na isinagot ng̃ utusang si Jose na marahang lumapit sa likuran ng̃ dalawang magsinggiliw.—Sa loob nitong mg̃a huling araw na kalilipas pa lamang, at dahil sa paglulubha ng̃ sakit ni Dr. Abrigny, ay ipinagbilin niya sa akin na huwag kong sabihin sa inyo ang kanyang kalagayan upang hindi na kayo maligalig at magdalamhati... Dinaramdam kong ipagtapat sa inyo, na siya'y lumipat na sa kabilang buhay kahapong tumutugtog ang ikaapat na oras ng̃ hapon.

Sa isang pagkakataong aywan kung sinadya ng̃ Kalikasan ay nang mg̃a sandali ring malagot ang hining̃a ni Dr. Abrigny, ginanap sa loob ng̃ simbahan ng̃ "Sta Cruz de Antin" ang pagiisang palad ni Amaury at ni Antonia.

**WAKAS NG NOBELANG "AMAURY"**

Tundo, Maynila, 15 ng̃ Enero, 1920.

UNIVERSITY OF MICHIGAN
3 9015 04958 5261